

Liahona

A photograph of a woman and a young boy painting a wooden structure. The woman is on the left, smiling, wearing a red and white striped shirt. The boy is in the center, wearing a light green polo shirt, holding a paintbrush and painting a wooden post. The background is a wooden structure, possibly a fence or a building, with a warm, golden light.

**Paano Magpalaki
ng Matatatag
na Anak, p. 10**

**Kailan ang Tamang Panahon
sa Pag-aasawa? p. 38**

**Ang Mabuting Pagkatao
ay Hindi Nagsusuot
ng Balatkayo, p. 48**

**Aktibidad sa Pasko ng
Pagkabuhay: Alalahanin
si Jesucristo, p. 68**



*"Hindi tayo
sumusunod
dahil tayo
ay bulag,
sumusunod
tayo dahil
tayo ay
nakakakita."*

Pangulong Boyd K. Packer,
Pangulo ng Korum ng
Labindalawang Apostol,
"Agency and Control,"
Ensign, Mayo 1983, 66.

Tingnan din sa "Ikaw ay
Malaya," sa pahina 16



MGA MENSAHE

- 4 Mensahe ng Unang Panguluhan: Pumayapa, Pumayapa Ka**
Ni Pangulong Thomas S. Monson
- 7 Mensahe sa Visiting Teaching: Pagpapaaktibo**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

- 10 Pagpapalaki ng Matatag na Anak**
Ni Lyle J. Burrup
Kailangan ng mga anak ng katatagan upang makayanan ang mga problema. Narito ang ilang paraan na matutulungan ng mga magulang ang mga anak na taglayin ang mahalagang katangiang ito.
- 16 Ikaw ay Malaya**
Ni Elder D. Todd Christofferson
Ang pagpipilian natin sa buhay na ito ay kung kaninong awtoridad tayo susunod: sa Diyos o kay Satanas.

- 20 Pamumuhay ng mga Alituntunin ng Pag-asa sa Sarili**
Nina Larry Hiller at Kathryn H. Olson
Ang pag-asa sa sarili ay hindi lamang napakahalaga sa panahon ng kaguluhan kundi sa panahon din ng kapayapaan.

- 22 Ang Kapangyarihan ng Salita ng Diyos**
Ni Elder Michael John U. Teh
Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw ay tutulong sa atin na magkaroon ng espirituwal na lakas at mailantad ang mga panlilinlang ng diyablo.


- 26 Ang mga Pagpapala ng Ikapu**
Limang miyembro ang nagbahagi ng patotoong natamo nila sa pagbabayad ng ikapu.

SA PABALAT
Harap: Paglalarawan ni Cody Bell. Likod: Paglalarawan ni Craig Dimond. Likod ng harapang pabalat: Retrato ng Heceta Head Lighthouse sa Oregon, USA, na kuha ni Royce Bair © Getty Images.

- 30 Paglikha ng mga Tradisyon sa Pasko ng Pagkabuhay na Nakasentro kay Cristo**
Ni Diane L. Mangum
Ang Pagbabayad-sala ang pinakasentro ng Pasko ng Pagkabuhay; ang mabubuting tradisyon ay tutulong sa atin na magtuon sa ka-loob na ito mula sa Tagapagligtas.

MGA BAHAGI

- 8 Notebook ng Kumperensya ng Oktubre**
- 33 Pagtuturo ng Para sa Lakas ng mga Kabataan: Ang Kahalagahan ng Pamilya**
- 34 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**
- 74 Mga Balita sa Simbahan**
- 80 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Pagsagip na Naganap sa Lupang may Nakabaon na mga Bomba**
Ni Russell Westergard



38 Ang Tamang Panahon sa Pag-aasawa

Ni Alissa Strong

Kapag ang pagpapakasal ay sa tamang tao at tamang lugar, ito na ang tamang panahon.



Tingnan
kung makikita
ninyo ang
nakatagong
Liahona sa
isyung ito.
Hint: Huwag
ilayag ang
bangka.



42 Tuwirang Sagot

44 Ano ang Mangyayari Kapag Namatay na Tayo?

May tanong ba kayo tungkol sa daigdig ng mga espiritu o pagkabuhay na mag-uli? Narito ang ilang sagot.

48 Huwag Magsuot ng Balatkayo

Ni Elder Quentin L. Cook

Ang mabubuting tao ay hindi kailangang magbalatkayo para itago ang kanilang pagkatao.

51 Nagtiwala sa Akin ang Kapatid Ko

Ni David Dickson

Kung pinagtawanan ako ni Dan, baka hindi na ako nagtangkang kumanta pa, marahil sa habambuhay.

52 Para sa Lakas ng mga Kabataan: May Patotoo Ako Tungkol sa Pamilya

Ni Ann M. Dibb

54 Mga Nakatagong Panganib

Ni Joshua J. Perkey

Hindi nililimitahan ng mga kautusan ang ating kalayaan—nagbibigay ito sa atin ng napakalaking pagkakataon na lumigaya at magtagumpay.

57 Mula sa Misyon: Naantig ng Patotoo

Ni Michael Harken



58 Sa Daan: Lugar Kung Saan Inilathala ang Aklat ni Mormon

Ni Jan Pinborough

60 Ang Bagong Aklat ni Ric

Ni Laura Byrd

Ano ang maitutulong ni Ric kay Sister Bird, na nananakit ang mga kamay kapag sinisikap niyang hawakan ang mga banal na kasulatan?

62 Mga Tupa ni Megan

Ni Julina K. Mills

Nakahanap ng magandang paraan si Megan para maalagaan ang kanyang mga tupa at magkaroon ng kaibigan.

64 Natatanging Saksi: Bakit napakahalaga ni Jesucristo sa atin?

Ni Elder Dallin H. Oaks

65 Dahil Siya ay Buhay

Nina Marivic Pasigay at Marissa Widdison

Nagkaroon ng pagkakataon si Watoy na ibahagi ang kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo sa kanyang guro sa paaralan.

66 Dalhin sa Tahanan ang Turo sa Primary: Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas

68 Paggunita sa Pasko ng Pagkabuhay

Count down sa Pasko ng Pagkabuhay gamit ang puzzle na ito.

70 Para sa Maliliit na Bata

81 Larawan ng Propeta: John Taylor

MARSO 2013 TOMO 16 BLG. 3
LIAHONA 10783 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packard, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster, Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner
Direktor ng Family and Member Support: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

Assistant ng Publikasyon: Melissa Zenteno

Writing and Editing Team: Susan Barrett, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Mindy Raye Friedman, Garry H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus, Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Julia Woodbury

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Design Team: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Howard G. Brown, Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Kathleen Howard, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Ty Pilcher, Gayle Tate Rafferty
Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick
Direktor sa Pamamahagi: Evan Larsen

Pagsasalim: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

March 2013 Vol. 16 No. 3. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send address changes to Salt Lake Distribution Center, Church Magazines, PO Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang ilang halimbawa.



PAGLALARAWAN NI CODY BELL © R

"Ang Kapangyarihan ng Salita ng Diyos," pahina 22: Isiping basahin sa inyong pamilya "Ang Kasagraduhan ng Salita," isang bahagi sa artikulo, at talakayin kung paano magiging gabay na bakal sa atin ang mga banal na kasulatan.

Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na magbahagi ng karanasan kung saan nadama nila ang kapangyarihan ng mga banal na kasulatan. O, para sa maliliit na bata, magbahagi ng magandang kuwento mula sa banal na kasulatan. Isiping ibahagi ang hamon ni Elder Teh na pag-aralan ang mga banal na kasulatan araw-araw.

"Ano ang Mangyayari Kapag Namatay na Tayo?" pahina 44: Isiping talakayin ang mga tanong na nakalilit sa artikulo at ang mga pagpapalagay dulo ng kaalamang

hindi sa kamatayan natatapos ang ating buhay. Maaari ninyong itanong kung paano nagagawang mahalaga ng kaalamang ito ang desisyong ginagawa ng bawat isa sa atin. Magtapos sa pagpapatotoo ninyo tungkol sa plano ng kaligtasan.

"Mga Tupa ni Megan," pahina 62: Basahin ang kuwento tungkol kay Megan at sa kanyang mga tupa at talakayin kung bakit masaya si Megan sa katapusan ng kuwento. Maaari din ninyong basahin ang Mosias 2:17-18 at pag-usapan ang tungkol sa mga pagpapalang natatanggap natin sa paglilingkod. Isipin ang mga paraan na mapaglilingkuran ng pamilya ang isa't isa at ang iba pa. Maaari ninyong tapusin ang lesson sa pagkanta ng awit tungkol sa paglilingkod, tulad ng, "Happy Helper" (*Children's Songbook*, 197).

SA INYONG WIKA

Ang *Liahona* at iba pang mga materyal ng Simbahan ay makukuha sa maraming wika sa languages.lds.org.

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, 22, 58
Basbas, pagpapala, 26, 35
Daigdig ng mga espiritu, 44
Gawaing misyonero, 34, 57
Ikapu, 26, 35, 37
Inspirasyon, 36
Integridad, 48
Jesucristo, 16, 64, 65, 66, 68, 70, 73
Kabaitan, 60
Kagalakan, 8
Kalayaan, 16

Kamatayan, 44
Kapayapaan, 4
Kasal, pag-aasawa, 38
Katatagan, 10
Media, 48
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 22
Pag-asa sa sarili, 20
Pagbabayad-sala, 16, 30
Pagiging magulang, 10
Pagkabuhay na Mag-uli, 30, 44
Pagkakaibigan, 62
Paglilingkod, 36, 62

Pagpapaaktibo, 7, 80
Pagsunod, 16, 36, 54
Pagtuturo, 33
Pamilya, 9, 10, 33, 34, 38, 51, 52
Pangkalahatang umperensya, 8
Pasko ng Pagkabuhay, 30, 68, 70, 73
Patotoo, 65
Pornograpiya, 48
Talento, 51
Taylor, John, 81



Ni Pangulong
Thomas S. Monson

Pumayapa, PUMAYAPA KA

|sang araw ilang taon na ang nakararaan, matapos asikasuhin ang mahahalagang bagay sa opisina, nakadama ako ng malakas na impresyon na dalawin ang isang matandang balo na pasyente sa senior care center sa Salt Lake City. Dumiretso ako roon.

Nang puntahan ko ang kanyang silid, walang tao roon. Tinanong ko ang attendant kung nasaan siya at sinabi nito na nasa lounge area. Doon ko natagpuan ang mabait na balong ito na nakikipag-usap sa kanyang kapatid at isa pang kaibigan. Masaya kaming nag-usap-usap.

Habang nag-uusap kami, pumasok ang isang lalaki sa silid para bumili ng soda mula sa vending machine. Sumulyap siya sa akin at sinabing, “Aba, kayo po ba ‘yan, Tom Monson.”

“Oo,” ang sagot ko. “At parang kamag-anak mo ang mga Hemingway.”

Nagpakilala siya na siya si Stephen Hemingway, na anak ni Alfred Eugene Hemingway na naging counselor ko noong bishop ako maraming taon na ang nakararaan at ang tawag ko sa kanya ay Gene. Sinabi ni Stephen sa akin na naroon din ang kanyang ama at naghihingalo na. Tinatawag ni Gene ang pangalan ko, at gusto akong makontak ng pamilya pero wala silang numero ng telepono ko.

Kaagad akong nagpaalam at sumama kay Stephen paakyat sa silid ng dating kong counselor, kung saan naroon din ang iba

pa niyang mga anak, ang kanyang asawa ay matagal nang patay. Itinuring ng pamilya ang pagkikita namin ni Stephen sa lounge area na sagot ng ating Ama sa Langit sa matinding hangarin nilang makita ko ang kanilang ama bago ito pumanaw. Ganito rin ang nadama ko, dahil kung hindi pumasok si Stephen sa silid na kinaroroonan ko sa sandaling iyon, hindi ko malalaman na naroon din si Gene.

Binasbasan namin siya. Namayani ang kapayapaan. Masaya ang pag-uusap namin, at pagkatapos ay umalis na ako.

Kinaumagahan isang tawag sa telepono ang nagsabing pumanaw na si Gene Hemingway—mga 20 minuto matapos namin siyang basbasan ng kanyang anak.

Taimtim akong nanalangin at nagpasalamat sa Ama sa Langit sa Kanyang patnubay, na naghikayat sa akin na dumalaw sa care center at mapuntahan ang mahal kong kaibigan na si Alfred Eugene Hemingway.

Gusto kong isipin na ang naiisip ni Gene Hemingway nang gabing iyon—nang madama namin ang Espiritu, manalangin nang may pag-papakumbaba, at bigkasin ang pagbabasbas—ay ang mga salitang binanggit sa himnong “Guro, Bagyo’y Nagngangalit”:

*Nawa Kayo’y manatili!
H’wag nang lumisan pa,
Maligayang sa pampang sasapit
Doo’y magpapahinga.*



Gusto ko talaga ang himnong iyan at nagpapatotoo sa kapanatagang idinudulot nito:

*Kahit unos ng karagatan
O d'yablo o tao o anupaman,
'Di lulubog ang barkong may lulan
Sa Panginoon ng sanlibutan.
Lahat sa Inyo ay susunod:
Pumayapa; pumayapa.¹*

Bagama't may mga pagluha at pagsubok, takot at lungkot, pighati at lumbay sa pagpaw ng mga mahal sa buhay, may katiyakan na ang buhay ay walang katapusan. Ang ating Panginoon at Tagapagligtas ay buhay na patotoo na ang buhay ay walang katapusan.² Ang Kanyang mga salita sa banal na kasulatan ay sapat na: “Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios” (Mga Awit 46:10). Nagpapatotoo ako sa katotohanang ito. ■

MGA TALA

1. “Guro, Bagyo’y Naggangalit,” *Mga Himno*, blg. 60.
2. Tingnan sa Richard L. Evans, “So Let Us Live to Live Forever,” *New Era*, Hulyo 1971, 18.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Ang mensaheng ito ay makapagbibigay ng kapanatagan sa mga taong nawalan ng mahal sa buhay o dumaranas ng pagsubok. Bukod sa mensahe ni Pangulong Monson, isiping ibahagi ang isa sa sumusunod na mga banal na kasulatan, batay sa pangangailangan ng inyong tinuturuan: Job 19:25–26; I Mga Taga Corinto 15:19–22; Mosias 24:13–15; Doktrina at mga Tipan 122:7–9. Kung nabigyang-inspirasyon, maaari kayong magpatotoo tungkol sa kapayapaang ipinagkaloob ng Tagapagligtas sa inyo noong kayo ay dumaranas ng mga pagsubok.

Nawa’y Paghilumin Ninyo ang Aking Puso

Ni Kelsey LeDoux

Sa anibersaryo ng pagkamatay ng aking kapatid, pinagnilayan ko ang aking buhay mula noong pumanaw siya. Naalala ko hindi lamang ang sobrang sakit na nadama ko kundi pati na rin ang mga pagpapala ng Diyos sa akin.

Hindi ko nauunawaan noon kung paano nasasabi ng mga tao na ang pagpanaw ng mahal sa buhay ay

nagdudulot ng mga pagpapala. Hindi ko maunawaan kung paano ako magagalak at magpapasalamat sa isang bagay na labis na nakasakit sa akin. Gayunpaman, isang gabi noon ang lubos na nagpabago sa aking pananaw.


Nagising ako sa kalaliman ng gabi na labis na nabibigatan ang puso. Naninikip ang dibdib ko sa sobrang sakit at lungkot. Lumuhod ako at taimtim na nanalangin sa aking Ama sa Langit. Sa buong buhay ko itinuro

sa akin ang tungkol sa Pagbabayad-sala at mahimalang kapangyarihang magpagaling ni Jesucristo. Ngayon ay sinusubok ang aking pananampalataya. Talaga bang nananalig ako? Hiniling ko sa Ama sa Langit na paghilumin ang aking puso. Hindi ko kayang tiisin ang sakit nang mag-isa.

Pagkatapos niyon napuspos ng kapayapaan, kapanatagan, at pagmamahal ang buong katawan ko. Parang niyapos ako ng mga bisig ng Diyos at pinrotektahan ako sa sobrang sakit na nadama ko. Nangungulila pa rin ako sa kapatid ko, pero mas nauunawaan ko na ngayon ang nangyari. Marami akong matututuhan sa karanasang ito.

Alam ko na madarama natin ang pagmamahal at kapayapaan ng Panginoon. Kailangan lang nating makibahagi.

Si Kelsey LeDoux ay nakatira sa Minnesota, USA.



Piliing Tumahimik

Sinasabi ni Pangulong Monson na kapag tahimik tayo at mapitagan, makadarama tayo ng kapayapaan at mas lalakas ang patotoo tungkol sa ating Ama sa Langit. At mas mabibigyang-inspirasyon tayo ng Espiritu Santo kung paano tulungan ang ating kapwa.

Sino sa mga bata sa ibaba ang tahimik?



Isulat o talakayin sa inyong mga magulang ang isang paraan na maaari kayong maging tahimik. Pagkatapos sikaping gawin ito sa linggong ito. Pagkatapos na magawa ito, maaari mong isulat sa iyong journal ang damdamin at pahiwatig na nadama mo.

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at, kung angkop, talakayin ito sa kababaihan dinadalaw ninyo. Gamitin ang mga tanong upang tulungan kayong patatagin ang inyong mga kapatid at gawing aktibong bahagi ng inyong buhay ang Relief Society. Para sa iba pang impormasyon, pumunta sa reliefsociety.lds.org.




Pagpapaaktibo

Hinihikayat tayo ng ating propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na “tumulong [na] iligtas ang mga nangangailangan ng ating tulong at iahon sila sa mas mataas na lugar at mas mainam na daan. . . . Gawain ito ng Panginoon, at kapag nasa paglilingkod tayo ng Panginoon, . . . may karapatan tayo sa tulong Niya.”¹

Maraming taon na ang nakaraan dinalaw ni LaVene Call at ng kanyang kompanyon sa visiting teaching ang isang di-gaanong aktibong miyembro. Kumatok sila sa pinto at nakita ang bata pang ina na nakasuot ng bata [bathrobe]. Tila may sakit siya, ngunit nalaman nila kalaunan na alak ang problema niya. Naupo at kinausap ng mga visiting teacher ang nahihirapang ina.

Pagkaalis nila, sinabi nila, “Siya ay anak ng Diyos. Responsibilidad nating tulungan siya.” Kaya’t madalas nila siyang dinalaw. Sa bawat pagdawalaw, may nakikita at nadarama silang mabuting pagbabago. Hiniling nila sa miyembrong ito na dumalo sa Relief Society. Bagama’t nag-aalangan, dinagtagal palagi na siyang dumadalo. Matapos ang panghihikayat, nagsimba na ang mag-asawa at kanilang anak.



Nadama ng lalaki ang Espiritu Santo. Sinabi niya, “Gagawin ko ang sinasabi sa akin ng bishop.” Aktibo na sila ngayon sa Simbahan at nabuklod na sa templo.²

Mula sa mga Banal na Kasulatan

3 Nephi 18:32; Doktrina at mga Tipan 84:106; 138:56

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Ang Sagradong Tawag na Maglilingkod,” *Liahona*, Mayo 2005, 55, 56.
2. Liham sa Relief Society general presidency mula sa anak na babae ni LaVene Call.
3. Brigham Young, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* (2011), 125.
4. Eliza R. Snow, sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian*, 99–100.

Pananampalataya, Pamilya, Kapanatagan

Mula sa Ating Kasaysayan

Ang pagtulong sa mga nalilihis ng landas para makabalik sa ebanghelyo ni Jesucristo ay bahagi na noon pa man ng pagiging Banal sa mga Huling Araw at miyembro ng Relief Society. Sinabi ni Pangulong Brigham Young (1801–77), “Magdamayan tayo sa isa’t isa, . . . at gabayan ng mga nakauunawa ang mga mangmang hanggang sa makita nila mismo ang tamang landas.”³

Pinasalamatan ni Eliza R. Snow, pangalawang Relief Society general president, ang pagsisikap ng mga miyembrong babae sa Ogden, Utah, USA, na palakasin ang isa’t isa. “Alam ko na talagang napakaraming donasyon [mga paglilingkod] na hindi naisulat sa mga aklat ng [talaan],” sabi niya. Ngunit dahil natatantong may talaan sa langit na nagtatala ng mga ginagawa ng kababaihan sa pagtulong sa mga pusong nanlalamig na sa ebanghelyo, sabi niya: “Sinabi ni Pangulong Joseph Smith na ang samahang ito ay itinatag upang magligtas ng mga kaluluwa. . . . May isa pang aklat na iniingat at ito ay naglalaman ng inyong pananampalataya, kabaitan, mabubuting gawa, at mga salita. . . . Walang paglilingkod na nalilimutan.”⁴

Ano ang Magagawa Ko?

1. May kumpiyansa ba ako na anyayahang sumama sa akin ang di-gaanong aktibong miyembro na dumalo sa pulong ng Relief Society?

2. Ang kababaihan ba na dinadalaw ko ay hindi nag-aalangang magtanong sa akin tungkol sa ebanghelyo?

NOTEBOOK NG KUMPERENSYA NG OKTUBRE

“Kung ano ang sinabi ko, ang Panginoon, ay sinabi ko; . . . maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa” (D at T 1:38).

Habang nirerepaso ninyo ang pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2012, magagamit ninyo ang mga pahinang ito (at ang mga Notebook ng Kumperensya sa susunod na mga isyu) para matulungan kayong pag-aralan at ipamahay ang mga itinuro kamakailan ng mga buhay na propeta at apostol at ng iba pang mga pinuno ng Simbahan.

MGA KUWENTO MULA SA KUMPERENSYA

Namnamin ang Sandali

Kami ng asawa kong si Harriet ay mahilig magbisikleta. Napakasayang mamasyal at masdan ang kagandahan ng kalikasan. May mga gusto kaming dinaraan sakay ng bisikleta, pero hindi namin gaanong pinapansin kung gaano na kami kalayo o kabilis kumpara sa ibang nagbibisikleta.

Pero, kung minsan, iniisip ko na dapat ay mas galingan namin ang pagbibisikleta. Sa palagay ko mas bibilis ang takbo namin at mas malayo ang mararating kung magpupursigi pa kami nang kaunti. At kung minsan hindi ko mapigilang banggitin ang mungkahing ito sa aking butihing maybahay.

Ang karaniwang reaksiyon niya sa mungkahi ko ay laging magiliw, malinaw, at diretsahan. Nakangiti niyang sasabihin, “Dieter, hindi tayo nakikipag-unahan; naglalakbay tayo. Namnamin natin ang sandali.”

Tama nga siya!

Kung minsan sa buhay, masyado tayong nakatuon sa finish line kaya hindi tayo nasisiyahan sa paglalakbay. Hindi ako nagbibisikleta kasama ng aking asawa dahil sa gusto kong

makarating sa gusto kong puntahan. Nagbibisikleta ako dahil masaya ako na makasama siya.

Hindi ba’t kahangalan na dimaranasan ang tuwa at saya ng isang pangyayari dahil ang lagi nating inaabangan ay kung kailan ito matatapos?

Pinapakinggan ba natin ang magandang musika na ang hinihintay marinig ay ang huling nota bago natin hayaan ang sariling masiyahan dito? Hindi. Nakikinig tayo at nakakaugnay sa iba’t ibang himig, ritmo, at magandang tunog sa buong komposisyon.

Nagdarasal ba tayo na ang iniisip lang ay ang salitang “amen” sa dulo? Siyempre hindi. Nagdarasal tayo upang maging malapit sa ating Ama sa Langit, matanggap ang Kanyang Espiritu at madama ang Kanyang pagmamahal.

Hindi natin dapat hintayin ang bukas para maging masaya, at matuklasang maaari palang maging maligaya—sa lahat ng sandali! Hindi rin dapat isipin ang nakaraan para lamang mapahalagahan ang buhay. “Ito ang araw na ginawa

ng Panginoon . . .,” ang isinulat ng Mang-aawit. “[Mangagalak] at ating katutuwaan.” [Mga Awit 118:24.]

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Mga Panghihinalayang at Pagpapasiya,” Liahona, Nob. 2012, 23–24.

Mga Tanong na Pagninilayan

- Paano kayo makadarama ng kagalakan sa paglalakbay sa inyong buhay?
- Paano kayo magdudulot ng kagalakan sa buhay ng mga taong nakapaligid sa inyo?
- Ano ang kaugnayan ng pasasalamat at kagalakan?

Isiping isulat ang inyong mga ideya sa inyong journal o talakayin ang mga ito sa iba.

Karagdagang mga sanggunian sa paksang ito: *Tapat sa Pananampalataya* (2006), “Pagbabayad-sala ni Jesucristo,” 111–18; “Gratitude,” “Happiness,” at “Repentance” sa Gospel Topics sa LDS.org; Richard G. Scott, “Finding Joy in Life,” *Ensign*, Mayo 1996, 24–26.

Para mabasa, mapanood, o mapakinggan ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, bisitahin ang [conference.lds.org](http://lds.org)

Paghahalintulad: Kasal at Pamilya



Ang ilan sa pinakamahahalagang paksa ay hindi tinalakay ng isang tagapagsalita lamang sa pangkalahatang kumperensya. Narito ang sinabi ng apat na tagapagsalita tungkol sa kasal at pamilya. Subukang maghanap ng iba pang mga paghahalintulad kapag pinag-aralan ninyo ang mga mensahe sa kumperensya.

- “Ang pagsasama ng isang lalaki at isang babae na legal na ikinasal ayon sa batas ay hindi lamang paghahanda sa darating na mga henerasyon para manahin ang lupa, kundi nagdudulot din ito ng napakalaking kagalakan at kasiyahang matatagpuan sa buhay na ito.”¹—Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol
- “Kailangan ng mga bata ang emosyonal at personal na lakas na nagmumula sa pagpapalaki ng dalawang magulang na nagkakaisa sa kanilang pagsasama at mga mithiin.”²—Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol

- “Ang pagtuturo ng kabaitan at paggalang ay nagsisimula sa ating tahanan. Hindi nakapagtataka na ang pagsama ng ugali ng tao ay dulot ng pagkakawatak-watak ng pamilya.”³—Elder Quentin L. Cook ng Korum ng Labindalawang Apostol
- “Marami pa tayong gagawin upang mapatatag ang samahan ng mag-asawa sa mga lipunang nagbabale-wala sa kahalagahan at layunin nito.”⁴—Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol

MGA TALA

1. L. Tom Perry, “Pagiging Butihing mga Magulang,” *Liahona*, Nob. 2012, 27.
2. Dallin H. Oaks, “Protektahan ang mga Bata,” *Liahona*, Nob. 2012, 45.
3. Quentin L. Cook, “Nadarama Ba Ninyo ang Gayon Ngayon?” *Liahona*, Nob. 2012, 7.
4. D. Todd Christofferson “Mga Kapatid, May Gawain Tayong Isasagawa” *Liahona*, Nob. 2012, 49.

ANO ANG IBIG SABIHIN NG MAGING KRISTIYANO?

1. “Ang isang Kristiyano ay may pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. . . .
2. “Ang isang Kristiyano ay naniniwala na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos . . . maari tayong magsisi, magpatawad sa iba, sumunod sa mga utos, at magmana ng buhay na walang hanggan.
3. “Ang katagang *Kristiyano* ay nangangahulugan na tinataglay natin ang pangalan ni Cristo. Ginagawa natin ito sa pagpapabinyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo.
4. “Alam ng isang Kristiyano na . . . palaging pinatotohanan ng mga propeta ng Diyos si Jesucristo.”

Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagiging Mas Kristiyanong Kristiyano,” *Liahona*, Nob. 2012, 90.

Pangako ng Propeta

“Papahirin ng Tagapagligtas ang ating mga luha ng kalungkutan at aalisin ang bigat ng ating mga kasalanan. Dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala malilimutan natin ang nakaraan at susulong nang may malinis na mga kamay, at dalisay na puso, at determinasyong gawin ang mas mabuti at higit sa lahat maging mas mabuti.”

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, “Mga Panghihinayang at Pagpapasiya,” *Liahona*, Nob. 2012, 24.

PAGPAPALAKI NG Matatatag na Anak



Ang kahusayan ng mga anak sa pagtugon sa mga paghihirap at pagsubok ay nakabatay nang malaki sa kung gaano sila kainam na natulungan ng kanilang mga magulang na magkaroon ng mga ugali at kakayahan na nagpapakita ng katatagan.

Ni Lyle J. Burrup
LDS Family Services

Ang buhay ay puno ng mga pagsubok. Sinabi ng Panginoon na pinili Niya tayo “sa hurno ng kadalambahatian” (Isaias 48:10), na tayo ay “[susbukan], maging gaya ni Abraham” (D at T 101:4), at ang paghihirap ay “magbibigay sa [atin] ng karanasan, at para sa [ating] ikabubuti” (D at T 122:7). Tila talagang nakakatakot ito. Maaaring isipin natin, maaari ba tayong maging masaya at payapa sa gitna ng mga pagsubok? Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na maaari tayong maging masaya at payapa (tingnan sa II Mga Taga Corinto 12:10; Sa Mga Hebreo 5:7–8; D at T 127:2).

Habang pinapayuhan ang mga missionary sa missionary training center (MTC) sa Provo, Utah, napansin ko na ang pinakadahilan ng problemang emosyonal ay kakulangan ng katatagan. Kapag ang isang matalino at maraming talentong missionary na walang anumang problemang emosyonal ay nahirapan, madalas iniisip ng mga lider ng priesthood kung bakit nagkagayon. Sa maraming pagkakataon, ito ay dahil sa hindi natutuhan ng missionary kung paano harapang mabuti ang mga hamon. Matutulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maiwasan ang gayong mga problema sa pamamagitan ng pagututuro ng mga alituntuning nagpapaibayo ng katatagan.

Mga Ugaling Nagpapakita ng Katatagan

Ang orihinal na kahulugan ng salitang *katatagan* ay may kinalaman sa kakayahan ng isang bagay na manumbalik sa hugis nito o posisyon matapos mabaluktot, mabanat, o maksiksik. Ngayon karaniwan nating ginagamit ang salita para ilarawan ang ating kakayahan na buong tatag na harapin ang paghihirap.



Dalawang bagay ang alam natin tungkol sa paghihirap at katatagan: Una, may “pag-salungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11). Pangalawa, ang pagtatamo ng bagay na napakahalaga ay kadalasang nangangailangan ng malaking sakripisyo.

Habang nagiging matatag ang mga anak, nauunawaan at tinatanggap nila ang dalawang katotohanang ito. Nauunawaan nila na ang buhay ay puno ng hamon at palaging nagbabago, ngunit naniniwala sila na makakayanan nila ang mga hamon at pagbabagong iyon. Ang mga pagkakamali at kahinaan ay itinuturing nilang mga pagkakataon para matuto, at tinatanggap nila na maaaring mabigo muna bago magtagumpay.

Kapag nagiging matatag ang mga anak, naniniwala sila na maaari nilang maimpluwensyahan at makontrol ang mga mangyayari sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pagsisikap, pag-iisip, kaalaman, at kasanayan. Dahil sa ganitong pag-uugali, nagtutuo sila sa kung ano ang *maaari* nilang magawa at hindi sa mga bagay na hindi nila magagawa.

Ang isa pang tanda ng katatagan ay nakikita nila ang dakilang layunin at kahulugan ng buhay at ng mga tao. Ang pagkakaroon ng layunin ay



tutulong sa ating mga anak na huwag sumuko, sa kabila ng mga paghihirap at pamimilit na gawin ito. Kung nagiging mas matatag ang ating mga anak, magkakaroon sila ng mabubuting katangiang gagabay sa kanila: pag-ibig sa kapwa, kabaitan, integridad, katapatan, kasipagan, at pananampalataya sa Diyos. Aalamin nila ang mga nangyayari sa kanilang paligid at determinadong

Mga Aral Tungkol sa Katatagan mula sa Pagkabata

Noong bata pa ako, maraming matatanda sa buhay ko—mga magulang, kapitbahay, guro, lider sa Simbahan—ang nagturo sa aming magkakapatid ng sumusunod na mga aral. Ang limang alituntuning ito ay maaaring makatulong sa inyong mga anak:

1. *Magsikap para sa mga pribilehiyo.*

Alam ko na maaari akong maglaro kasama ang aking mga kaibigan sa darating na mga araw kung uuwi ako sa bahay sa takdang oras.

2. *Ang batas ng pag-ani.*

Kung gusto ko ng pera, kailangang maghatid ako ng mga diyaryo sa mga bahay na nakatoka sa akin at mangolekta ng bayad bawat buwan.

3. *Personal na pananagutan at responsibilidad.*

Kailangang tapusin ko ang homework ko, mga proyekto para sa science fair, at merit badge.

4. *Ang batas ng pagsasauli.*

Humihingi ako ng paumanhin sa di-mabuting inasal ko at itinatama ang pagkakamali ko. Kung minsan iminumungkahi ng mga magulang ko na tapusin ko ang iba pang gawaing-bagay, tulad ng pagbubunot ng mga damo.

5. *Matuto sa mga pagkakamali.*

Kapag hindi ko naayos nang mabuti ang kama ko, hindi nahugasang mabuti ang mga pinggan, o hindi maayos na nabunot ang mga damo, kailangang ulitin ko at itama ang mga gawaing ito.

—Lyle J. Burrup

maninindigan sa mga pinahahalagahan sa halip na lumayo at hindi magpunyagi.

Itinuturo at binibigyang-diin ng ebanghelyo ang mga pinahahalagahan at pananaw na ito.

Pinahihina ang Katatagan ng Kagustuhang Maging Perpekto

Ang isang bagay na nakahahadlang sa pagkakaroon ng katatagan ay ang maling pagkaunawa sa kautusang magpakasakdal o maging perpekto (tingnan sa Mateo 5:48). Ang maling pagkaunawang ito ang karaniwang dahilan na nakita kong nagpapahina sa katatagan ng mga bagong missionary. Gusto nilang maging perpekto sa lahat ng bagay dahil mahal nila ang Ama sa Langit at si Jesucristo at ayaw nilang biguin Sila. Ngunit hindi nila nauunawaan na ang Panginoon ay gumagawa sa pamamagitan ng mahihina, at karaniwang mga tagapaglingkod (tingnan sa D at T 1:19–23) at na ang pagsisikap na maging perpekto ay hindi nangangahulugang hindi na tayo magkakamali, sa halip nagiging sakdal o lubos tayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo kapag sinikap nating sundin Siya (tingnan sa Mateo 5:48).

Ang maling pagkaunawang ito ay maaari ding nagmula sa itinuturo ng lipunan sa ating mga kabataan: na ang kanilang kahalagahan ay batay sa kanilang talento at nagawa. Sa mga paaralan at komunidad, kung minsan sa simbahan o tahanan, nakikita ng kabataan na tina-tanggap, hinahangaan, minamahal, at pinupuri ang mga kabataang tulad nila dahil sa pagiging mahusay sa isang bagay. Dahil diyan nagsusumigang sila. Sa paggawa nila nito, natatakot silang mabigo at magkamali. Pinipili nila ang gagawin nila batay sa inaakala nilang mapagtatagumpayan nila. At ipinagpapaliban ito kapag hindi sila kumpiyansang magtatagumpay. Inaalala nila ang iisipin ng iba kung magkakamali sila. Takot sila na mapintasan. Inaalala nila na ang sukatan ng kanilang kahalagahan ay ang kanilang tagumpay. Ang pagiging perpekto nila ay hindi nakabubuti sa kanila, at pinahihina nito ang kanilang katatagan.

Halimbawa, dahil hindi makapipili ang mga missionary sa MTC ng gagawin nila o hindi gagawin bilang bahagi ng kanilang training, nagkakamali sila habang nag-aaral matuto ng bagong wika, nagtuturo ng mga konsepto ng ebanghelyo, at gumagawa ng iba pang mga gawain ng missionary. Nagagawa nila ang mga pagkakamaling ito sa harap ng mga estranghero, at kung hindi sila matatag, daramdamin nila ito at panghihinaan sila ng loob.

Pagtulong sa mga Anak na Maging Matatag

Kung gayon paano natin tutulungan ang ating mga anak na maging matatag? Ang ating Ama sa Langit ang huwaran natin. Malaki ang pagmamahal at paggalang Niya sa atin, kahit nagkakamali tayo. Ipinapaalala Niya sa atin ang ating kakayahan (tingnan sa Moises 1:39) at ating kahalagahan (tingnan sa D at T 18:10), dahil sa ating pagkatao bilang Kanyang mga anak. Binibigyan Niya tayo ng mga batas para malaman natin ang inaasahan Niya sa atin (tingnan sa D at T 107:84), tinutulutan tayong pumili (tingnan sa 2 Nephi 2:15–16), at iginagalang anuman ang piliin natin (tingnan sa D at T 130:20). Hinahayaan Niya na sa pagtuturo at tagubilin ay maitama ang mga pagkakamali (tingnan sa D at T 1:25–26) at sa pagsisisi at pagsasauli ay maitama ang kasalanan (tingnan sa D at T 1:27–28).


Narito ang ilang mungkahi kung paano natin maaaring isabuhay ang mga alituntuning ito sa ating tahanan:

- Manalangin na maunawaan ang kalakasan ng inyong mga anak at kung paano sila tutulungan sa kanilang mga kahinaan.
- Maging matiyaga at unawaing kailangan ng mga anak ang sapat na panahon para maging matatag.
- Sikaping unawain na ang mga pagkakamali at kabiguan ay mga oportunidad para matuto.

Kapag nagiging matatag ang mga anak, naniniwala sila na maaari nilang maimpluwensyahan ang mga mangyayari sa kanilang buhay sa pamamagitan ng pagsisikap, pag-iisip, kaalaman, at kasanayan. Nagtutuon sila sa kung ano ang maaari nilang magawa at hindi sa mga bagay na hindi nila magagawa.

- Hayaang magsilbing aral ang likas at makatwirang ibinunga ng kanilang pasiya.
- Igalang ang desisyon ng mga bata, kahit ang mali nilang pagpili ay humantong sa pagkawala ng mga pribilehiyo.
- Iwasang kagalitan nang labis ang mga anak sa pagsuway nila sa mga utos.
- Huwag hadlangan ang kanilang pagsisikap sa pamamagitan ng matinding pamimintas.
- Sa halip na purihin ang nagawa, hikayatin at purihin sila sa kanilang pagsisikap.
- “Purihin ang inyong mga anak kaysa itama sila. Purihin sila kahit sa pinakamaliit nilang nagawa” (President Ezra Taft Benson [1899–1994], “The Honored Place of Woman,” *Ensign*, Nob. 1981, 107).

Kapag mapanalangin nating ginawa ang mahirap na gawain ng pagkakaroon ng matatag na anak, tayo ay gagabayan at bibigyang-inspirasyon ng Panginoon upang matulungan silang magkaroon ng emosyonal at espirituwal na lakas na maharap ang mga hamon ng buhay. ■



Mga Mungkahi sa Pagpapalaki ng may Kakayahan at Matatatag na Anak

Bagama't ang pagiging magulang ay nangangailangan ng pamamaraan na akma sa bawat anak, ang ilang mga alituntunin ay tila halos angkop sa lahat. Ang sumusunod na mga alituntunin ay napatunayang epektibo.



Sa Halip na Gawin ito . . .

Magtakda ng mga patakaran at kahihinatnan na walang layunin o ayon lamang sa sariling kagustuhan.

Hayaang iwasan ng mga anak ang mga bunga ng kanilang pagpili.

Dalasan ang pagtatama.

Humatol batay sa opinyon at magpabagu-bago sa pagpapasunod sa kanila.

Purihin lamang ang kinalabasan ng ginawa.

Ipaalam sa mga anak na ang kahalagahan nila ay nakabatay sa kinalabasan ng ginawa nila.

Magsalita tungkol sa kabiguan o tagumpay na may kaugnayan sa suwerte o talento.

Sikapig lutasin ang mga problema ng mga bata sa pagbibigay sa kanila ng lahat ng sagot.

Gawing mangmang ang mga anak sa pamamagitan ng pamimintas sa kanila, sa kanilang pagsisikap, at mga nagagawa.

Ganito ang Gawin . . .

At Ito ang Resulta . . .

Talakayin ang mga patakaran at magtakda ng makatwirang kahihinatnan nito, na may kinalaman sa ikinilos, at may pagsasaalang-alang kapwa sa magulang at anak.

Alam ng mga anak kung ano ang aasahan at natututuhan na may mga bunga ang pagpili.



Hayaang maranasan ng mga anak ang likas at makatwirang ibinunga ng kanilang mga pinili.

Ang mga anak ay natututong managot at maging responsable sa kanilang mga pinili.

Dalasan ang pagpuri sa kanila. Ikatuwa ang maliliit na hakbang sa tamang direksyon.

Nalalaman ng mga anak kung ano ang gusto ng mga magulang. Lumalakas ang loob nila, nadaramang makabuluhan at mahalaga sila.

Palaging magbigay ng kasiya-siyang mga gantimpala sa mga kilos at ugaling gusto ninyong pagbutihin nila.

Natututuhan ng mga anak na hindi nila kailangang gustuhing gawin ang mahihirap na bagay; basta kailangan lang nilang gawin ang mga ito.



Purihin ang pagsisikap anuman ang kinalabasan nito.

Lumalakas ang loob ng mga bata, nagkakaroon ng tiwala sa sarili, at mas handang harapin ang mga hamon.

Sabihin sa kanila na mahalaga sila dahil sila ay mga anak ng Diyos at may banal na kakayahan.

Ang kahalagahan ng sarili ay mauugnay sa walang hanggang potensyal ng bata sa halip na maugnay sa pansamantalang tagumpay o kabiguan.

Ilarawan ang kabiguan bilang pansamantala at isang oportunidad para matuto. Ilarawan ang tagumpay bilang produkto ng pagsisikap at pagsasakripisyo.


Ang mga bata ay hindi gaanong pinanghihinaan ng loob o natatakot sa mga paghihirap o kabiguan at mas handang maging masigasig.

Tulungan ang mga anak na (1) tukuyin ang nangyari, (2) alamin ang dahilan kung bakit ganoon ang kinalabasan, at (3) tukuyin ang magagawa nila para maiwasan ang problemang ito sa susunod.

Ang mga anak ay nagkakaroon ng kakayahan, haharapin at lulutasin ang kanilang mga problema, at mauunawaang sila ang kumokontrol ng sarili nilang buhay at makakayanan ang mga hamon.

Makinig at suportahan at hikayatin ang inyong mga anak nang sa gayon muli nila kayong lapitan at magpatulong sa inyo.

Mas komportable ang inyong mga anak na sabihin sa inyo ang kanilang mga pagkakamali at problema.





Ni Elder D. Todd Christofferson

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

Ikaw ay Malaya

Ang hinihingi ng Diyos ay ang katapatang ipinakita ni Jesus.

Ang ebanghelyo, wika ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), “ay plano ng kalayaan na dumidisiplina sa pagnanasa at gumagabay sa pag-uugali.”¹ Inaakay tayo ng planong ito tungo sa ibayong kaalaman at kakayahan, ibayong biyaya at liwanag. Ito ay kalayaan na maging kung ano ang maaari at dapat ninyong kahinatnan. Ngunit upang malubos ang inyong kalayaan, kailangang handa kayong talikuran ang lahat ng inyong kasalanan (tingnan sa Alma 22:18), katigasan ng ulo, masasamang ugali, at marahil maging ang ilang mabubuting bagay na nakahahadlang sa nakikita ng Diyos na makabubuti sa inyo.

Ang Tinig ng Panginoon

Ang aking Tiya na si Adena Nell Gourley ay nagkuwento ng karanasan na nangyari maraming taon na ang nakararaan tungkol sa kanyang ama—ang lolo ko na si Helge V. Swenson, na pumanaw na—na naglalarawan sa ibig kong sabihin. Ikinuwento niya:

“Kami ng anak ko ay dumalaw sa tahanan ng mga magulang ko. Nang magtatakip-silim na itinanong ni Inay kong gusto naming pumunta sa balkonahe sa likod at tingnan kung paano tawagin ni Itay ang kanyang [limang]

tupa para umuwi dahil gabi na. Si Itay . . . ay isang stake patriarch, at . . . halimbawa ng lahat ng kabutihan at kabaitan at katapatan sa isang tao ng Diyos.

“. . . Naglakad si Itay hanggang sa gilid ng bukid at nagtawag, ‘Pumasok na kayo.’ Kaagad-agad, nang hindi pa tinatapos ang nginunguyang pagkain, lahat ng tupa ay napalingon sa kanyang kinatatayuan, at pagkatapos [ang mga tupa] ay nagsitakbuhang hanggang sa makarating sa kanya at matanggap ang paghaplos niya sa ulo ng bawat isa.

“Sinabi ng munting anak ko, ‘Ay, Lola, paano po nagawa iyon ni Lolo?’

“Sagot ni Inay, ‘Kilala ng mga tupa ang kanyang tinig, at siya ay mahal ng mga ito.’ Ngayon nakita ko na may limang tupa sa bukid, at lima ang lumingon nang siya ay tumawag, pero apat lamang ang patakibong lumapit kay Itay. Doon sa napakalayo na kitang-kita sa gilid ng parang, ay nakatayo at nakatitig kay Itay ang [isang] malaking [tupang babae]. Tinawag siya ni Itay, ‘Halika na.’ Kumilos siya na parang lalapit na pero hindi niya ito ginawa. Pagkatapos ay tinawid ni Itay ang bukid habang tinatawag ang tupa, ‘Halika na. Hindi ka nakatali.’ Ang iba pang apat na tupa ay nakasunod sa kanya.



“Pagkatapos ipinaliwanag ni Inay sa amin na ilang linggo na ang nakaraan, isang kakilala nila ang naghatid sa [babaeng tupa] at ibinigay ito kay Itay na sinasabing hindi na niya ito kailangan sa kanyang kawan. Sinabi ng lalaki na ito ay gala at pasaway at palaging inaakay ang iba pa niyang tupa palabas ng bakuran at sobrang perwisyo kaya gusto na niya itong ipamigay. Masayang tinanggap ni Itay ang tupa, at nang sumunod na ilang araw itinali niya ito sa bukid para hindi ito makalayo. Pagkatapos matiyaga niya itong tinuruan na mahalini siya at ang iba pang mga tupa. Pagkatapos, nang mas sanay na ito sa kanyang bagong tahanan, may maikling lubid na iniwan si Itay sa leeg nito ngunit hindi ito itinali sa tulos.

“Habang ipinapaliwanag ito sa amin ni Inay, halos narating na ni Itay at ng kanyang mga tupa ang [tupang gala] sa gilid ng bukid, at mahinahong muling tinawag ito, ‘Halika na. Hindi ka na nakatali. Ikaw ay malaya.’

“Napaluha ako nang makita ko [ang tupa] na lumakad at lumapit kay Itay. Pagkatapos, ipinatong niya ang kanyang mapag-arugang kamay sa ulo nito, at siya at ang lahat ng miyembro ng kanyang maliit na kawan ay bumaling at naglakad muli palapit sa amin.

“Naisip ko kung paanong ang ilan sa atin, na pawang tupa ng Diyos, ay nakatali at hindi malaya dahil sa mga kasalanan natin sa mundo. Habang nakatayo sa balkonahe sa likod, taimtim kong pinasalamatan ang aking Ama sa Langit na may matatapat na pastol at guro na matiyaga at mabait at handang turuan tayo na magmahal at sumunod at nagbibigay sa atin ng katiyakan at kalayaan sa loob ng kawan nang sa gayon, kahit malayo tayo sa tahanan, makikilala natin ang tinig ng Panginoon kapag Siya ay nagsasabing, ‘Halina kayo. Ngayon kayo ay malaya na.’”²

Nakatutuwang malaman na mapag-iibayo natin ang ating kalayaan

*Nakatutu-
wang ma-
laman na
mapag-iibayo
natin ang ating
kalayaan sa
lubusang
pagsunod.*

sa lubusang pagsunod. Sa mga salita ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulong Korum ng Labindalawang Apostol, “Hindi tayo sumusunod dahil tayo ay bulag, sumusunod tayo dahil tayo ay nakakakita.”³

Ang pagpipilian natin sa buhay na ito ay hindi kung magpapasakop tayo o hindi sa anumang kapangyarihan. Ang pagpipilian natin sa buhay na ito ay kung kaninong awtoridad tayo susunod: sa Diyos o kay Satanas. Tulad ng sinabi ni Lehi, ito ay pagpili sa kalayaan o pagkabihag (tingnan sa 2 Nephi 2:27). Isa lang ang pipiliin natin.

Ang pagsunod natin sa Diyos at sa karapatan Niyang mamuno at maghari sa atin ay nagdudulot ng iba pang pagpapala. Ang isa sa pinakamalalaking pagpapalang ito ay ang pananampalataya at pagtitiwala na nagtutulot sa atin na mabuhay nang payapa. Sinabi ng Panginoon kay Josue:

“Walang makatatayong sinomang tao sa harap mo sa lahat ng mga araw ng iyong buhay: kung paanong ako’y suma kay Moises, ay gayon ako sasa iyo: hindi kita iiwan ni pababayaan kita. . . .

“Magpalakas ka lamang at magpakatayang na mabuti, na isagawa mo ang ayon sa buong kautusan na iniutos sa iyo ni Moises na aking lingkod: huwag kang liliko sa kanan o sa kaliwa, upang ikaw ay magtamo ng mabuting kawakasan saan ka man pumaroon” (Josue 1:5, 7).

“Aking Dinaig ang Sanglibutan”

Kung “[gagawin rin natin] ang ayon sa buong kautusan,” magtitiwala rin tayo na nasa atin ang Diyos tulad ng Siya ay napasa kay Moises. Tulad ng Mang-aawit masasabi natin, “Sa Dios ay inilagak ko ang aking tiwala, hindi ako matatakot; Anong magagawa ng tao sa akin” (Mga Awit 56:11)? Hindi ba ipinangako ng Panginoon, “Sa sanglibutan

ay mayroon kayong kapighatian: nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33)?

Maraming taon na ang nakararaan nangulo ako sa isang disciplinary council ng Simbahan. Ang lalaki na nakagawa ng mga kasalanan na siyang pag-uusapan sa council ay nakaupo sa aming harapan at nagkuwento ng nangyari sa kanya. Talagang mabigat ang kanyang mga kasalanan, pero siya rin naman ay nagawan ng matinding kasamaan. Habang pinag-iisipan namin ang bagay na ito, nabagabag ang aking kaluluwa, at humingi sandali ng paumanhin para pag-isipan at ipagdasal ito nang mag-isa bago ako muling sumama sa lupon.

Nakatayo ako sa harap ng upuan sa aking opisina na sumasamo sa Panginoon na tulungan akong maunawaan kung paano nangyari ang gayong kasamaan. Hindi ko nakita pero sa halip nadama ko ang isang malalim na hukay na natatakpan. Ang isang bahagi ng takip ay bahagyang itinaas nang kaunti at sandaling-sandali lamang, at nakita ko sa hukay ang kalaliman at kalawakan ng kasamaan na namamayani sa mundong ito. Napakalalim nito at hindi ko ito kayang maunawaan. Nanghina ako. Napaupo ako sa silya na nasa likuran ko. Ang naranasan ko ay tila pumigil sa aking hininga. Tahimik akong sumamo, "Paano kami maka-aasang madaig ang gayong kasamaan? Paano kami makaliligtas sa isang bagay na napakasama at nakapanlulumo?"

Sa pagkakataong iyon naisip ko ang mga katagang ito: "Laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan" (Juan 16:33). Bihira ko lang madama ang gayong kapayapaan sa harap ng katotohanang naroon ang kasamaan. Nakadama ako ng lubos na pasasalamat sa kasidhian ng pagdurusa ng Tagapagligtas at kahit natatakot ay lalo pang pinasalamatan na nadaig Niya ang kasamaan at kasalanan. Nakadama ako ng kapanatagan para sa lalaking iyon na nasa harap namin para patawan ng disiplina, nalalaman na siya ay may Manunubos, na ang biyaya ay sapat upang malinis siya at maitama rin ang kawalang-katarungan na kanyang dinanas. Alam ko na mananaig ang kabutihan dahil kay Jesucristo, at kung wala Siya wala tayong tsansa. Nakadama ako ng kapayapaan, at napakatamis nito.

Naunawaan ito ni Joseph Smith nang sabihin niya, "Ating malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng ating makakaya; at pagkatapos nawa tayo ay makatayong hindi nati-tinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag"

(D at T 123:17). Ang pangako ng Diyos sa mga sumusunod sa Kanya ay ihahayag Niya ang Kanyang bisig at kapangyarihan sa kanila. Sinabi ng Tagapagligtas:

"Huwag matakot, maliliit na bata, sapagkat kayo ay akin, at aking nadaig ang daigdig, at kayo ay bahagi nila na ibinigay ng Ama sa akin;

"At wala sa kanila na ibinigay ng Ama sa akin ang mawawala" (D at T 50:41–42).

Ang mabuhay nang may ganitong katiyakan ay isang pagpapala na marahil ay higit kaysa maipagpapasalamat natin. Lahat tayo—di-magtatagal, sa panahong may napipintong kapahamakan o kaguluhan, kapag pinili natin ang Diyos bilang ating gabay—ay maaawit natin nang may buong pagtitiwala, "Kapayapaan ang dulot N'yaring ebanghelyo."⁴

Hindi tayo dapat umasa ng kapayapaan o kalayaan o pananampalataya o iba pang kaloob mula sa ating Diyos kung ang pagtanggap natin sa Kanyang pamumuno ay hindi lubos o napilitan lamang. Kung ang pagtanggap natin sa Kanya ay pakitang-tao lamang sa halip na tunay na kabutihan, huwag tayong umasang gagantimpalaan tayo. Ang di-lubos, nag-aalangang katapatan ay hindi maituturing na katapatan sa Kanya. Ang pagpapasakop natin ay dapat lubos, taos-puso, at buong-buo. Ang hinihingi ng Diyos ay ang katapatang ipinakita ni Jesus, na inutusang inumin ang napakapait na saro na nagpanginig maging sa Kanya, ang dakilang Manlilikha, dahil sa sobrang pait nito (tingnan sa Marcos 14:33–36; D at T 19:17–18). Gayunpaman ginawa Niya ito, "ang kalooban ng Anak ay [napa]sakop sa kalooban ng Ama" (Mosias 15:7).

Iiniwan ko sa inyo ang aking patotoo na sa pamamagitan ni Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ay maaari tayong maging kaisa ng Diyos, tulad ng idinalangin ni Jesus na maging isa tayo (tingnan sa Juan 17:20–23). Nawa ang inyong katapatan sa Kanila ay maging maningning na gabay sa inyong buhay magpakailanman. ■

Mula sa mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University noong Oktubre 19, 1999. Para sa buong teksto sa Ingles, bumisita sa speeches.byu.edu.

MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, "A Principle with Promise," *Improvement Era*, Hunyo 1965, 521.
2. Adena Nell Swenson Gourley, "I Walked a Flowered Path" (hindi inilathalang manuskrito, 1995), 199–200.
3. Boyd K. Packer, "Agency and Control," *Ensign*, Mayo 1983, 66.
4. "Kapayapaan ang Dulot N'yaring Ebanghelyo," *Mga Himno*, blg. 13.

PAMUMUHAY NG MGA
ALITUNTUNIN NG

Pag-asa sa Sarili

Nina Larry Hiller, Mga Magasin ng Simbahan
at **Kathryn H. Olson**, Welfare Services

Si Luis Quispe, ng La Paz, Bolivia, ay maaaring isa lamang ang paningin, ngunit malinaw ang pananaw niya sa kanyang mithiin na umasa sa sariling kakayahan at matustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Bagama't nahihirapan siya sa pagtatrabaho at may problema sa kalusugan, tiwala si Luis na magiging maganda ang kanyang bukas. Ginagawa niya ang lahat para tulungan ang kanyang sarili at kasabay nito pinasalamatan ang pag-asa niya sa kanyang Ama sa Langit. "Nalaman ko na walang imposible kapag tinutulungan tayo ng ating Ama," sabi niya.

Pag-asa sa Sarili: Isang Espirituwal at Temporal na Alituntunin

Sa nakalipas na walong taon, ang 46 na taong gulang na amang ito ay nagtrabaho at nag-aral para magkaroon ng degree sa agronomya. Sa loob ng maraming taong pag-aaral kinailangan ni Luis na magbiyahe ng mga 60 milya (97 km) mula sa maliit niyang bayang Achacachi para pumasok sa Universidad Mayor de San Andres. Sa kabila ng sakripisyong ito, matagumpay na natapos ni Luis ang kanyang pag-aaral at ngayon ay nakatuon sa kanyang susunod na mithiing magkaroon ng sariling bukirin.

Si Luis ay mabuting halimbawa ng pag-asa sa sarili sa mga bagay na temporal, tulad ng pagtatrabaho, gawing pangkapakanan, at pag-iimbak ng pagkain. Ngunit ang alituntunin ng pag-asa sa sarili ay mahalaga rin sa



espirituwal katulad sa temporal. Binigyang-kahulugan ni Elder Robert D. Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol ang *pag-asa sa sarili* bilang “pag-angkin ng responsibilidad sa sarili nating espirituwal at temporal na kapakanan at sa mga ipinagkatiwala ng Ama sa Langit sa ating pangangalaga.”¹

Sinabi ng Panginoon na hindi Siya kailanman nagbigay ng batas na pang-temporal lamang (tingnan sa D at T 29:34–35). Marahil ang kautusang magtrabaho ay nangangahulugang pagpapala sa espirituwal gayon din sa temporal (tingnan sa Genesis 3:17–19).

Espirituwal na Pag-asa sa Sarili

Ang mga pagpapala ng pag-asa sa sarili para sa temporal na pangangailangan ay kitang-kita sa panahon ng krisis tulad ng mga kalamidad, kawalan ng trabaho, o kagipitan sa pera. Ngunit ang espirituwal na pag-asa sa sarili ay napakahalaga rin sa gayong mga panahon. Ang mga taong may matatag na espirituwal na pundasyon ay binibiyayaan ng kapayapaan, muling katiyakan, at malaking pananampalataya kapag humihingi ng tulong sa Ama sa Langit.

Ipinapayo sa atin ng mga lider ng Simbahan na maghanda para sa mga panganib sa espirituwal. Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

“Itinuro sa atin na mag-imbak ng . . . pagkain, kasuotan, at, kung maaari, panggatong—sa *tahanan*. . . .

“Hindi ba natin nakikita na akma ang gayon ding alituntunin upang magkaroon ng inspirasyon at paghahayag, malutas ang mga problema, at magabayan? . . .

“Kung mawawala ang ating emosyonal at espirituwal na kalayaan, ang ating pag-asa sa sarili, maaari tayong manghina nang labis, baka nga higit pa, kaysa noong umaasa tayo sa iba sa mga materyal na bagay.”²

Pagbibigay at Pagtanggap

Ang pag-asa sa sarili ay hindi dapat mapagkamalan na lubos na pag-asa sa sariling kakayahan. Kung tutuusin, tayo ay umaasa pa rin sa ating Ama sa Langit sa lahat ng bagay (tingnan sa Mosias 2:21). Kailangan natin ang

patuloy Niyang paggabay, pangangalaga, at proteksyon.

Umaasa rin tayo sa isa’t isa. Yamang binigyan tayo ng magkakaibang espirituwal na kaloob, inaasahang ibabahagi natin ang ibinigay sa atin nang sa gayon ang lahat ay mapagpala (tingnan sa D at T 46:11–12). Ang susi ay matutong umasa sa sarili kung magagawa naman natin, paglingkuran ang kapwa kapag kaya natin, at tulutan ang iba na mapagpala sa paglilingkod sa atin kung tayo ang mangailangan ng tulong.

Kapag mas umaasa tayo sa ating sarili—kapwa sa temporal at espirituwal—mas mag-iibayo ang ating kakayahan na maging mabuting impluwensya. Ipinaliwanag ni Elder Hales: “Ang pinakamimithi natin ay maging katulad ng Tagapagligtas, at ang mithiing iyan ay pinag-iibayo ng ating di-makasariling paglilingkod sa iba. Ang kakayahan nating maglilingkod ay nadaragdagan o nababawasan batay sa antas ng ating pag-asa sa sarili.”³

Personal na Responsibilidad

Nakita ni Luis Quispe na ang kanyang pagsisikap at pagtitiwala sa Panginoon ay nagbunga ng mga biyayang trabaho, degree sa kolehiyo, at mas matatag na pamilya. At dahil dito, ang mga pagpapalang iyon ay nagpalakas ng kanyang pananampalataya. Sinusunod niya ang payo ni Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985): “Walang tunay na Banal sa mga Huling Araw, samantalang may kakayahan sa pisikal o emosyonal, ang kusang ipaako sa ibang tao ang responsibilidad niya sa kanyang sariling pamilya. Hangga’t makakaya niya, sa ilalim ng inspirasyon ng Panginoon at sariling paggawa, tutustusan niya ang kanyang sarili at kanyang pamilya ng mga espirituwal at temporal na pangangailangan sa buhay.”⁴ ■

MGA TALA

1. Robert D. Hales, “Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa: Pagkilos ayon sa Pananampalataya,” sa *Mga Pangunahing Tuntunin sa Pagkakawanggawa at Pag-asa sa Sarili* (2009), 2.
2. Boyd K. Packer, “Solving Emotional Problems in the Lord’s Own Way,” *Ensign*, Mayo 1978, 91–92.
3. Robert D. Hales, “Isang Pananaw ng Ebanghelyo sa Pagkakawanggawa,” 2.
4. Spencer W. Kimball, “Welfare Services: The Gospel in Action,” *Ensign*, Nob. 1977, 77–78.

Kapag mas umaasa tayo sa ating sarili—kapwa sa temporal at espirituwal—mas mag-iibayo ang ating kakayahan na maging mabuting impluwensya.





Ni Elder Michael
John U. Teh
Ng Pitumpu

ANG Kapangyarihan NG SALITA NG DIYOS

Kakaunti lang ang iba pang mga aktibidad na nagdudulot sa atin ng mas malaking kabutihan sa espirituwal kaysa araw-araw at palagiang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Noong bishop ako maraming taon na ang nakararaan, napagpasiyahan namin ng mga counselor ko na bisitahin namin ang lahat ng miyembro sa kanilang tahanan nang minsan sa isang taon. Minsan nang bumisita kami, naglakad kami sa isang inabandonang riles ng tren na nahahanayan sa magkabilang panig ng maliliit na tahanan na yari sa cardboard-box na hindi hihigit sa anim na talampakan ang luwang at anim na talampakan ang taas (mga 2 m ang luwang at 2 m ang taas). Sa maliit na espasyong ito, dito na rin ang sala, kainan, tulugan, at kusina ng pamilya.

Ang matatanda na nakatira sa lugar na iyon ay may nakasanayan nang gawin. Ang kalalakihan ay halos walang trabaho o walang permanenteng trabaho. Inuubos nila ang kanilang oras sa pag-uumpukan sa mga mesa, naninigarilyo at nag-iinuman ng alak. Nag-uumpukan din ang kababaihan, pinag-uusapan ang mga pinakakontrobersyal na balita ng araw na iyon, na may halong paninira at pagtitsismis. Ang pagsusugal

ay paborito ring libangan ng mga bata at matanda.

Ang lubos na nakabahala sa akin ay tila kuntento na ang mga tao na mamuhay sa gayong paraan. Sa huli naisip ko na marahil para sa marami sa kanila, ang kawalang-pag-asa ang nagtulak sa kanila na maniwala na ganito na talaga ang kapalaran nila. Talagang nakapanlummo ang tagpong ito.

Kalaunan nalaman ko na ang aking counselor, na isang inhinyero, ay dating nakatira sa lugar na iyon. Hindi ko naisip iyon dahil ang kanyang pamilya ay ibang-iba sa mga pamilyang nakita ko roon. Lahat ng kanyang kapatid ay nakapag-aral at maayos ang mga pamilya.

Ang tatay ng counselor ko ay simpleng tao. Nang makilala ko siya, maraming tanong ang sumagi sa isipan ko. Paano niya iniahon ang kanyang sarili? Paano niya iniahon ang kanyang pamilya sa sitwasyong iyon? Paano siya nagkaroon ng pananaw ng maaari nilang marating? Paano siya nagkaroon ng pag-asa gayong tila ang lahat ng nakapalibot sa kanya ay wala nang pag-asa?





MULING TUKLASIN ANG MGA BANAL NA KASULATAN

“Kumbinsido ako na bawat isa sa atin, sa isang punto ng ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan—at hindi lamang minsan tuklasin, kundi paulit-ulit itong tuklasin.”

Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985), *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball (2006), 78.*

Maraming taon na ang nakararaan, sa Manila Philippines Temple, dumalo ako sa isang pagtitipon ng lahat ng mission president at kanilang asawa na naglingkod noon sa Pilipinas. Isang magandang sorpresa ang bumungad sa akin nang pumasok ako sa isa sa mga silid sa templo. Nakatayo sa harapan ko ang tatay ng aking counselor—ang tahimik, mapagpakumbabang lalaking ito—ay nakasuot ng puting damit.

Sa sandaling iyon dalawang tagpo ang nakita ko. Ang unang tagpo ay isang lalaking naglalasing kasama ang kanyang mga kaibigan at sinasayang ang kanyang buhay. Ang pangalawang tagpo ay nagpapakita sa lalaki ring iyon na nakasuot ng puting damit at nangangasiwa sa mga ordenansa ng banal na templo. Ang malaking kaibhan ng napakagandang pangalawang tagpong iyon ay mananatili sa aking puso at isipan magpakailanman.

Ang Kapangyarihan ng Salita

Ano ang nagtulak sa butihing miyembrong ito na iahon ang kanyang sarili at kanyang pamilya? Ang sagot ay matatagpuan sa kapangyarihan ng salita ng Diyos.

Naniniwala ako na kakaunti lang ang iba pang mga aktibidad na nagdudulot sa atin ng mas malaking kabutihan sa espirituwal kaysa araw-araw at palagiang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Sa bahagi 26 ng Doktrina at mga Tipan—isang paghahayag ang ibinigay “upang palakasin, hikayatin, at tagubilinan”¹ si Propetang Joseph Smith at iba pa—ipinayo ng Panginoon, “Masdan, sinasabi ko sa inyo na ilaan ninyo ang inyong panahon sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan” (talata 1).

Sinasabi sa atin ng Aklat ni Mormon, “Ang pangangaral ng salita ay . . . may higit na malakas [na] bisa sa isipan ng mga tao kaysa sa espada, o ano pa mang bagay, na nangyari na sa kanila” (Alma 31:5).

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang tunay na doktrina, kapag naunawaan, ay nagpapabago ng asal at pag-uugali. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis na makapagpapabuti sa pag-uugali kaysa sa mismong pag-aaral ng pag-uugali.”²

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994): “Gumagawa ang Panginoon mula

sa loob palabas. Gumagawa ang daigdig mula sa labas paloob. Maaalis ng daigdig ang mga tao sa magulo at maruming lugar. Inaalis ni Cristo ang di-magagandang ugali ng mga tao, at inaalis naman nila ang kanilang sarili sa magulo at maruming lugar. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siya namang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, subalit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao.”³

Dahil lumaki ako sa Pilipinas, nalaman ko na noong mga unang taon ng 1900s, ang pagbabasa ng Banal na Biblia ay para lamang sa mga lider ng relihiyon. Hindi pinahihintulutan ang mga tao na magbasa ng mga banal na kasulatan o magkaroon nito.

Bilang kabaligtaran, nabubuhay tayo sa panahong maaari nating mabasa ang mga banal na kasulatan. Ngayon lamang nangyari sa kasaysayan ng mundo na nagkaroon ang mga anak ng Diyos ng pagkakataong mabasa ang mga banal na materyal na ito. Ang nakalathalang mga kopya ng mga banal na kasulatan ay mabibili na sa mga bookstore o internet. Ang mga electronic copy ay agad na makukuha sa pamamagitan ng World Wide Web at maaaring i-download sa napakaraming device. Napakadali na ngayon ang maghanda ng mga mensahe, magsulat ng mga artikulo, at magsaliksik ng impormasyon.

Ibinigay sa atin ng Diyos ang bagong teknolohiyang ito para sa matalinong layunin. Ang kaaway, gayunpaman, ay pinag-ibayo ang kanyang pagsalakay at ginagamit ang pagsulong ng teknolohiya—na nilayon ng Diyos na makatulong sa atin—upang maisakatuparan ang kanyang layunin na gawin tayong “kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:27).

Kung gayon, responsibilidad nating matutuhang gamitin ang anumang ibinigay ng ating Ama sa Langit sa paraang epektibo, naayon, at mabuti.

Ang Kasagraduhan ng Salita

Tinatanggap at pinahahalagahan nating mga Banal sa mga Huling Araw ang mga banal na kasulatan, ngunit kung minsan iba ang ipinahihiwatig ng ating kilos at pagpapahalaga sa mga ito. Ang kakulangan ng pag-unawa sa

kahalagahan ng banal na kasulatan ay malinaw na inilarawan sa panaginip ni Lehi:

“At nakakita ako ng di mabilang na lipumpon ng mga tao, marami sa kanila ay nagpatuloy sa paglalakad, upang kanilang matamo ang landas patungo sa kinatatayuan kong punungkahoy.

“At ito ay nangyari na, na nagtungo sila, at nagsimula sa landas na patungo sa punungkahoy.

“At ito ay nangyari na, na may lumitaw na abu-abo ng kadiliman; oo, maging isang napakalaking abu-abo ng kadiliman, kung kaya nga’t sila na mga nagsimula sa landas ay nangaligaw, at sila ay nagpagala-gala at nangawala” (1 Nephi 8:21–23).

Ang isiping kailangan lang nating magsimula sa landas nang hindi mahigpit na kumakapit sa gabay na bakal ay kahangalan at tiyak na hahantong sa pagkawasak. Ipinaliwanag ni Nephi ang ibig sabihin ng mahigpit na kumapit



sa gabay na bakal. “Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, *nagpapakabusog sa salita ni Cristo*, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan” (2 Nephi 31:20; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Alamin pa natin ang nangyari sa mga taong nakatanto ng kahalagahan ng gabay na bakal habang sinisikap nilang makarating sa punungkahoy.

“At sinuman ang makikinig sa salita ng Diyos, at mahigpit na kakapit dito, kailanman sila ay hindi masasawi; ni ang mga tukso o nag-aapoy na sibat ng kaaway ay makapananaig sa kanila tungo sa pagkabalag, upang akayin sila sa pagkalipol” (1 Nephi 15:24).

Mababasa natin sa aklat ni Alma:

“Ibinigay sa marami na malaman ang mga hiwaga ng Diyos; gayunpaman, sila ay pinasailalim sa isang mahigpit na pag-uutos na hindi nila ipamamahagi tanging alinsunod lamang sa bahagi ng kanyang salita na ipinagkaloob niya sa mga anak ng tao, alinsunod sa pagtalima at pagsusumikap na kanilang ibinigay sa kanya

“At kaya nga, siya na magpapatigas ng kanyang puso, siya rin ang tatanggap ng higit na maliit na bahagi ng salita; at siya na hindi magpapatigas ng kanyang puso, sa kanya ay ibibigay ang higit na malaking bahagi ng salita, hanggang sa ibigay sa kanya na malaman ang hiwaga ng Diyos, hanggang sa kanyang malamang ganap ang mga ito.

“At sila na magpapatigas ng kanilang mga puso, sa kanila ay ibibigay ang higit na maliit na bahagi ng salita hanggang sa wala na silang malaman pa hinggil sa kanyang mga hiwaga; at pagkatapos, sila ay kukuning bihag ng diyablo, at aakayin ng kanyang kagustuhan tungo sa pagkawasak” (Alma 12:9–11).

Naniniwala ako na ang pagbabale-wala sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan sa araw-araw ay isang uri ng pagpapatigas ng ating puso. Natatakot ako na kung magpapatuloy tayo sa landas na iyan, mabibigyan lang tayo ng maliit na bahagi ng salita at kalaunan ay wala na tayong malalaman pa sa mga hiwaga ng Diyos. Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan araw-araw, sa kabilang banda, ay tutulong sa atin na magkaroon ng espirituwal na lakas at kaalaman, mailantad ang mga panlilinlang ng diyablo, at matuklasan ang patibong na inilatag niya sa atin upang mabihag tayo.

Habang itinatanong ninyo sa inyong sarili ang mga sumusunod, inaanyayahan ko kayo na tulutan ang Espiritu Santo na mangusap sa inyong puso’t isipan:

- Pinag-uukulan ko ba ng oras ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw?
- Kung hindi, ano ang dahilan ko sa hindi paggawa nito?
- Ang dahilan ko ba ay katanggap-tanggap sa Panginoon?

Hinahamon ko kayo na mangakong basahin ang mga banal na kasulatan araw-araw. Huwag kayong matulog ngayong gabi nang hindi nagbabasa. Kapag nagbasa kayo, magkakaroon kayo ng malaking hangaring gawin ang kagustuhan ng Panginoon at baguhin ang inyong buhay. ■

Mula sa mensahe sa debosyonal na ibinigay sa Brigham Young University–Hawaii noong Marso 22, 2011. Para sa buong mensahe sa Ingles, magpunta sa devotional.byuh.edu/archive.

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 24, pambungad sa bahagi.
2. Boyd K. Packer, “Huwag Matakot,” *Liahona*, Mayo 2004, 79.
3. Ezra Taft Benson, “Born of God,” *Ensign*, Okt. 1985, 6.

Ang mga Pagpapala ng Ikapu

Inutusan tayo ng Panginoon na magbayad ng ikapu. At ipinangako naman Niya na “bukusan . . . ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog . . . ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan” (Malakias 3:10). Gayunpaman, ang Kanyang mga pagpapala ay dumarating sa Kanyang sariling pamamaraan at panahon at maaaring espirituwal o temporal.

Sa panahon ng kahirapan ng ekonomiya o pamilya, ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa matatapat na nagbabayad ng ikapu ay tila malayo. Ngunit tulad ng binanggit ng sumusunod na mga Banal sa mga Huling Araw, ang pagbabayad ng ikapu ay tumutulong sa mga miyembro ng Simbahan na mas makita ang tulong ng Panginoon sa kanilang buhay.

*Ang pagbabayad ng ikapu ay nagdudulot
ng mga pagpapala, lalo na sa pagtulong
sa atin na mas makita ang tulong ng
Panginoon sa ating buhay.*

Pinalalakas ng Ikapu ang Pananampalataya

Di-nagtagal matapos ang aming kasal, kaming mag-asawa ay lumipat sa malayong bayan sa silangang Bolivia kung saan kami lamang ang mga miyembro ng Simbahan. Ang asawa ko ay bagong miyembro, at gusto naming sundin ang lahat ng utos ng Panginoon.

Bawat buwan iniipon namin ang aming ikapu sa isang sobre hanggang sa maibigay namin ito sa aming bishop. Malakas ang pananalig ng aking asawa na kung susundin namin ang batas na ito, kami ay pagpapalain at poprotektahan.

Nakatira kami sa isang mainit, mahal, at hindi komportableng silid sa hotel habang naghahanap ng bahay na mauupahan. Maraming araw na walang nangyari sa aming paghahanap. Ang tanging nahanap namin ay isang bahay na maliit at maganda na ang may-ari ay nakatira sa ibang lungsod. Maraming tao ang gustong upahan ang bahay, pero hindi nila mahanap ang may-ari.

Isang umaga katatapos lang naming magdasal tungkol sa aming sitwasyon, isang binata ang kumatok sa aming pinto. Sinabi niyang bumalik ang may-ari para dumalaw sandali. Nagmamadaling umalis ang asawa ko para makausap siya habang patuloy akong nagdarasal na kami ang makaupa sa bahay. Pagbalik niya, ibinalita niya na sa amin ipauupa ng babae ang bahay sa napakamurang halaga. At natuwa pa kami dahil maayos at may mga kasangkapan na ang bahay. Noong panahong iyon, may-roon lang kaming dalawang malalaking kahon at male-tang puno ng aming mga gamit.

Ang batas ng ikapu ay walang kinalaman sa pera kundi sa pananampalataya. Hindi malaki ang kita ng aking asawa, ngunit dahil tapat kami sa pagbabayad ng ikapu, pinagpala kami ng Panginoon na makahanap ng magandang bahay at matustusan ang aming sarili.

Lourdes Soliz de Duran, Bolivia

Ang Ikapu ay Nagdudulot ng Kapayapaan

Palagi akong nagtitiwala sa Panginoon at sa Kanyang mga kautusan. Nang bumagsak ang ekonomiya, wala na akong overtime at bumaba ang aking suweldo. Inihinto ko ang pagbabayad ng ikapu at sinabi sa sarili ko na mauunawaan ito ng Panginoon. Gayunpaman, dumami ang utang ko at lumiit ang suweldo ko.

Nang nakita ang paghihirap ko, sinabihan ako ng ilang kamag-anak na higit sa lahat dapat akong magbayad ng ikapu dahil ito ang makatutulong para makayanan ko ang mga pagsubok. Ngunit palagi akong humahantong sa pagbabayad ng mga bayarin. Handa akong magbayad ng ikapu noong wala ako problemang pinansiyal, ngunit



natakot ako nang magkaproblema ako sa pera (tingnan sa Mateo 14:28–31).

Pag-uwi ko mula sa trabaho isang hapon matapos makasuweldo, naisip ko ang lahat ng utang ko. Pumiklit ako at nagdasal, “Ama, ano po ang dapat kong gawin?” Pagdilal ko, nakita ko sa kisame ng bus ang isang poster tungkol kay Pedro na lumulubog sa maunos na dagat kasama ang Tagapagligtas na sumasagip sa kanya. Naroon sa ilalim ng poster ang mga salitang “Hindi Natitinag na

PARA SA MGA MAGULANG

Sa kuwentong “Isang Barya Lamang” (*Liahona*, Ago. 2011, 70–71), natutuhan ni Daniel na ang pagbabayad ng ikapu ay mabuting desisyon—kahit ang naibigay niya ay isang barya lang. Isang aktibidad na nakalakip dito ang nagpapaliwanag ng ilang paraan sa paggamit ng ikapu. Ang pagbabasa ng artikulong ito bilang pamilya ay magandang paraan para mapag-usapan ang tungkol sa ikapu. Upang matulungan ang inyong mga anak na maalala kung paano ginagamit ng Simbahan ang ikapu, isiping gamitin ang ilang larawan sa aktibidad upang gamiting dekorasyon sa kanilang lalagyan o kahon ng ikapu.

Ang mga nakaraang edisyon ng *Liahona* ay matatagpuan online sa liahona.lds.org.

Pananampalataya.” Natanto kong kailangan kong bayaran ang aking ikapu kung gusto kong mabayaran ang mga utang ko.

Pagkauwi ko, nakakita ako ng sobre para sa ikapu at inilagay roon ang aking ikapu. Nang isara ko ang sobre, narinig ko ang mga salitang “Kay inam ng buhay” at nakadama ng kagalakan na pumayapa sa aking kaluluwa.

Alam ko na ibibigay ng Diyos ang Kanyang mga pagpapala sa aking buhay kapag sa tingin Niya ay karapat-dapat na ito. Hanggang sa araw na iyon maaaring maunos pa rin ang aking buhay, ngunit ang kapayapaang nadarama ko dahil sa aking pagsunod ay sapat-sapat na.

Ricardo Reyes Villalta, El Salvador

Ang Ikapu ay Nagpapabalik-loob

Ang isyu tungkol sa pagbabayad ng ikapu ay napag-usapan sa aming pamilya nang sumapi sa Simbahan ang aming anak. Kaming mag-asawa ay hindi miyembro noon. Kumikita na ang anak namin, pero dahil nakatira siya sa aming mag-asawa, pinagsasama-sama namin ang kita naming lahat. Hindi ko maubos-maisip kung paano namin mapagkakasya ang kita nang wala ang 10 porsiyento ng kanyang suweldo na ipinasya niyang ibayad sa ikapu, ngunit unti-unti akong nasanay sa desisyon

ng aking anak. Kapag iniuwi na niya ang kanyang suweldo, ang unang tanong ko ay, “Naitabi mo na ba ang iyong ikapu?”

Kalaunan naging interesado ako na malaman ang tungkol sa ebanghelyo, pero nagpasiya akong hindi sumapi sa Simbahan dahil kailangan kong magbayad ng ikapu. Ang dalawang pagbabayad ng ikapu ng isang pamilya ay sobra na!

Matapos ang mahigit isang taong pagsisimba, nakadama ako ng kalungkutan at pagkabalisa. Nang magnilay ako at manalangin, natanto ko na gusto kong magbayad ng ikapu. Nagulat ako sa aking hangarin, dahil noon ay hindi ko ito gusto.

Nang sumunod na Linggo, humingi ako sa branch president ng tithing slip. Nalungkot ako sa narinig ko na hangga’t hindi ako miyembro, hindi ako puwedeng magbayad ng ikapu. Ngunit, maaari akong magbigay ng donasyon. At ibinigay ko nga ang 10 porsiyento ng aking kita sa Simbahan ng Panginoon. Kaagad akong nakadama ng kapantayan, kagalakan, at kasiyahan. Sabik na ako sa araw ng aking binyag para makapagbayad na ako ng totoong ikapu.

Alam ko na ang mga pagpapalang temporal na tinatamasa ng aming pamilya ay mula sa pagbabayad ng ikapu. Ngunit ang pinakamalaking mga pagpapala ay ang walang kapantay na damdamin kapag sinusunod namin ang ating Ama sa Langit: kasiyahan sa pagsunod, pagtitiwala na hindi kami pababayaang ng ating Ama sa Langit, at pagkakaroon ng kapayapaan at kaligayahan.

Ol’ga Nikolayevna Khripko, Ukraine

Pinagpapala ng Ikapu ang mga Pamilya

Lumaki ako sa Simbahan ngunit lumayo ako noong tinedyer na ako. Nang bumalik ako sa Simbahan, sinuportahan ako ng asawa kong si Dale pero hindi siya interesado na magpaturo sa mga missionary.

Matapos maging aktibo, kinausap ako ng bishop para sa temple recommend. Itinanong niya kung ako ay tapat na nagbabayad ng ikapu, at masaya kong sinabing nagbabayad ako. Nagulat ako nang itanong ng bishop, “Alam ba ng asawa mo na nagbabayad ka ng ikapu?” Natigilan ako—bakit mahalaga iyon? Magiliw na sinabi ng bishop na bumalik ako sa kanya kapag nasabi ko na kay Dale na nagbabayad ako ng ikapu.

Isang umaga ng Linggo nagkaroon ako ng lakas ng loob na sabihin sa asawa ko na nagbabayad ako ng

ikapu. Ginulat ako ni Dale sa pagsasabing, “Alam ko.” Ito ang una sa maraming himala na dulot ng pagbabayad ng ikapu.

Di-nagtagal, ipinabahala sa akin ni Dale ang kita ng pamilya. Nang ipaliwanag ko na magbabayad ako ng buong ikapu sa lahat ng kita namin, pumayag siya dahil nakita niya ang pagpapalang dulot ng ikapu.

Ang aming paminggalan ay palaging puno, nagdarasal kaming pamilya araw-araw, pumupunta ang mga missionary minsan sa isang buwan, at sumasali ang asawa ko sa family home evening. Naniniwala ako na balang-araw magiging miyembro ng Simbahan si Dale at na ang kanyang pagbabalik-loob ay nagsimula sa desisyon naming magbayad ng buong ikapu nang magkasama.

Sandie Graham, New York, USA

Binubuksan ng Ikapu ang mga Dungawan sa Langit

Ilang taon na ang nakararaan nawalan ng trabaho ang aking asawa. Nahirapan kaming bayaran ang aming mga bayarin at bumili ng pagkain sa maliit na pensiyon na natakang ko, ngunit nakakaraos kami kahit paano.



PAGSAGOT SA MGA TANONG

Paano Ginagamit ang Ikapu?

Ang alituntunin ng ikapu—kusang pagbibigay ng ikasampung bahagi ng ating kita sa gawain ng Diyos—ay itinuro na mula pa noong panahon ng Lumang Tipan (tingnan sa Genesis 14:17–21). Ganito pinopondohan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan. Ang ikapu ay ginagamit ngayon para sa (1) pagpapatayo ng mga templo, chapel, at iba pang mga gusali ng Simbahan; (2) paglalaan ng operating funds para sa Simbahan; (3) pagpopondo sa missionary program (hindi kasama rito ang personal na gastusin ng bawat missionary); (4) paghahanda ng mga materyal na ginagamit sa mga klase at organisasyon ng Simbahan; at (5) pagsasagawa ng iba pang mahahalagang gawain, tulad ng gawain sa templo at family history.

Bagama’t pinapayagan niya akong magsimba, nalungkot ang asawa ko na nagbabayad ako ng ikapu gayong hirap na kami sa pagbabayad ng mga bayarin. Gayunpaman, nadama ko na dapat kong patuloy na sundin ang kautusang ito.

Bagama’t kaunti lang ang pera namin, may maliit kaming hardin. Nang dumating ang tagsibol, nagtanim kami ng mga karot, patatas, gisantes, kamatis, pulang sili, at herbs, at iba pang mga gulay. Namunga ang aming hardin sa buong tag-init, at umani kami nang sagana. Ang aming mga puno ng sirwelas [plum] ay halos mabali sa dami ng mga bunga. Ginugol ko ang tag-init sa paglalagay sa bote at sa freezer ng mga prutas at gulay, paggawa ng jam, paggawa ng pie, at pamimigay ng labis na inani sa mga kapitbahay.

Isang araw habang naglalakad ako sa maliit naming hardin, naalala ko ang pangako ng Diyos na Kanyang bubuksan ang mga dungawan sa langit at “ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan” (Malakias 3:10).

Naisip ko ang aking freezer na puno ng mga prutas at gulay, at natanto ko na talagang pinagpala kami ng Ama sa Langit. Ang maliit naming hardin ay nagkapaglaan ng sapat para may makain kami sa oras ng aming pangangailangan—sapat at may matitira pa. Nagpapasalamat ako na pinagpala kami ng Diyos sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan. ■

Jacqueline Kirbyson, England

PAGLIKHA NG MGA TRADISYON SA PASKO NG PAGKABUHAY NA NAKASENTRONG KAY CRISTO

Sa Pasko ng Pagkabuhay ipinagdiriwang natin ang kaloob ng ating Tagapagligtas: ang Pagbabayad-sala.

Ni Diane L. Mangum

Isang umaga ng Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay ilang taon na ang nakararaan, ang aking apat na taong gulang na anak na si Ben ay bumaba sa pasilyo ng aming meetinghouse matapos ang Primary, na masayang iwina-wagayway ang papel na kinulayan niya. Tinawag niya ako na tuwang-tuwa, “Inay, Inay, narinig na po ba ninyo ang tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli?” Gusto niyang matiyak na narinig ko ang mabuting balita. May isang bagay na sinabi ang guro ni Ben sa Primary na nakaantig sa kanyang puso kaya masaya niyang naunawaan ang Pagkabuhay na Mag-uli. Kay-inam na madama nating lahat ang gayon ding kagalakan tuwing Pasko ng Pagkabuhay!

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, pati na ang Pagkabuhay na Mag-uli, ang pinakasentro ng Pasko ng Pagkabuhay. Ang paglikha ng mga tradisyong nakasentro kay Cristo ay tutulong sa atin na magtuon sa mga kaloob na ito ng ating Tagapagligtas.

Ang Pagsamba at mga Tradisyon sa Araw ng Linggo

Nang walang anumang handaan, parada, o pagdiriwang, tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay samasamang makasasamba sa Pasko ng Pagkabuhay tulad ng ginagawa natin tuwing Linggo. Ang mga lider natin sa ward at branch ay nagpapalano ng mga tagapagsalita at kakantahin na nakatuon kay Jesucristo. Tungkol sa Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay, sinabi ni Elder L. Tom Perry ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang Panginoon ay hindi nagbigay sa atin ng partikular na kaugaliang pangrelihiyon tulad ng pista at pagdiriwang na nagpapaalala sa atin ng mga pagpapala na natanggap natin ngayon mula sa Kanya. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng tradisyon upang manatili tayong malapit sa dakilang pamana na dapat nating tamasahin ay isang bagay na dapat panatilihin buhay ng bawat pamilya” (“Family Traditions,” *Ensign*, Mayo 1990, 20).



Ang sumusunod ay iba't ibang tradisyon mula sa mga pamilya habang ipinagdiriwang nila ang Pasko ng Pagkabuhay at pinaglalapit ang mga mahal sa buhay.

Pagbabahagi ng mga Patotoo Tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo

- Sinimulan nina Janice at Kirk Nielson ang isang espesyal na “Grandparents Night” na naging tradisyon sa Pasko ng Pagkabuhay. Sinabi ni Sister Nielson, “Naniniwala ako na ang pinakaepektibong bagay na magagawa namin bilang lolo't lola ay ang magpunta sa bahay ng mga anak at makipag-usap sa aming mga apo at ipaalam sa kanila na may patotoo kami tungkol sa Tagapagligtas.”
- Nang maliliit pa ang kanilang mga anak, nagtuturo ng maikling aralin sina Hector at Sherilyn Alba bawat gabi sa loob ng isang linggo bago ang Pasko ng Pagkabuhay tungkol sa mga bagay na nangyari sa huling linggo ng buhay ng Tagapagligtas.
- May ilang pamilyang dumadalaw sa mga puntod ng kanilang mga mahal sa buhay. Ikinuwento nila sa kanilang mga anak ang tungkol sa mga kapamilya na pumanaw na at nagpapasalamat sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo.

Ang itlog ay halos naging simbolo ng Pasko ng Pagkabuhay ng lahat ng tao na sumasagisag sa paglagot ng Tagapagligtas sa mga gapos ng kamatayan sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli. Kaya nga ang pagkukulay at pagtatago ng mga itlog para sa Easter egg hunt at pagbibigay ng Easter basket ay karaniwang tradisyon sa iba't ibang dako ng mundo.

- Sa Russia, kadalasang binabati ng mga tao ang isa't isa sa Pasko ng Pagkabuhay sa pagsasabing, “Nabuhay na muli si Jesus.” Sasagot naman ang taong binati ng, “Tunay na Siya ay nabuhay na muli.” Sa Albania ganito rin ang tradisyon; pinag-uuntog nila ang pulang itlog nang sabay-sabay at sinasabing, “Si Cristo ay nabuhay na muli.”
- Pinahahalagahan ni Karen Spencer ang alaala ng kanyang lolang Danish sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay at nasisiyahan ang gawin ang pagtitina ng mga itlog sa pinakuluang balat ng sibuyas na kulay-ube tulad ng ginawa ng kanyang lola noon. Natuklasan ng kanyang pamilya na magandang panahon ito para pag-usapan ang itlog bilang simbolo ng bagong buhay at ng Pagkabuhay na Mag-uli.
- Ang ilang pamilya na may maliliit na anak ay natutuwang sa paghahanap ng Easter egg na may mensahe

na nakalakip dito. Inilalagay nila sa supot ng itlog ang isang maliit na aytem na sumasagisag sa isang bagay na may kaugnayan sa kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo at isang talata na babasahin. Pagkatapos nilalagyan nila ng numero ang mga itlog ayon sa pagkakasunud-sunod ng kuwento tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay. Kapag binabasag na ng mga bata ang mga itlog ayon sa pagkakasunud-sunod nito, natututuhan nila ang tungkol sa Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo.

Pakikinig at Pag-awit ng mga Musika Tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay

Malaki ang impluwensya ng musika sa atin sa Pasko ng Pagkabuhay.

- Sina David at Joyce Beer ay naghahanap ng mga konsiyertong may kaugnayan sa Pasko ng Pagkabuhay na tutulong sa kanila na maalala ang sakripisyo ng Tagapagligtas.
- Nasisiyahan sina Dave at Nancy Harmon sa pakikinig ng *Messiah* ni George Frideric Handel, na dama ni Sister Harmon na “talagang patungkol sa Pasko ng Pagkabuhay kaysa Kapaskuhan.”
- Isang ina ang humihikayat sa kanyang mga anak na nag-aaral ng musika na magpraktis ng isang kanta tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay sa buwang iyon.
- Ang pamilya nina Dale at Sara Okerlund ay nagtitipon sa tabi ng piano upang kumanta ng mga himno at awit ng Primary tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay.

Pagsasalusalo sa Pagkain sa Pasko ng Pagkabuhay

Ang pagkain ng pamilya ay isa pang makahulugang tradisyon tuwing Pasko ng Pagkabuhay sa iba't ibang dako ng mundo.

- Isang pamilya ang salu-salong kumakain ng ham at nag-uusap-usap kung paano naisakatuparan ni Cristo ang Batas ni Moises. Isa pang pamilya ang nagsasalusalo sa pagkain ng isda upang maalala ang kinain ni Jesus. Ang pamilya nina Eliza at Michael Pereira ay salu-salong kumakain at kasama dito ang pagkain ng karne ng tupa, at pinag-uusapan ang simbolismo sa kuwento tungkol sa Paskua.
- Pagkatapos kumain ng aming pamilya, kinukuhanan namin ng retrato ang buong pamilya at ang iba pang malalapit na kaibigan na nakasalo namin sa pagkain. Mayroon kaming espesyal na scrapbook tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay na nagsasalaysay ng mahigit 30 taon ng masasayang alaala ng pamilya.

- Isang mag-asawa na malalaki na ang mga anak ang nag-iimbiba sa matatandang kaibigan para sa espesyal na hapunan. Doon ay nagbabahagi sila ng mga alaala at pinagninilayan ang kahulugan ng Pasko ng Pagkabuhay.
- Sa ilang bansa ang Biyernes at Lunes ay walang pasok tuwing Pasko ng Pagkabuhay. Sa Tahiti, kadalasang nagpipiknik ang mga pamilya sa ibang isla. Sa Gitnang Amerika, ang ilang mga Banal sa mga Huling Araw ay ginagamit ang ekstrang oras sa pagbisita sa kanilang pamilya, pagsasalu-salo, at pagpunta sa templo.

Pagbabahagi ng mga Tradisyong Hindi Pang-relihiyon sa Ibang Araw

Ang mga pamilyang Banal sa mga Huling Araw ay nagdaraos ng mga aktibidad na hindi pang-relihiyon na may kinalaman sa Pasko ng Pagkabuhay sa ibang araw maliban sa araw ng Linggo.

- Sa Brazil tuwing Biyernes o Sabado bago ang Pasko ng Pagkabuhay, isang lola na Banal sa mga Huling Araw ang nag-iiwan ng isa o dalawang karot na may maliit na tapyas sa lugar na nakikita at nagtatago ng mga Easter egg malapit sa mga karot.
- Sa araw ng Lunes matapos ang Pasko ng Pagkabuhay, ang pamilya nina Joyce at Scott Hendricks ay nagluluto sa bakuran at nagkakaroon ng espesyal na Easter egg hunt.

Palaging Gunitain si Cristo sa Pasko ng Pagkabuhay

Ang pag-aaral ng tungkol kay Jesucristo sa family home evening, pakikinig sa musika tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay ay nagpapalakas sa espirituwalidad ng mga tao anuman ang edad nila. Ang pagdiriwang ay hindi nangangailangan ng malaking pagtitipon. Ang personal na tradisyon sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay sa isang tahanan o sa puso ay makabuluhan din.

Maaalala at maipagdiriwang din natin ang kagalakan ng Pasko ng Pagkabuhay katulad ng munting si Ben, na bumaba sa pasilyo ng meetinghouse upang ibahagi ang mabuting balita tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli. ■

Si Diane L. Mangum ay naninirahan sa Utah, USA.



ANG KAHALAGAHAN NG PAMILYA

Matindi ang pag-atake sa pamilya sa mundo ngayon. Kaya nga napakahalaga ngayon na magkaroon ng patotoo ang mga bata at kabataan tungkol sa kahalagahan ng pamilya sa plano ng Ama sa Langit (tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 14). Sa pahina 52 ng isyung ito, nagmungkahi si Ann M. Dibb, pangalawang tagapayo sa Young Women general presidency, ng mga paraan na makatutulong sa mga kabataan na magkaroon ng patotoo tungkol sa pamilya.

Halimbawa, isinulat niya, “Kapag binasa ninyo ang paghahayag [tungkol sa pamilya] pansinin ang mga doktrina, payo, babala, at ipinangakong mga pagpapala at ano ang personal na kahulugan nito sa inyo.”

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Kabataan

- Basahin “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” at ang bahagi tungkol sa pamilya na nasa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*. Pag-usapan kung paano maipamumuhay ang mga gabay na ito sa sarili ninyong pamilya. Isiping ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pamilya.
- Isiping magdaos ng family home evening tungkol sa kahalagahan ng pamilya (magandang pagkunan ang paksang “Marriage and Family” sa bagong kurikulum ng kabataan sa lds.org/youth/learn).
- Bisitahin ang youth.lds.org. Piliin ang “For the Strength of Youth” at pagkatapos “Family” para makahanap ng mga materyal na tutulong sa inyo na mas mawawala ang doktrina tungkol

sa pamilya: mga reperensya sa banal na kasulatan, video (tingnan, halimbawa ang, “Fathers and Sons”), mga Mormon Channel radio program, mga tanong at mga sagot, at mga artikulo, kabilang na ang mensahe ng mga General Authority.

Mga Mungkahi sa Pagtuturo sa mga Bata

Narito ang ilang halimbawa ng mga paraan na malinaw ninyong masusubaybayan ang pag-unlad ng inyong pamilya sa pagtatamo ng mga espirituwal na mithiin:

- Kumuha ng maliit, malinaw na garapon. Kasama ang inyong mga anak, magtakda ng mga mithiin na posibleng makamantan na magpapalakas sa inyong pamilya, tulad ng pagdaraos ng family home evening tuwing Lunes o pagbabasa ng mga banal na kasulatan bawat araw bilang pamilya. Magpagawa sa inyong mga anak ng label na may nakasulat na mithiin para idikit sa lalagyan. Sa tuwing magagawa ng inyong pamilya ang aktibidad, maglagay sa lalagyan ng isang maliit na bagay tulad ng holen o bead. Kapag puno na ang lalagyan, isiping ipagdiwang ito sa pamamagitan ng pagdaraos ng espesyal na kainan o aktibidad ng pamilya.
- Magpadrowing sa bawat anak ng isang larawan ng mga miyembro ng pamilya na gumagawa ng isang gawain na gusto ninyong gawin nila, tulad ng pagdarasal ng pamilya o pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Idisplay ang mga larawan sa lugar na



Ang pagsunod sa payo na nasa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo” ay magpapalakas at magpoprotekta sa ating pamilya.

makikita ng lahat. Simulan ang araw na nakaharap ang mga larawan. Kapag nagawa na ng inyong pamilya ang aktibidad na nakalarawan sa papel, itaob ito. Ang mga larawang nakikita o nakaharap pa ay magpapaalala sa inyong pamilya ng inyong mga mithiin at ano ang magagawa ninyo para mapalakas ang inyong pamilya sa araw na iyon. Iharap muli ang mga larawan sa simula ng bawat araw.

Tulungan din ang inyong mga anak na makita ang mga pagpapala na dumarating sa inyong pamilya sa paggawa ng mga aktibidad na ito. Ang pagtulong sa mga anak na mahiwatigan ang mabuting damdamin na dulot ng pamamalagi ng Espiritu sa inyong tahanan ay nagpapaibayo ng kanilang hangarin na sundin ang mga huwaran ng mabubuting pag-uugali na nagpapalakas sa mga pamilya. ■

ANONG SIMBAHAN ITO?

Ilang taon na ang nakararaan kinailangan kong mapainspeksyon ang aking sasakyan para maging maayos ito at ligtas gamitin at makaayon sa mga pamantayan. Dumating ako isang hapon sa garahe at nakitang nakapila na roon ang walo o siyam na sasakyan.

Ito ay maaliwalas na araw ng tag-sibol, kaya nagpasiya akong buksan ang mga bintana, patayin ang makina ng sasakyan, at kunin ang kopya ko ng “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” na nakalagay sa sasakyan ko kasama ng iba pang materyal ng Simbahan. Pinayuhan ng aming stake president ang mga miyembro ng stake na isaulo ang pahayag. Ang libreng oras na ito ay naging magandang oportunidad para magawa ko ito. Sa wakas, ang sasakyan ko na ang iinspeksyunin.

Isa sa kalalakihan na nagsagawa ng inspeksyon ang nagsabing imamaneho niya ang aking sasakyan

pagpasok sa garahe. Pagkatapos hiniling niya sa akin na maghintay sa kalapit na silid hanggang sa matapos ang pag-iinspeksyon. Lumipas ang oras sa pagmamasid ko sa iba pang mga kostumer na dumating at umalis. Kalauanan napag-isip-isip ko na baka may malaking problema ang sasakyan ko.

Sa wakas pumasok ang mekaniko mula sa garahe sa silid na pinaghintayan ko at sinabing nakapasa sa inspeksyon ang aking sasakyan. Naka-hinga ako nang maluwig! Nagbayad ako sa kahera at nagpunta kung saan nakaparada ang aking sasakyan at nakita ang mekaniko na naghihintay sa akin.

“Miss,” sabi niya, na matamang nakatingin sa akin, “maaari bang makausap kita sandali?”

“Sige po,” sabi ko sa kanya.

“Gusto kong humingi ng paumanhin na natagalan ang pag-inspeksyon ko sa sasakyan mo. Kasi, nang ipasok

ko ang sasakyan mo sa garahe, napan-sin ko ang isang papel sa upuan na naglalahad tungkol sa mga pamilya. Sa halip na kaagad bumalik sa sasakyan mo, naupo ako sa garahe at binasa nang paulit-ulit ang papel na iyon.”

Sinabi pa niya, “Anong simbahan ito? Ano ang dokumentong ito tungkol sa pamilya? Maaari ba akong humingi ng kopya nito? Sinasabi rito na isinulat ito ng mga Apostol. Ibig mo bang sabihin na may mga Apostol sa mundo ngayon katulad noong panahon ni Jesus? Gusto kong malaman ito.”

Halos hindi ako makapagsalita ngunit nakapag-isip agad ako. Sinabi ko sa kanya na talagang may mga apostol at mga propeta sa mundo, tulad noong panahon ni Jesucristo. Sinabi ko sa kanya ang tungkol kay Propetang Joseph Smith at ang Panunumbalik ng ebanghelyo. At ibinigay ko sa kanya ang lahat ng materyal sa Simbahan na naroon sa sasakyan ko. Ibinigay niya sa akin ang kanyang pangalan at numero ng telepono para makontak siya ng mga missionary. Nagtapos ang pag-uusap namin sa taos-puso niyang pasasalamat.

Habang nagmamaneho papalayo, napaluha ako. Nagpapasalamat ako na naiwan ko ang kopya ng “Ang Pamilya: Isang Pagpapahayag sa Mundo” sa upuan ng sasakyan.

Hindi ko malimutan ang kasabikan sa mga mata ng lalaking iyon. Ang karanasang ito ay hindi malilimutang aral tungkol sa kapangyarihan ng pagpapahayag tungkol sa pamilya, ang katotohanan ng paghahayag sa makabagong panahon, at ang kahalagahan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa araw-araw—at kung minsan sa diinaasahang—mga sitwasyon. ■

Angela Fallentine, New Zealand

“Napansin ko ang isang papel sa upuan ng sasakyan na tungkol sa mga pamilya,” sabi ng mekaniko sa akin. “Naupo ako sa garahe at paulit-ulit na binasa ang papel na iyon.”



UNA MUNA ANG AMING IKAPU

Noong tag-init ng 2006, ang asawa ko ay nagtatrabaho bilang drayber ng trak. Dahil hindi siya nakakauwi sa bahay ng mga dalawang linggo sa bawat biyahe niya noon, sa akin napunta ang responsibilidad sa pagbabayad ng bayarin. Ganoon ang kanyang trabaho kaya paiba-iba ang aming kita bawat buwan, kaya mahirap magbadyet.

Sa buwan ng Hulyo mas mababa ang suweldo niya kaysa karaniwan at hindi kasya sa bayarin. Matapos kong ideposito ang kanyang tseke, ikinumpara ko ang pera namin sa bangko sa listahan ng aming bayarin. Naisip ko na kung babayaran namin ang lahat, pati na ang aming ikapu, kukulangin kami ng mga \$30. Nagbabayad kami ng

buong ikapu, na natuto sa mahirap na paraan ilang taon na ang nakalipas noon nang hindi kami nakapagbayad ng ikapu. Ang hindi pagbabayad ng ikapu sa pagkakataong ito ay hindi magandang opsiyon.

Naalala ko ang mga kuwento ng mga taong inuna ang kanilang ikapu noong gipit sila sa pera at pagkatapos ay mahimalang nakatanggap ng pera. Karaniwang sinusulat ko ang mga tseke nang sunud-sunod ayon sa kailangang bayaran sa araw na iyon, kaya bibihirang mauna kong isulat sa tseke ang aming ikapu.

Ngunit nang araw na iyon nagpasiya akong unahing isulat sa tseke ang aming ikapu,

nalalamang maglalaan ng paraan ang Panginoon upang mabayaran ang aming mga bayarin.

Nang sumunod na Lunes nabalitaan ko na ang klase kung saan ko ini-enroll ang aking anak ay nakansela, at ang tseke na nagkakahalaga ng \$20 na ibinigay ko ay ibinalik sa akin. Nang magbalanse ako ng checkbook ko, isinama ko ang halagang \$20, at natanto ko na nagkamali ako sa pagkuwenta at hindi naisama ang \$23 noong isang linggo. Bukod pa rito, makaraan ang dalawang araw tumanggap kami ng refund check na nagkakahalaga ng \$36 mula sa aming pediatrician dahil sumobra ang singil nila. Ngayon, sa halip na kulang kami ng \$30, halos \$50 ang sobrang pera namin.

Tinupad ng Panginoon ang Kanyang pangako sa Malakias 3:8-12 na kung magbabayad tayo ng ikapu, Kanyang ibubuhos ang mga pagpapala. Alam ko na pinagpala kami dahil sinunod namin ang kautusan ng Panginoon na bayaran muna ang aming ikapu. ■

Carrie Dalby Cox, Alabama, USA

Naisip ko na kung babayaran namin ang lahat ng aming bayarin, pati na ang aming ikapu, magkukulang kami ng mga \$30. Ngunit ang hindi pagbabayad ng ikapu ay hindi magandang opsiyon.



MANATILI SA CAPE TOWN

Mula nang magmisyon ako sa England London Mission, gusto kong bumalik doon para manirahan at magtrabaho. Katatapos ko lang noon ng master's degree, nagpasiya ako na maaaring tamang panahon ito para sa akin na manirahan sa London. Nakahanap ako ng trabaho at maganda ang pakiramdam ko sa desisyon kong lumipat.

Gayunman, isang gabi, nanalangin ako para malaman ang kagustuhan ng Panginoon at kung makabubuti para sa akin na manirahan sa London. Habang pinipilit kong makatulog, paulit-ulit kong naisip ito: “Kailangan mong manatili sa Cape Town.” Ang kaisipang ito ay pabalik-balik sa loob ng ilang oras. Sa huli ay naisip ko na gusto ng Diyos na manatili ako sa Cape Town. Kaya, kahit gusto kong lumipat, nagpasiya akong manatili rito. Kaagad akong nakatulog pagkatapos niyon.

Nang sumunod na araw binalewala ko ang nangyari noong nakaraang gabi at patuloy na inisip kung manirahan ba ako sa London. Ngunit nang gabing iyon naulit ang naranasan ko noong isang gabi. Ang mga salitang “Kailangan mong manatili sa Cape Town” ay paulit-ulit na sumagi sa aking isipan. Nang pagnilayan ko ang bagay na ito, nakumbinsi ako na gusto talaga ng Panginoon na manatili ako sa Cape Town, at nais kong gawin ang ipagagawa sa akin ng Panginoon.

Nang sumunod na linggo tinawagan ako ng aming stake president at hiniling na makipag-usap ako sa kanya. Nalaman ko agad na may tungkuling ibibigay ang Panginoon sa akin. Nagpatotoo ang Espiritu na ang dahilan kaya kailangan kong manatili sa Cape Town ay may ipagagawa sa akin ang Panginoon.

Tinanggap ko ang tungkulin bilang stake Young Women president, at habang naglilingkod sa loob nang ilang taon, naging kasangkapan ako sa mga kamay ng Panginoon. Bunga nito, pinagpala ang buhay ko at ang buhay ng mga taong pinaglingkuran ko. Humusay ako sa pamumuno, at tinuruan ako ng Panginoon ng maraming bagay sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba.

Magmula noon lalo akong nagtiwala sa Panginoon. Lubos akong

nagpapasalamat sa banayad na panghihikayat ng Espiritu na gumabay sa akin upang malaman at magawa ang Kanyang kagustuhan. Dahil hindi ako gaanong nagalinlangan at handang sundin ang inspirasyong natanggap ko, nadama ko ang malaking kagalakan at kapayapaan, nalalamang nalugod ang aking Ama sa Langit sa aking buhay. ■

Nicky Burgoyne Smith, Utah, USA

Isang gabi, nanalangin ako para malaman ang kagustuhan ng Panginoon at kung makabubuti para sa akin na manirahan sa London.



BAKIT NAGBABAYAD PA RIN KAYO NG IKAPU?

Ilang taon pa lang ang nakalipas natanggal sa trabaho ang asawa ko. Ang kanyang mga amo, na marahil ay nalungkot sa ginawa nila, ay inalok siya ng ibang trabaho, pero kakailanganin naming lumipat ng tirahan dahil dito. Gayunpaman, nakita naming marami itong idudulot na biyaya, bukod pa sa patuloy siyang makapagtatrabaho.

Pero pagkalipat namin, nalaman naming hindi na pala bakante ang puwesto. Walang makapagpaliwanag kung bakit. Ang tanging alam namin ay nasa ibang lugar kami, walang trabaho, at halos wala nang pera dahil nagbayad kami ng mga utang bago lumipat at nasaid ang ipon namin sa paglipat.

Sinikap ng asawa ko na makahanap ng permanenteng trabaho. Pansamantala siyang kumuha ng maliliit na trabaho, at gumawa naman ako ng handicraft, na sapat lang para maitaguyod kami matapos magbayad ng ikapu sa Panginoon. Nagtipid kami sa lahat ng bagay, pero hirap pa rin kaming tustusan ang gastusin sa eskwelahan, pagkain at damit, at pang-gastos ng aking asawa sa paghahanap ng trabaho.

Nalungkot kami nang labis, pero patuloy pa ring nagtiwalang pagpapalain kami ng Panginoon. At pinsalamatan namin ang mga biyayang ipinagkaloob sa amin: mga anak na babae na malulusog at matatapat, ang maayos na pagsasama naming mag-asawa, at matulunging mga kamag-anak at miyembro ng ward.

Maraming kaibigan na hindi miyembro ng Simbahan ang nagtanong sa amin, “Kung matindi ang pangangailangan ninyo, bakit nagbabayad pa rin kayo ng ikapu? Iisa lang ang



Pagkalipat namin, nalaman naming hindi na pala bakante ang trabahong inalok sa asawa ko. Nasa ibang lugar kami, walang trabaho, at halos wala nang pera.

palaging sagot: dahil inutos ito ng Panginoon, at ayaw naming nakawan ang Diyos (tingnan sa Malakias 3:8–9).

Alam namin na kung masunurin kami, bibiyayaan kami ng Panginoon—hindi siguro sa paraang inaasahan namin kundi sa iniisip Niyang pinakamabuti para sa aming pamilya. Kahit kailan hindi namin idinahilang may problema kami sa pera kaya hindi na kami maglilingkod sa Panginoon; sa katunayan, lalo naming hinangad na maglilingkod sa Kanya.

May trabaho na ngayon ang asawa ko at nakakabayad na kami sa mga nautang namin noong wala pa siyang trabaho. Matagal pa bago kami tuluyang makaraos sa problema sa pera, pero alam namin na kung aming “[dadalhin] . . . ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig,” bubuksan ng Diyos ang mga dungawan sa langit “at ihuhulog [sa amin] ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan” (Malakias 3:10). ■

Raquel Pedraza de Brosio, Argentina

ANG Tamang Panahon SA PAG-AASAWA

Ni Alissa Strong

Mga Magasin ng Simbahan

Alam nina Ane at Benjamin na mahalaga ang edukasyon, at pareho nilang gustong mag-aral sa kolehiyo. Paano aakma ang iniisip nilang pagpapakasal sa planong ito?

Noong nasa hayskul si Ane, inasam niya ang araw ng pag-tuntong niya sa kolehiyo. Napakaraming kurso na puwede niyang pag-aralan at mga propesyong mapagpipilian! “Napakarami kong gusto at kayang gawin,” sabi niya.

Kahit sa maliit na bayan lang sa Norway nakatira si Ane, nakapag-aral siya sa magandang eskwelahan noong hayskul. Hinihikayat sa eskwelahan niya na sikapin nilang makakuha ng matataas na grado para makapasok sa kolehiyo. Maraming estudyante sa eskwelahan ni Ane ang nag-aral agad sa kolehiyo pagkatapos ng hayskul. Bata pa lang, ganoon din ang planong gawin ni Ane. Pero ang pagpasok sa paaralan ay isa lang sa mga mithiin ni Ane para sa sarili.

“Naturuan akong mabuti sa mga klase sa Young Women at sa Pansariling Pag-unlad,” sabi ni Ane. “Mithiin ko noon pa man na ikasal sa templo.”

Kailan ang “Tamang Panahon”?

Isang gabi sa klase sa institute, nakilala ni Ane ang kababalik lang sa misyon na si Benjamin. “Sa una pa lang na pagkakita ko sa kanya,

pinahanga na niya ako sa maraming bagay,” sabi ni Ane. “Masaya siyang kausap. Komportable kaming pag-usapan ang ebanghelyo.”

Niyaya siya ni Benjamin na magdeyt, at naging maayos naman. Nang sumunod na mga buwan, patuloy na nagdeyt sina Benjamin at Ane. Naglaro sila ng soccer at volleyball, naghiking, at nanood ng sine. Unti-unti nilang nakilala ang isa’t isa, at humantong sa pag-iibigan ang kanilang pagiging magkaibigan.

Sa patuloy na pag-iibigang ito, natuon ang kanilang isipan at plano sa pag-aasawa. Masaya sina Ane at Benjamin na natagpuan na nila ang taong gusto nilang makasama sa walanghanggan. Gayunpaman, naging seryoso ang relasyong ito nang mas maaga kaysa inasahan nila. Ano ang mangyayari sa lahat ng plano na nagawa na nila noong bata pa sila? Makapag-aral pa ba sila? Ibig sabihin ba ipagpapaliban na nila ang iba pa nilang mithiin dahil sa desisyon nilang magpakasal?

Inisip ng ilan sa mga kaibigan nila na ganito nga ang mangyayari.


“Marami sa nakapaligid sa akin—sa pamilya, sa eskwela, at sa trabaho

—ang alalang-alala sa maaaring maging epekto ng relasyong ito sa pag-aaral ko,” sabi ni Ane. “Itinatanong pa nila kung nakakasiguro ba ako na magtatagal ang relasyong ito.

“Iniisip din ng mga kaibigan ko na kaedad ko na makahahadlang sa pag-aaral ko ang pag-aasawa,” sabi niya. “Para sa kanila, sasayangin ko ang aking mga talento at oportunidad.”

Ganoon din ang naramdaman ng mga kaibigan ni Benjamin. “Gusto ng mga tao na isipin ko na napakabata pa namin, na dapat munang magtapos ng pag-aaral ang mapapangasawa ko, at na kung magpapakasal kami, ibig sabihin magkakaanak kami, at napakabata pa rin namin para doon,” sabi niya.

Bagama’t naniniwala sina Ane at Benjamin na binibigyang-prioridad sa ebanghelyo ang pag-aasawa at pagpapamilya, karaniwang hindi ganoon ang prioridad ng ibang hindi miyembro ng Simbahan—lalo na sa mga bata pa. “Talagang nakapokus sa edukasyon at pagtatrabaho ang mga tao sa bayan namin,” paliwanag ni Ane. “Mabuti naman ito, pero





*Sina Benjamin
at Ane kasama
ang kanilang
anak na si Olea.*

hindi nito nabibigyang-pansin ang pagpapamilya—o relihiyon.”

Sabi ni Benjamin, “Laging nasa isip ko noon na ang tamang gawin ay magtapos ng misyon, maghanap ng gugustuhin ko at pagkatapos ay mamahalin, at matapos makapagpasiyang mag-asawa at makatanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo, ay magpakasal na. Parang napakasimple lang sa akin, pero bigla na lang naging nakakalito, magulo, at mahirap ang lahat.”

Ano ang Sabi ng Panginoon?

Parehong nag-alala sina Benjamin at Ane sa mga payo at opinyon ng kanilang mga kaibigan. Buong taon silang nahirapang magpasiya kung kailan ang tamang panahon para magpakasal. Alam nila na sa huli ang pinakamahalagang patnubay ay magmumula sa Panginoon, kaya maraming oras silang nagsaliksik ng mga banal na kasulatan at sa salita ng mga propeta tungkol sa pamilya, pag-aasawa, at pag-aaral.

“Lahat ng ito ay tumatalakay sa kahalagahan ng pag-aasawa at pag-aaral,” sabi ni Ane. Sa patuloy na paghahanap ng patnubay, luminaw ang lahat nang makausap nila ang isang lider sa institute. “Sabi niya sa akin, ‘Kapag natagpuan mo na ang tamang tao at ang tamang lugar (ang templo), ito na ang tamang panahon!’” paggunita ni Ane. “Napanatag dito ang isip ko. Marami na akong natanggap na

pahiwatig mula sa Espiritu na nagsabing ito ang landas na dapat kong tahakin. Nalaman ko na magpapakasal kami ni Benjamin at iyon ang tamang gawin ko sa pagkakataong ito.”

Alam ni Ane na sisikapin pa rin niyang makapag-aral, dahil hinihikayat din iyan ng propeta ng Panginoon. Pero sa ngayon alam niyang pag-aasawa ang dapat niyang unahin.

Nalungkot si Ane dahil alam niya na may mga taong hindi natutuwa na mag-aasawa siya sa ganoong edad. Pero pinili niyang kilalanin ang ipinahihiwatig ng Espiritu at ang nais ng Panginoon at hindi ang iniisip ng kanyang mga kaibigan. “Ito ang kaka-ilanganin ko para mapanindigan ang ginawa kong desisyon,” sabi niya.

Hindi sa gayong paraan nadama ni Benjamin na ang pag-aasawa ang tamang desisyon sa pagkakataong iyon. Sa halip, sabi niya, “natanto ko na kailangan kong gawin ang sinasabi ng ebanghelyo. Bakit ako narito? Ano ang layunin ko sa mundo?”

Habang sinasaliksik niya ang mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta at apostol, nanalangin si Benjamin sa Ama sa Langit. Tumanggap din siya ng basbas ng priesthood. “Naging malinaw sa akin na ipinadala ako sa mundo para bumalik sa Diyos kasama ang aking pamilya,” sabi niya. “Walang gawain o iba pang tungkulin na makahihigit diyari. Ito ay nasa ‘Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.’

Kung sinadya kong balewalain ito at iba ang gagawin ko, nilalabag ko ang mga kautusan ng Diyos.

“Nang ihayag sa akin na ang mga itinuro sa akin noon pa man ay tala-gang totoo at mas dapat pahalagahan kaysa iba pang opinyon, naliwanagan ako. Nagpasiya akong sundin ang itinuro sa akin.”

Sina Ane at Benjamin ay ikinasal noong Hulyo 16, 2009, sa Stockholm Sweden Temple. “Nang ibuklod na kami sa templo, nakadama ako ng lubos na kapayapaan,” sabi ni Ane. “Napakasimple lang nito. Napakaganda. Walang magarang kasuotan at palamuti. Napakasaya na kasama ko ang aking mga magulang at mga kapatid sa templo—at si Benjamin. Ito’y sandali na puno ng tunay na pagmamahal.”

Ang Sumunod na mga Pagpapala

Bagama’t mahirap ang pinagdaganan niya ilang buwan bago siya ikinasal, nagpapasalamat si Ane sa mga dinanas na pagsubok. “Ito ang nagtulak sa akin na manindigan,” sabi niya “Tinulungan at pinalakas ako ng Diyos sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, panalangin, at mga basbas ng priesthood. Natanto ng marami sa mga tao na dating tutol na mabuti at tama ang naging pasiya ko. Nakita nila na natagpuan ko ang tunay na kaligayahan. Pinasalamatan nila ako na nagtiwala ako sa aking sarili at sa Panginoon.”



PAGHARAP SA MGA HAMON SA BUHAY MAY-ASAWA

Sa mensahe sa mga young adult, tinalakay ni Elder Earl C. Tingey, miyembrong emeritus ng Unang Korum ng Pitumpu, ang anim na ipinag-aalala ng mga young adult tungkol sa pag-aasawa:

"1. Maaaring kakaunti ang humihikayat na mag-asawa ang mga returned missionary. Kung ganyan ang pagkaintindi ninyo, maling akala ito. Lahat ng returned missionary ay dapat hikayatin pagkauwi nila na manatiling aktibo sa Simbahan, mag-aral, magtamo ng mga kasanayan sa trabaho, at maghanap ng makakasama sa kawalang-hanggan.

"2. Nag-aalala ang ilang binata na baka hindi nila matugunan ang mga inaasahan ng ilang kadalagahan. . . . Mapapawi ng wastong pag-uusap ang pag-aalang iyan.

"3. Maaaring maisantabi ang pag-aasawa dahil sa pag-aaral o pagtatrabaho. Ang pag-aasawa, pag-aaral, at pagtatrabaho ay maaaring pagsabay-sabayin. Ang isang propesyon kung walang pamilya, samantalang puwede naman, ay malungkot at malaking kawalan.

"4. Huwag hayaan ang buhay na maging simpleng pamumuhay lamang na masaya o makasarili. Ang buhay ay higit pa sa isang libangan. Huwag magpakalulong sa pagpupundar ng mga ari-arian. Tumanggap ng pananagutan.

"5. Ang negatibong pananaw tungkol sa pag-aasawa . . . ay maaaring makahadlang sa pag-aasawa ng isang tao. Sabi ng ilan, 'Bakit ba ako mag-aasawa samantalang napakaraming nagdidiborsyo?' Ang pag-iral ng diborsyo ay hindi nangangahulugan na hindi na kayo liligaya at magtatagumpay sa pag-aasawa. Huwag tulutang makaimpluwensya sa inyong mga desisyon ang ginagawa ng iba. Maging determinado na hindi mabibigo ang inyong pagsasama.

"6. Ipinagpapaliban ng ilan ang pag-aasawa dahil sa pera. Ang pagpapaliban sa pag-aasawa hanggang sa makaroon ng sapat na pera para masunod ang modernong pamumuhay ay hindi matalino. Maraming panahon para magkasama—sa pagpupunyagi, pakikibagay, at pagkatutong harapin ang mga hamon sa buhay—ang naglalaho kapag nangyayari ito."

Mula sa "Tatlong Mensahe sa mga Young Adult," *Liahona*, Abr. 2007, 30.

Matapos ikasal, lumipat sina Ane at Benjamin sa ibang lugar kung saan nila sinimulan ang pag-aaral sa unibersidad. Hindi nagtagal nagkaroon sila ng anak na babae, si Olea, at pansamantalang huminto si Ane sa pag-aaral. Ipagpapatuloy ni Ane ang pag-aaral nang part-time at online nang sa gayon makapagtapos siya at makapamalagi sa bahay para maalagaan ang kanilang anak. Kahit alam niyang mahirap ang gayong sistema, matatapos pa rin ni Ane ang kursong gusto niya.

"Maaaring inisip ng iba na marami akong isinakripisyo nang mag-asawa ako at magpamilya," sabi niya, "at parang ganoon nga kung titingnan. Pero ang totoo nakamit ko ang lahat. Alam ko na kapag pinili kong unahin ang Panginoon, ang lahat ng iba pa ay ibibigay sa akin. Nasasabik na ako at nagpapasalamat na matatapos ko ang aking kurso. Pero higit sa lahat nagpapasalamat ako na may pagkakataon kami na maging walang-hanggang pamilya!"

Sang-ayon diyan si Benjamin. "Pinatnubayan ako ng Diyos sa paraang naituro sa akin na Siya ang dapat unahin," sabi niya. "Para sa akin, hindi kailangang piliin kung pamilya o pag-aaral ang uunahin; kundi pamilya muna at isabay ang pag-aaral. Ganoon din sa iba pang mga desisyon. Hindi ito pagpili sa Diyos o sa wala. Ito ay pag-una sa Diyos; pagkatapos ay susunod na ang iba pa." ■

Paano ako makikipagtalakayan
 tungkol sa ebanghelyo kung ang gusto
 lang ng kausap ko ay manalo sa **debate?**
Hindi gusto ng ganyang mga tao
 ang makarinig ng patotoo.

Totoong makatutulong sa atin ang lohika at karunungan para maunawaan ang katotohanan, at posibleng gumamit ng lohika sa pagtatanggol sa Simbahan at sa mga turo nito. Pero kung mas interesado ang isang tao na manalo sa argumento kaysa unawain ang paniniwala ng iba, pagtatalo ang laging kauwian nito. Maging matatag sa pagpapatotoo tungkol sa pinaniniwalaan mo at alam mong totoo.

Kung patuloy na nakikipagtalo ang kausap mo, ipaalam sa taong iyon na nire respeto mo ang paniniwala niya pero kailangan mo ring sumang-ayon o hindi sumang-ayon. Ang talakayan sa mga paniniwala sa relihiyon ay hindi dapat ginagawa para “manalo.” At kapag nakikipagtalo o nagagalit ka na, hindi ka nagiging halimbawa ng pinaniniwalaan mo, ni hindi mapapasaiyo ang Espiritu Santo.

Itinuro sa atin ni Elder Robert D Hales ng Korum ng Labindalawang Apostol na kapag nakikipag-usap tayo sa mga tao tungkol sa Simbahan, “dapat ang layunin natin ay tulungan silang maunawaan ang katotohanan, hindi ipagtanggol ang ating sarili o manalo sa isang debate tungkol sa Diyos. Ang ating taos-pusong mga patotoo ang pinakamabisang sagot na maibibigay natin sa mga nagpapatatang sa atin. At ang gayong mga patotoo ay maibibigay lamang nang may pagmamahal at kaamuan.”¹

Ang mga bagay ng Espiritu ay natututuhan “hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan” (I Mga Taga Corinto 2:4). Bagama’t hindi nito mababago ang isipan ng sinuman, dapat kang magpatotoo at ipaalam sa mga tao ang pinaniniwalaan mo. At kapag ibinahagi mo ang ebanghelyo, ang paraan ng pagsasabi mo ng mga bagay-bagay ay maaaring kasinghalaga ng nilalaman ng sinasabi mo. Magsalita nang may tiyaga at pagmamahal. Sundin ang Espiritu at mahihiwatigan mo kung ano ang sasabihin (at hindi sasabihin) at kung paano tutugon. ■

TALA

1. Robert D. Hales, “Katapangang Kristiyano: Kailangan sa Pagiging Disipulo,” *Liahona*, Nob. 2008, 72–75.

Ano ang layunin ng class at quorum presidency para sa kabataan?

Ang mga class presidency sa Young Women at quorum presidency sa Aaronic Priesthood ay parehong nakatutulong sa mga naglilingkod dito at sa kanilang pinaglilingkuran.

Ang mga miyembro ng presidency ay makatatanggap ng inspirasyon para sa kanilang klase o korum, na makatutulong sa kanila na malaman kung paano ipagdasal at kaibiganin ang mga miyembro ng kanilang klase o korum, lalo na ang mga bago o di-gaanong aktibong miyembro. Sa presidency, natututuhan ng mga kabataan ang mga kasanayan sa pamumuno tulad ng pagtatakda ng gawain, paglilingkod, pakikipag-ugnayan, at pakikibahagi sa mga kapulungan. Ang pagkatutong mag-organisa at mamuno sa mga pulong at aktibidad ay nakatutulong sa mga lider ng kabataan na maghanda sa misyon o sa iba pa nilang magiging tungkulin habang natututuhan nila ang kahalagahan ng pagganap sa kanilang tungkulin at paggawa ng plano at pagsasakatu-paran nito.

Ang mga miyembro ng klase at korum ay pinagpapala rin sa pamamagitan ng mga lider na ito. May nakakausap sila na mga kaedad nila na makatutulong at makahihikayat sa kanila na ipamuhay ang ebanghelyo at gumawa ng maraming bagay, lalo na sa pagkumpleto ng Pansariling Pag-unlad o Tungkulin sa Diyos. Dahil ang mga pangulo ng klase o korum ay naglilingkod sa bishopric youth



committe, maipapaalam nila sa bishop ang kanilang mga problema, alalahanin, o mabubuting ginagawa sa kanilang klase at korum.

Ang matawag sa class o quorum presidency ay malaking responsibilidad na tumutulong sa kabataan na magkaroon ng mas malaking tiwala sa sarili, matutong mamuno at maging halimbawa, at magkaroon ng ibayong pagmamahal at pagkakaisa sa klase o korum. ■

Sinasabi sa Para sa Lakas ng mga Kabataan na iwasan ang sobra o di-angkop na ayos ng buhok.

Anong mga estilo ang maituturing na sobra o di-angkop?

Ang itinuturing na sobra o di-angkop ay depende sa kultura at panahon, kaya mahirap sabihin kung ano talagang ayos ng buhok ang sobra o di-angkop para sa lahat. Kaya paano mo malalaman kung ang ayos ng buhok ay “sobra o di-angkop”? Tanungin mo ang iyong

sarili, “Bakit ko ginagawa ito?” Kung gusto mong kulayan, habaan, at ayusin nang kakaiba ang buhok para lang “maiba ka sa lahat” o mapansin, kung gayon nagawa mo na ang “sobra o di-angkop” na tinukoy sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.¹

Pinapayuhan ka ba ng mga lider ng Simbahan na iwasan ang sobra o di-angkop na pag-aayos dahil sa gusto lang nila na simple at ordinaryo kang tingnan, walang anumang estilo o personalidad? Siyempre hindi. Ipinayo nila ito dahil ang kaanyuan mo ay nagpapahiwatig ng iyong pagkatao. “Sa inyong pananamit at kaanyuan, maipapakita ninyo kung gaano kahalaga ang inyong katawan. Maipapakita ninyo na kayo ay disipulo ni Jesucristo.”² Maaaring hindi makita sa iyo ang katangiang ito kung sobra o di-angkop ang ayos ng buhok mo at sa halip ay masamang impresyon ang maibigay nito tungkol sa iyo. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 7.
2. *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, 6.

ANO ANG MANGYAYARI KAPAG NAMATAY TAYO?

Ito ay mahalagang tanong, at sa pamamagitan ng mga propeta noon at ngayon, ibinigay ng Diyos ang sagot sa atin.

| pinaalam ng mapagmahal nating Ama sa Langit ang mangyayari sa atin kapag namatay na tayo. Narito ang mga katotohanang makatutulong sa inyo na malaman kung nasaan na ngayon ang mga namatay nating mahal sa buhay at kung saan din tayo hahantong sa bandang huli.


Ano ang Alam Natin Tungkol sa Daigdig ng mga Espiritu?

Saan naroon ang daigdig ng mga espiritu?

Itinuro ni Pangulong Brigham Young (1801–77) na ang mga espiritu ng mga taong nabuhay sa mundo ay kasama pa rin natin sa mundong ito, bagama't hindi natin sila nakikita.¹


Ano ang kalagayan sa daigdig ng mga espiritu?

Depende iyan. Ang mabubuti ay makararanas ng paraiso—kaligayahan, kapahingahan, at kapayapaan, walang suliranin, alalahanin, at kalungkutan (tingnan sa Alma 40:12). Ang masasama ay makararanas ng impiyerno (tingnan sa Alma 40:13–14). Ang impiyerno ay mailalarawan bilang “pighati ng pagkabigo sa isipan ng tao.”²



**MGA ARALIN
TUWING LINGGO**
.....
Ang Paksa sa Buwang Ito:
**Ang Pagbabayad-sala
ni Jesucristo**

SUMALI SA USAPAN



Sa buong Marso pag-aaralan ninyo ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa mga korum sa priesthood at sa mga klase sa Young Women at Sunday School. Isa sa maraming pagpapala ng Pagbabayad-sala ay na sa pamamagitan nito, lahat tayo ay mabubuhay na mag-uli. Isipin kung paano nabago ng kaalaman sa Pagbabayad-sala at pagkabuhay na mag-uli ang inyong pananaw sa mga panahon ng pagsubok. Sikaping gunitain ang partikular na sitwasyon ukol dito at kung paano kayo pinagpala ng inyong patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala at pagkabuhay na mag-uli, at isiping ibahagi ang karanasang iyan sa inyong pamilya o sa susunod na aralin sa araw ng Linggo.

Ano ang anyo ng mga espiritu?

Ang mga espiritu ng tao ay may anyong nasa kahustuhan ng gulang sa premortal na buhay at magtataglay pa rin ng ganoong anyo sa daigdig ng mga espiritu, namatay man sila na sanggol o kaya'y bata.³

Nakikita ba tayo ng mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu?

Oo, kung kinakailangan. Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith (1838–1918) na ang mga nasa daigdig ng mga espiritu ay mas nakikita tayo kaysa nakikita natin sila at na “ang kanilang pag-aalala sa atin at kanilang pagmamahal sa atin at ang kanilang malasakit sa ating kapakanan ay mas matindi kaysa nadarama natin para sa ating sarili.”⁴

Ang mga espiritu ba sa daigdig ng mga espiritu ay matutukso pa rin?

Kung matapat ka sa buhay na ito, walang lakas si Satanas na

impluwensyahan ka sa daigdig ng mga espiritu. Ang masasama ay mapapasailalim kay Satanas doon gaya nang narito sila sa lupa.⁵ Tulad nang ipinaliwanag ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol, ang buhay na ito ay ang panahon para magsisi, dahil “dito sa mortalidad magkasamang natututo ang katawan at ang espiritu.”⁶

Ano ang ginagawa ng mga espiritu sa daigdig ng mga espiritu?

Alam natin na ang mga espiritu ng matatapat na hindi pa nabuhay na mag-uli ay nagtuturo bilang mga missionary sa mga espirtitung nasa bilangguan.⁷ Alam din natin na sa matatapat na naroon, nagpapatuloy ang ugnayan ng pamilya at organisasyon ng Simbahan.⁸



KAHULUGAN, PAGHIHIKAYAT, AT PAG-ASA

“Mahalagang elemento ng ating pananampalataya ang pagkabuhay na mag-uli. Dinaragdagan nito ang kahalagahan ng ating doktrina, higit na [hinihikayat] ang ating kilos, at nagbibigay ng pag-asa sa ating hinaharap.”

Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Pagkabuhay na Mag-uli,” *Liahona*, Hulyo 2000, 17.



Ano ang Alam Natin Tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli?

Gaano karami ang mabubuhay na mag-uli?

Lahat ng taong nabuhay sa mundo ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–23).

Ano ang anyo ng katawan na nabuhay na mag-uli?

Ang katawan na nabuhay na mag-uli ay:

- **Imortal.** “Ang katawang-lupang ito ay babangon sa isang walang kamatayang katawan, . . . upang sila ay hindi na mamatay” (Alma 11:45).
- **Ganap.** “Ang espiritu at ang katawan ay magsasamang muli sa kanyang ganap na anyo” (Alma 11:43). Ipinaliwanag ni

Pangulong Joseph F. Smith, “Ang kapinsalaan ng katawan ay mawawala; ang mga kapintasan ay aalisin, at ang mga kalalakihan at kababaihan ay magtatamo ng kaganapan ng kanilang mga espiritu, sa kaganapang nilayon ng Diyos sa simula pa lang.”⁹

- **Maganda.** Sinabi ni Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901), “Wala nang mas maganda pang masdan kaysa sa isang lalaki o babaeng nabuhay na mag-uli.”¹⁰
- **Maluwalhati.** Si Pangulong Boyd K. Packer, Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabi: “Ang inyong espiritu ay bata at masigla at maganda. Kahit na ang katawan ninyo ay matanda at may karamdaman o lumpo o walang kakayahan sa alinmang paraan, kapag pinagsama ang espiritu at katawan sa Pagkabuhay na Mag-uli, magiging maluwalhati kayo; luluwalhatiin kayo.”¹¹
- **Walang dalamhati o paghihirap.** “Hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man” (Apocalipsis 21:4).

Ano ang mangyayari sa mga taong namatay na musmos pa lang?

Ayon kay Propetang Joseph Smith, ang mga magulang ng anak na namatay nang musmos pa lang “ay magkakaroon . . . ng kagalakan, ng pagkaaliw, ng kasiyahan sa [pag-aaruga] sa batang ito, pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli, hanggang sa marating nito ang kabuuan ng katayuan ng kanyang espiritu.”¹²

Ano ang mangyayari sa mga taong sinunog ang bangkay o hindi inilibing?

Bagama’t hindi hinihikayat ng Simbahan ang pagsusunog ng bangkay, naniniwala tayo na anuman ang mangyari, lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli nang may perpektong katawan. Itinuro ni Pangulong Brigham Young na sa pagkabuhay na mag-uli “ang naiibang pangunahing mga sangkap na bumubuo sa ating katawan dito, kung ang mga ito ay iginalang natin, bagama’t sila ay nailagak sa kailaliman ng dagat, at bagaman ang isa sa kanila ay nasa hilaga, ang isa ay nasa timog, ang isa ay nasa silangan, at ang isa ay nasa kanluran, ay magkakasamang titipunin muli sa isang kisap-mata, at aangkinin sila ng ating mga espiritu.”¹³

Sino ang mabubuhay na mag-uli, at kailan?

UNANG PAGKABUHAY NA MAG-ULI, O “PAGKABUHAY NA MAG-ULI NG MABUBUTI” (D AT T 76:17)

Sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo

Mga propeta at ilang mabubuting tao na tatanggap ng selestiyal na kaluwalhatian (tingnan sa Mosias 15:2–25).

Sa Ikalawang Pagparito ni Cristo

Ang mga tatanggap ng selestiyal na kaluwalhatian (tingnan sa D at T 76:50–70; 88:96–98).

Sa Pagsisimula ng Milenyo

Ang mga tatanggap ng terestiyal na kaluwalhatian (tingnan sa D at T 88:99).

IKALAWANG PAGKABUHAY NA MAG-ULI, O “PAGKABUHAY NA MAG-ULI NG MASASAMA” (D AT T 76:17)

Sa Pagtatapos ng Milenyo

Ang mga tatanggap ng telestiyal na kaluwalhatian (tingnan sa D at T 76:85; 88:100–101).

Mga anak na lalaki ng kapahamahan (tingnan sa D at T 76:43–48; 88:102).

Ano ang Pisikal na Pagkabuhay na Mag-uli?

Ang pisikal na pagkabuhay na mag-uli ay bahagi ng plano ng Diyos at itinuro ng mga propeta mula pa noong panahon ni Adan (tingnan sa Moises 5:10). Pero “ang diyablo ay walang katawan, at iyon ang kanyang kaparusahan,”¹⁴ kaya sinisira niya ang doktrinang ito upang hindi maniwala ang mga tao sa pisikal na pagkabuhay na mag-uli.

Pinaniniwalaan ng maraming tao na ang katawan ay parang bilangguan para sa espiritu at magiging tunay na masaya lang tayo kapag napalaya ang espiritu mula sa katawan, pero hindi ito totoo. Ipinahayag ng Panginoon na ang pisikal na pagkabuhay na mag-uli ay kailangan dahil:

- **Sa ganyang paraan tayo nakatatanggap ng ganap na kagalakan.** Tanging “ang espiritu at elemento [ang pisikal na katawan], hindi mapaghihiwalay ang kaugnayan, ay tatanggap ng ganap na kagalakan” (D at T


93:33). Alam din natin na ang mga namatay at naghihintay sa daigdig ng mga espiritu para sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo “ay tumingin sa matagal na pagkawalay ng kanilang mga espiritu mula sa kanilang mga katawan bilang isang pagkagapos” (D at T 138:50).

- **Ito ang pagpapala ng pagpili natin sa plano ng Ama sa Langit.** Bago tayo isinilang sa mundo, lahat ng espiritong mabubuhay sa mundo ay piniling sundin ang plano ng Ama sa Langit kaysa ang paghihimagsik ni Satanas (tingnan sa Abraham 3:23–28). Dahil diyan, tumanggap tayo ng mortal na katawan at pagkatapos, sa pamamagitan ng kaloob na Pagkabuhay na Mag-uli ni Cristo, ay mabubuhay na mag-uli nang walang hanggan. Ang mga sumunod kay Satanas sa premortal na daigdig ay hindi kailanman tatanggap ng anumang uri ng pisikal na katawan.

- **Dadalhin tayo nitong muli sa kinaroroonan ng Diyos upang hatulan.** Malinaw na itinuturo ng Aklat ni Mormon na ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ang nagtutulot sa ating makapasok sa kinaroroonan ng Diyos para hatulan alinsunod sa ating mga ginawa.¹⁵
- **Kailangan ito para maligtas.** Itinuro ni Joseph Smith, “Walang taong magkakaroon ng kaligtasang ito kung hindi sa pamamagitan ng isang katawan [pisikal na katawan].”¹⁶
- **Sa ganyang paraan tayo naging katulad ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.** “Ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din” (D at T 130:22). ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 311.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 261.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 157–58.
4. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon (1939), 430–31.
5. Tingnan sa *Mga Turo: Brigham Young*, 315–16; *Alma* 34:34–35.
6. M. Russell Ballard, “Is It Worth It?” *New Era*, Hunyo 1984, 42.
7. Tingnan sa D at T 138:30; tingnan din sa *Mga Turo: Joseph Smith*, 556.
8. Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (2009), 289; para sa kaalaman tungkol sa daigdig ng mga espiritu, tingnan sa Dale C. Mouritsen, “The Spirit World, Our Next Home,” *Ensign*, Ene. 1977, 46–51.
9. Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, 23.
10. Lorenzo Snow, *The Teachings of Lorenzo Snow*, ed. Clyde J. Williams (1996), 99.
11. Boyd K. Packer, “Ang 20-Mark Note,” *Liahona*, Hunyo 2009, 23; *New Era*, Hunyo 2009, 5.
12. *Mga Turo: Joseph Smith*, 206.
13. *Mga Turo: Brigham Young*, 309.
14. *Mga Turo: Joseph Smith*, 245.
15. Tingnan sa 2 Nephi 9:22; Jacob 6:9; Mosias 16:8–10; *Alma* 11:41; 33:22; 40:21; Helaman 14:17; Mormon 7:6; 9:13.
16. *Mga Turo: Joseph Smith*, 247.







Ni Elder Quentin L. Cook

Ng Korum ng
Labindalawang Apostol

HUWAG MAGSUOT NG **BALATKAYO**

Ang isa sa [mga] pinakamalakas na proteksyon ninyo laban sa pagpili ng masama ay huwag kailanman magsuot ng balatkayo.

Nang pag-isipan ko ang tungkol sa inyo, nadama ko na maaaring hindi ninyo lubos na mapahalagahan ang kahalagahan ng inyong henerasyon. Naniniwala ako na may kaalaman kayo at matibay na pundasyon upang maging pinakamahusay na henerasyon sa lahat, lalo na sa pagsusulong ng plano ng ating Ama sa Langit.

Sa pagsaalang-alang sa napakaraming potensyal para sa kabutihan na taglay ninyo, ano ang mga inaalala ko para sa inyong kinabukasan? Anong payo ang maibibigay ko sa inyo? May matinding pang-uudyok sa bawat isa sa inyo na magpanggap—na magbalatkayo—at maging isang tao na hindi totoong nagpapakita kung sino talaga kayo o kung ano ang gustong ninyong kahinatnan.

Halimbawa mula sa Kasaysayan ng Estados Unidos

Noong 2011, nakipagkita kami ni Elder L. Tom Perry kay Abraham Foxman, ang national director ng Anti-Defamation League. Ang misyon nito ay pigilan ang paninira sa mga Judio.

Sa pakikipag-usap namin kay Mr. Foxman, tinanong ko siya kung ano ang maibibigay niyang payo sa amin na may kinalaman sa aming mga responsibilidad sa public affairs para sa Simbahan. Sandali siyang nag-isip at pagkatapos ay ipinaliwanag ang

kahalagahan ng paghikayat sa mga tao na huwag magbalatkayo. Inilarawan niya ang Ku Klux Klan. Ito ay isang organisasyon na maimpluwensya at labis na kinatatakutan ng karamihan sa mga Amerikano sa unang bahagi ng ika-20 siglo. Dahil sa magkakaparehong suot na bata at maskara hindi mo makikilala ang mga kasapi nito, nagsusunog sila ng mga krus sa bakuran ng mga taong binibiktima nila at tinatawag ang kanilang mga sarili na tagapagbantay ng moralidad. Binibiktima nila lalo na ang mga African American, ngunit ang mga Katoliko, Judio, at imigrante ay isinasama rin nila. Ang pinakamalupit sa mga miyembro ng Klan ay sangkot sa panghahampas, pambubugbog, at maging sa pagpatay. Binigyang-diin ni Mr. Foxman na ang ilan sa mga miyembro ng Ku Klux Klan, kapag hindi nila suot ang kanilang mga balatkayo, ay mga karaniwang tao, na kinabibilangan ng mga negosyante at mga taong palasimba. Sinabi niya na dahil itinatago nila ang kanilang pagkatao at nakasuot ng balatkayo, nakakasali sila sa mga aktibidad na karaniwang iniwasan nila. Ang kanilang gawain ay nagkaroon ng matinding epekto sa lipunan ng mga Amerikano.

Ang payo ni Mr. Foxman ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-iwas ng mga tao sa pagsusuot ng balatkayo na nagtatago ng kanilang tunay na pagkatao.¹

Mga Halimbawa mula sa Kasaysayan ng Simbahan

Sa kasaysayan noon ng ating Simbahan, sina Propetang Joseph, Emma, at kanilang 11-buwang-gulang na kambal, sina Joseph at Julia ay nasa Hiram, Ohio, sa bukirin ng mga Johnson.


Isang Sabado ng gabi pinasok ng isang grupo ng kalalakihan na may pinturang itim sa mga mukha ang bahay ng Propeta at kinaladkad siya palabas at binugbog at binuhusan siya ng alkitran at gayon din si Sidney Rigdon.

“Bagama’t nawalan ng isang ngipin ang Propeta, masakit ang tagiliran, natanggalan ng kaunting buhok, at may paso dahil sa asido, nangaral pa rin siya nang sumapit ang araw ng Linggo. Ang apat o higit pa na kasamang nagtipon doon ng mga Banal ay mga miyembro ng mandurumog.”²

Mahalaga ring malaman na ang sangkot sa pagpaslang kay Propetang Joseph at sa kanyang kapatid na si Hyrum ay naglagay ng pintura sa kanilang mukha para itago ang kanilang totoong pagkatao.³

Iwasan ang Pagbabalatkayo at Pagpanggap

Hindi ko sinasabi na mayroon sa inyo rito na magiging kasali sa ganitong uri ng napakasamang gawain



na aking inilarawan. Naniniwala ako, sa ating panahon, kung kailan ang hindi pagpapakilala sa pagkatao ay mas madali kaysa rati, na may mahahalagang alituntunin sa hindi pagsusuot ng balatkayo at sa pagiging “[tapat sa] pananampalataya . . . [na] ipaglalaban.”⁴

Ang isa sa [mga] pinakamalakas na proteksyon ninyo laban sa pagpili ng masama ay huwag kailanman magsuot ng balatkayo. Kung nadarama ninyo na gusto ninyong gawin ito, malaman sana ninyo na ito ay matinding palatandaan ng panganib at isa sa mga kasangkapan ng kaaway upang maipagawa niya sa inyo ang hindi ninyo dapat gawin.

Kapansin-pansin na halos lahat ng sangkot sa pornograpiya ay nagkukunwari at itinatago ang paggawa nila nito. Itinatago nila ang kanilang ginagawa, na alam nilang masama at makapipinsala sa mga taong mahal nila. Ang pornograpiya ay isang salot na hindi lamang nakapipinsala sa moralidad ng isang tao sa harapan ng Diyos, kundi winawasak din nito ang mga mag-asawa at pamilya at may masamang epekto sa lipunan.

Sa mga lulong sa mapaminsalang gawaing ito, makatitiyak kayo na makapagsisisi kayo, at mapagagaling. Ang pagsisisi ay kailangang [mangyari bago ang] paggaling. Ang paggaling ay maaaring matagal. Mapapayuhan kayo ng bishop o branch president kung paano kayo makatatanggap ng tulong na kailangan ninyo upang mapagaling.

Kumilos Ayon sa Inyong mga Paniniwala

Karaniwan na ngayon ang pagsusulat online na ipinararating ang pagkapoot, paninira, at pagkamuhi nang hindi nagpapakilala. Tinatawag ito ng ilan na matinding argumento. Sinisikap ng ilang institusyon na hadlangan ang ganitong mga komento. Halimbawa, hindi tinutulutan ng *New York Times* ang mga komento na “naninira, malaswa, mahalay, masama, . . . nagpapanggap, walang kabuluhan, at NAGMUMURA. . . .

“Hinihikayat din ng *The Times* ang paggamit ng totoong mga pangalan dahil, ‘Nalaman namin na napapanatili ng mga taong gumagamit ng kanilang totoong pangalan ang mas maganda at makabuluhang pag-uusap.’”⁵

Isinulat ni Apostol Pablo: “Huwag kayong padaya: ang masasamang [pag-uusap] ay sumisira ng magagandang ugali.

“Gumising kayo ng ayon sa katuwiran, at huwag mangagkasala; sapagka’t may mga ibang walang pagkakilala sa Dios” (I Mga Taga Corinto 15:33–34).

Malinaw na ang masamang pag-uusap ay hindi lamang may kinalaman sa masamang pag-uugali, kundi, kapag ginawa ito ng mga Banal sa mga Huling Araw, maiimpluwensyahan nila nang masama ang mga taong walang alam tungkol sa Diyos o patotoo tungkol sa Tagapagligtas.

Ang anumang paggamit ng Internet upang mang-inis, manira ng reputasyon, o magpahiya ng tao ay hindi kasiya-siya. Ang nakikita natin sa

lipunan ay kapag nagbabalatkayo at hindi nagpapakilala ang mga tao, mas nakagagawa sila ng ganitong klase ng paninira, na nakapipinsala sa mabubuting usapan. Nilalabag din nito ang mga pangunahing alituntunin na itinuro ng Tagapagligtas.

Hindi na kailangang magbalatkayo ang mabubuti upang itago ang kanilang totoong pagkatao.

Gampanang Mabuti ang Inyong Tungkulin

Malaki ang tiwala namin sa inyo. Ang pamunuan ng Simbahan ay taos-pusong naniniwala na maitatayo ninyo ang kaharian nang higit pa sa nagdaang henerasyon. Hindi lamang nasa inyo ang aming pagmamahal at tiwala, pati rin ang aming mga panalangin at basbas. Alam namin na ang tagumpay ng inyong henerasyon ay mahalaga para patuloy na mapatatag ang Simbahan at mapaunlad ang kaharian. Dalangin namin na gampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin habang umiiwas kayo sa pagsusuot ng balatkayo. ■

Mula sa debosyonang Church Educational System para sa mga young adult na ibinigay noong Marso 4, 2012, sa Brigham Young University-Idaho.

MGA TALA

1. Pakikipag-usap kay Abraham Foxman sa kanyang opisina sa New York City, New York, noong Hunyo 14, 2011.
2. Mark L. Staker, “Remembering Hiram, Ohio,” *Ensign*, Okt. 2002, 35, 37.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 25.
4. “Tapat sa Pananampalataya,” *Mga Himno*, blg. 156–57.
5. Mark Brent, sa “The Public Forum,” *Salt Lake Tribune*, Hulyo 27, 2011, A16.

NAGTIWALA SA AKIN ANG KAPATID KO

Tinulungan ako ni Dan na paghusayin ang talento na alam kong hindi ko taglay.

Ni David Dickson

Mga Magasin ng Simbahan

Ako ay 15 taon nang malaman ko ang tungkol sa aking mga talento—o sa mas malinaw na salita, na wala akong talento—sa isang partikular na larangan: hindi ako marunong kumanta.

Sinubukan kong sumali sa isang dula-dulaan sa lugar namin, at dahil wala sa tono ang a cappella ko kung kaya't sa kahalagahan ng pagkanta, umakyat ang manungtog at sinaliwan ako dahil naawa siya sa akin. Pagkatapos niyon, isinumpa kong hindi na nila ako maririnig na kumanta. Oras na para humanap ng ibang kahihilingan dahil tama na ang minsang kahihilingan.

Pero, ang aking kuya Dan, na napakagaling kumanta, ay may ibang pinaplano. Ilang buwan mula nang mag-audition ako, itinanong niya kung bakit takot akong kumanta nitong mga huling araw.

“Nahihiya ako,” sabi ko sa kanya. “Hindi ako marunong kumanta.” Ayaw maniwala ni Dan sa akin. Kahit panay ang tanggi ko, kinumbinsi pa rin niya akong kumanta. Ang tindi ng kaba ko.

Hindi ko na matandaan ang kinanta ko, pero maikli lang iyon, halos di marinig, at katibayan iyon na wala akong talento sa pagkanta. Ang sumunod na sinabi ni Dan ay hindi ko malilimutan kahit kailan. “Nakita mo na,” sabi

PALAKASIN ANG INYONG MGA KAPATID

“Palakas in ang ugnayan ninyong magkakapatid. Maaari silang maging pinakamatatalik ninyong kaibigan. Suportahan ninyo sila sa kanilang mga interes sa buhay, at tulungan sila sa mga problemang maaaring kinakaharap nila.”

Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 15.

niya, “alam ko na maganda ang boses mo. Kailangan mo lang magpraktis.”

Sa Doktrina at mga Tipan 38:25 itinuro sa atin na “pahalagahan ng bawat tao ang kanyang kapatid gaya ng kanyang sarili.” Kung pinagtawanan ako ni Dan at ang pagkanta ko, na maaaring gawin ng mga nakatatandang kapatid, walang dudang tinapos na niya ang pagtatangka kong kumanta, marahil nang habambuhay pa. Pero sa halip na gawin iyan, pinalakas ni Dan ang loob ko. Hinikayat niya ako.

Sa huli, sinunod ko ang payo niya at nagpraktis. Nagulat ako na unti-unting gumanda ang boses ko. Naging malaking kasiyahan sa akin ang pagkanta. Kumanta ako sa maraming koro noong hayskul at sa kolehiyo at kahit nang makatapos na

ako. Hanggang ngayon, ang pagkanta ang isa sa mga lubos na nagpapasaya sa akin.

Itinuro ng Tagapagligtas: “Masdan, ang mga tao ba ay nagsisindi ng kandila upang ilagay sa ilalim ng takalan? Hindi, kundi sa isang kandelerero, at ito ay nagbibigay-liwanag sa lahat ng nasa bahay” (3 Nephi 12:15). Napaningas ko ang liwanag na iyon, masayang ibinabahagi ang musika sa loob ng maraming taon, pero hindi ko magagawa iyon kung hindi ako hinikayat ng kapatid kong si Dan. ■



Ni Ann M. Dibb
Pangalawang Tagapayo
sa Young Women
General Presidency



MAY PATOTOO AKO TUNGKOL SA PAMILYA

Ilang taon na ang nakalipas, nakinig ako habang nagpapatotoo ang isang babae sa ward. Naaalala ko ang ibinahagi niya at ang nadama ko. Ipinagpasalamat ni Sister Reese ang kanyang mabuting pamilya at ang kanyang kagalakan at kapanatagan dahil alam niyang walang hanggan ang pamilya. Ipinadama sa akin ng Espiritu na taospuso ko ring ninanais na magkaroon ng gayunding pagpapala at patotoo tungkol sa pamilya.

Magmumungkahi ako ng ilang makatutulong sa inyo para magtamo kayo ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pamilya:

1. Mapanalangin hangarin ang inspirasyon mula sa Panginoon at itala ang inyong mga naisip at nadama habang nag-aaral kayo. Dalisayin ang inyong buhay sa pagsunod sa mga kautusan. Makatutulong ito sa inyo para maging marapat sa Espiritu, na gagabay sa inyo sa hangaring ito.

2. Basahin “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,”¹ na unang ipinahayag ng propeta halos 20 taon na ang nakararaan. Ang aking patotoo tungkol sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay napalalakas habang binabasa ko ang pahayag na ito at iniisip ang mga

pagbabagong nagaganap sa mundo patungkol sa pamilya. Sa pagbasa ninyo ng paghahayag, itala ang mga doktrina, payo, babala, at mga pangakong biyaya at ang personal na ibig sabihin nito sa inyo.

3. Pag-aralan ang mga salita ng mga propeta at mga General Authority. Ang kanilang mga salita ay binigyang-inspirasyon at magpapala sa mga naniniwala at sumusunod sa mga ito. Halimbawa, itinuro ni Pangu-long Thomas S. Monson: “Dapat na manguna sa ating buhay ang pamilya dahil ito lamang ang maaaring magiging pundasyon na maituturing ng grupo ng mga responsableng tao na angkop para mapatatag ang bukas at mapanatili ang mga pinahahalagahan nila ngayon.”²

4. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Naglalaman ito ng maraming halimbawa ng mga pamilyang matatag na nakasalig sa kabutihan, pagsunod, at pananampalataya sa patotoo kay Jesucristo. Basahin ang inyong mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon, at itanong “Anong mga turo ang magpapala sa akin kapag ipinamuhay ko ito sa aking pamilya at magiging pamilya?”

5. Pag-aralan ang Para sa Lakas ng mga Kabataan, lalo na ang bahagi tungkol sa “Pamilya.” Pag-aralan ang mga responsibilidad at pagpapala ng pamilya. Magtala ng kailangang gawin ng bawat miyembro para makabuo at manatiling nagkakaisa at nakasentro sa ebanghelyo ang pamilya. Alamin kung paano ninyo mapalalakas ang pagsasamahan sa inyong pamilya. Hanapin ang katiyakan at kaaliwang matatagpuan sa sidebar sa kanan.

Tunay ngang ang bawat bahagi sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*

ay direktang tumutukoy sa ugnayan ng pamilya at makapagpapabuti rito. Kapag sinusunod ng bawat miyembro ang mga pamantayan at kautusan, mapapasakanila ang Espiritu Santo at magiging marapat sa mga sagradong ordenansa at tipan sa templo na magpapala sa bawat pamilya ngayon at sa kawalang-hanggan.

6. Ipamuhay ang natutuhan ninyo sa inyong pag-aaral at



ANG PLANO NG DIYOS PARA SA PAMILYA

“Nais ng Diyos na isilang ang lahat ng Kanyang mga anak sa mundo bilang bahagi ng walang hanggang pamilya na may ina at ama na nagmamahal at nangangalaga sa isa’t isa at sa kanilang mga anak. Kung hindi ninyo nararanasan ito, magtiis at patuloy na mamuhay nang matwid. Humanap ng mga taong karapat-dapat na tularan. Paghandaan ngayon na gampanan ang inyong mga banal na tungkulin bilang asawa at bilang magulang. Matibay na mangakong makasal sa templo at bumuo ng sarili ninyong walang hanggang pamilya.”

Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 15.

ipamuhay ang natutuhan ninyo sa inyong pamilya (tingnan sa D at T 88:119).

Napakinggan ko ang mga nakaaantig na patotoo ng mga kabataang babae sa ginagawa nila tungkol sa pangatlong karanasan sa pinahahalagahan sa bahaging banal na katangian ng Pansariling Pag-unlad, kung saan pinagagawa ang mga kabataang babae ng bagay na magpapalakas sa ugnayan ng kanilang pamilya sa loob ng dalawang linggo (makikita rin ng mga kabataang lalaki ang planong kahalintulad nito sa *Pagtupad sa Aking Tungkulin sa Diyos* [2010], 80–81). Sabi ng isang kabataang babae, “Nakaranas ako ng himala. Mahal ko ang kapatid kong babae, at nangyari ito sa loob lang ng dalawang linggo! Gumawa ako ng mithiin na ulitin ito sa bawat miyembro ng aking pamilya taun-taon. Bakit? Dahil labis akong pinaligaya nito!”

7. Manalangin at maghangad ng inspirasyon mula sa Espiritu tungkol sa kahalagahan ng pamilya.

Maging matiyaga at mapagmasid. Darating ang patotoo sa pamamagitan ng Espiritu dahil “ang pamilya ay inorden ng Diyos” at “ito ang pinakamahalagang unit sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.”³

Alam ko na sa paggawa ng mga bagay na ito darating ang panahon na kayo, tulad ni Sister Reese, ay tatayo at ibabahagi na, “Ako ay nagpapatotoo tungkol sa pamilya, at ang kaalamang ito ay nagbibigay sa akin ng kaaliwan at kagalakan.” ■

MGA TALA

1. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. *Teachings of Thomas S. Monson*, comp. Lynne F. Cannegieter (2011), 112.
3. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.1.1.

MGA NAKATAGONG PANGANIB

Para maiwasang mahulog sa sinkhole o malaking butas, huwag lumihis ng landas!



Ni Joshua J. Perkey

Mga Magasin ng Simbahan

Sa tuktok ng Santa Cruz, isang pulo sa Galápagos, matatagpuan ang Los Gemelos, “the Twins.” Bawat isa sa malalaking sinkhole na ito ay kayang maglaman ng ilang football field. Mula sa gilid, para itong mga sinaunang tibagan na nagsu-suplay ng bato sa mga templong itinayo noong unang panahon.

Kahit na likas na maganda ang lugar, hindi naman lahat ay ganoon. Natatakpan ng maraming pananim ang kalupaan maliban lang sa mga daanan. Sadyang pinili ang matigas na bahagi ng lupa para gawing daanan. Ang lupa sa magkabilang panig ng daan, kahit puno ng mga palumpong, halaman, at pati mga puno, ay hindi ganoon katigas at katatag.

Kung aalis ka sa mga daanang nakapalibot sa Los Gemelos para galugarin ang gubat, posibleng makatapak ka sa lupa na hindi ganoon katigas para makaya ang iyong bigat. Gaano kalalim ang babagsakan mo? Hindi mo malalaman hangga’t hindi mo naaabot ang pinakaibaba. Ilan sa mga sinkhole sa Santa Cruz ay mahigit 100 talampakan (30 m) ang lalim. Ayon sa mga kuwento ng mga tao sa lugar, may isang sinkhole na napakalalim kung kaya’t hindi matagpuan ang pinakaibaba nito.

May tinutumbok na tiyak na ruta ang mga daanan—na maaaring hindi mo gugustuhing tahakin. Pero siguradong ligtas ka sa mga daanan at tiyak na may patutunguhan.

Mag-ingat sa Malambot na Lupa

Sa ebanghelyo, ang mga daan sa paligid ng Los Gemelos ay sumasagisag sa

maraming bagay, gaya ng mga kautusan, mga turo ng mga propeta, payo sa Tungkulin sa Diyos at sa Pansariling Pag-unlad, ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, at sa ebanghelyo mismo. Kapag nakikibahagi tayo sa ebanghelyo, kapag sinusunod natin ang mga turo ng propeta, kapag namumuhay tayo ayon sa paggabay ng mga kautusan, nadarama nating ligtas at payapa tayo. Kapag hindi natin ito ginagawa . . . manganganib ang mga bagay-bagay.

Kung minsan natutukso tayong tumigil sa pagsunod sa mga kautusan o balewalain ang mga turo ng Simbahan dahil pakiramdam natin ay mahigpit ito. Gusto nating piliin ang gusto nating gawin sa buhay.

Pero tulad ng mga daanan sa paligid ng Los Gemelos na tumutulong sa mga tao na makaiwas sa paglubog sa malambot na lupa, hindi hinihigpitan ng mga kautusan ang ating kalayaang pumili—sa halip, ibinibigay nito ang pinakamagandang pagkakataon para tayo lumigaya at magtagumpay. Lagi nating mapipili ang gusto nating gawin. Maaari nating piliin ang gusto nating paraan sa halip na sundin ang ipinlano ng Ama sa Langit para sa atin. Tiyak na hindi tayo makararating sa ating destinasyon nang mabilis kaysa kung susundin natin ang daanang subok na ligtas, at ang paghahanap ng sarili nating daan ay maaaring masakit at mahirap.

Ganoon din sa mga kautusan, gaya ng Word of Wisdom. Hindi tayo inaalisan ng Ama sa Langit at ng Kanyang Simbahan ng kalayaan sa pag-uutos na huwag tayong uminom ng alak. Puwede nating piliing sundin o hindi ang kautusang iyan. Pero kapag iyan ang pinili natin, pinipili rin natin ang mga ibubunga nito.



SA LANDAS

“Kaya nga, gawin ninyo ang mga bagay na sinabi ko sa inyo na nakita kong gagawin ng inyong Panginoon at inyong Manunubos; sapagkat . . . pagkatapos, kayo ay nasa makipot at makitid na landas patungo sa buhay na walang hanggan; oo, kayo ay nakapasok na sa pasukan; nagawa na ninyo ang alinsunod sa mga kautusan ng Ama at ng Anak; at inyong tinanggap ang Espiritu Santo, na sumasaksi sa Ama at sa Anak, tungo sa katuparan ng pangakong kanyang ginawa, na kung kayo ay papasok sa daan ay inyong tatanggapin” (2 Nephi 31:17–18).

Kung pipiliin nating labagin ang mga kautusang iyon, hinahayaan din nating mawala ang mga pagpapalang kaakibat nito. Ang pagpili ay hindi tungkol sa kung tayo ba ay pinahihintulatang uminom ng alak o hindi, o gawin ang bagay na ito o hindi. Tungkol ito sa kung gusto ba natin o hindi ang mga pagpapala ng kaharian ng langit at paggawa ng iniuutos sa atin ng Panginoon dahil mahal natin Siya at sumasampalataya tayo sa Kanya.

Kaligtasan sa Landas

Alam nina Jessica P. at Nory A., dalawang dalagita na nakatira sa Santa Cruz, ang mga bagay na ito. Pareho silang miyembro ng Simbahan at kapwa nila nakita ang mga pagpapalang dulot ng pagsunod sa mga kautusan. Kaunti lang ang mga miyembro sa Galápagos Islands (sa tinatayang 25,000 tao sa kanilang isla, 125 lang ang miyembro ng kanilang branch). Maaaring mahirap manatili sa makipot at makitid na landas (tingnan sa 1 Nephi

8:20; 2 Nephi 4:33; 31:17–19; Alma 7:19) kapag napaliligiran ng tuksong gaya ng alak at bawal na gamot.

Naranasan ni Nory ang mga pagsubok sa kanyang sariling pamilya. Isang taon mula nang mabinyagan ang kanyang pamilya, nabuklod sila sa Guayaquil Ecuador Temple. Hindi pa natatagalan, gayunman, huminto sa pagsisimba ang ilan sa mga miyembro ng kanyang pamilya. Matagal ding sila lang ng kanyang nanay ang nagsisimba. Paano siya nanatiling matatag?

“Family home evening,” sabi niya. “Kami lang ni Inay ang nagdaraos nito noon. Kalaunan nakibahagi na rin sina Kuya at Itay. At sa tuwing mag-aaral kami ng ebanghelyo, sasabihin ni Itay, ‘Para sa akin ito.’ Ngayon patuloy na siyang tumatag at pati na rin si Kuya.”

Iba naman ang hinarap na pagsubok ni Jessica. “Mahirap dahil ako lang ang miyembro ng Simbahan sa aming pamilya,” paliwanag niya. Ayaw ng ilang miyembro ng kanyang

pamilya na nagsisimba siya. Sa katu-nayan, nauuwi ito sa pagtatalo.

“Kung minsan iniisip mo na sana miyembro ng Simbahan ang mga magulang mo, ang pamilya mo,” sabi niya, “para makapagbahagi ka sa kanila ng mga bagay-bagay. Mahirap iyan.

“Kapag may problema ka, hindi ka matutulungan ng alak o ng nangyayari sa paligid mo. Sa halip ay pumupunta ako sa simbahan, kung saan naroon ang mababait kong kaibigan.

“Tinutulungan nila ako palagi. Kapag malungkot ako, nariyan lagi si Nory o ang ibang dalagita. Kapag nagsisimba ako, sumisigla ako. Hindi ko nararamdaman ang lahat ng problema ko sa buhay.”

Pagpili sa Tamang Landas

Nadama nina Jessica at Nory ang galak sa pamumuhay ng ebanghelyo. O sa madaling salita, masaya sila *dahil* ipinamumuhay nila ang ebanghelyo.

Ang mga kautusan, tulad ng mga daanan sa paligid ng Los Gemelos, ay hindi naghigpit sa atin. Ibinibigay ng mga ito ang gabay na kailangan para tayo maging perpekto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas (tingnan sa D at T 82:8–9). Kapag pinipili nating sundin ang mga kautusan, pinipili nating magpakita ng pagmamahal at katapatan sa Diyos. Pinipili nating maging marapat na makasama ang Espiritu Santo. Pinipili nating maging marapat na tumanggap ng inspirasyon, na maglingkod, na pumasok sa templo, at igo ang priesthood.

Higit sa lahat, pinipili nating pagsi-kapang kamtin ang buhay na walang hanggan sa selestiyal na kaharian kasama ang ating Ama sa Langit. Iyan ang landas ng kapayapaan at kaligayahan. ■



NAANTIG ng PATOTOO

Ni Michael Harken

Sa simula ng aking misyon, naglingkod ako sa maliit na lungsod sa South Korea. Isang maulan na araw wala kaming gaanong maturuan pero gusto pa naming makapagturo hanggang sa oras ng pag-uwi. Ipinasiya namin ng kompanyon ko na kumatok sa ilan pang pinto.

Sa isang bahay pinagbuksan kami ng isang babae, at kaagad nakipagusap sa kanya ang kompanyon ko. Bilang bagong missionary, nahihirapan pa akong umintindi ng wika, pero pagkaraan ng ilang minuto, kinausap na niya kami sa Ingles. Nalaman namin na mula siya sa Chicago, Illinois, USA, at lumipat dito kasama ang kanyang pamilya. Mangangaral ang kanyang asawa sa simbhang hindi sumasang-ayon sa ating mga paniniwala.

Mabait ang babae pero pursigidong patunayang mali ang Aklat ni Mormon at kumbinsihin kami na hindi tama ang simbahan. Nakatayo kami roon ng aking kompanyon habang sinisikap

niyang sagutin ang mahihirap na tanong ng babae. Sinubukang patotohanan sa kanya ng aking kompanyon na totoo ang Aklat ni Mormon at na makatutulong ito sa kanya, pero iginiit ng babae na mali siya.

Matapos ang 30 minutong pakikipagtalakayan habang nasa pintuan, tinanong niya ang kompanyon ko, “Saan tayo pupunta matapos ang buhay na ito?” Alam ko na handa siyang pabulaanan ang mga itinuturo ng kompanyon ko, gaya nang ginawa niya sa simula pa lang. Nagpatotoo ang kompanyon ko tungkol sa plano ng kaligtasan at na maaari nating makasama ang ating pamilya nang walang hanggan sa kahariang selestiyal. Bago pa siya magpatuloy, pinatigil siya ng babae at ipinaulit ang sinabi niya tungkol sa pagsasama-sama ng pamilya. Sinabi niyang muli ang sagot. Nadama ko nang lubos ang Espiritu, at nakita ko sa mga mata niya na may nakaantig din sa kanya. Matapos ang maikli ngunit napakalakas na

patotoong iyon, tumigil siya sa pakikipagpagtalo sa amin, tinanggap ang Aklat ni Mormon, at hiniling sa amin na bumalik kami para kausapin silang mag-asawa tungkol sa Aklat ni Mormon.

Naaalala ko na noong pauwi na kami nang gabing iyon, namamangha pa rin ako sa bisa ng patotoo ng aking kompanyon. Naaunawaan ko nang araw na iyon na ang patotoong ginabayan ng Espiritu ang pinakamabisang kasangkapang magagamit namin sa pagtuturo. Hindi ko malilimutan ang aking kompanyon at ang kanyang patotoo nang gabing iyon. Matapos ang karanasang iyon nagpasiya ako na kahit limitado ang kakayahan kong mag-salita ng Korean, sisikapin ko pa ring magpatotoo anuman ang mangyari. Nang gawin ko iyon, lalo kong nadama ang Espiritu. Natutuhan ko na nagaganap ang pinakamagandang pakikipag-ugnayan kapag nagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu. ■

Si Michael Harken ay nakatira sa Utah, USA.

Lugar Kung Saan Inilathala ang Aklat ni Mormon

Samahan ninyo ako sa paglilibot sa mahalagang lugar sa kasaysayan ng Simbahan!

Ni Jan Pinborough


Mga Magasin ng Simbahan

Noong tag-init ng 1829, pumunta si Joseph Smith sa gusaling yari sa pulang laryo sa Palmyra, New York, USA, kung saan naroon ang limbagan ni Mr. Egbert B. Grandin. Katatapos lang isalin ng propeta ang mga salita sa mga gintong lamina, at gusto niyang ilathala ni Mr. Grandin ang unang 5,000 kopya ng Aklat ni Mormon. Nang sumunod na tagsibol, inilimbag ang bagong aklat ng banal na kasulatan at handa nang mabasa ng mga tao.

Binisita ni Luke S., walong taong gulang, ang Grandin Building para malaman ang kamangha-manghang kuwento ng pagkaka-lathala ng Aklat ni Mormon 183 taon na ang lumipas sa buwang ito. ■

Ang bagong limbagan ni Mr. Grandin ay nakapaglilimbag ng 16 na pahina noon—doble sa nagagawa ng mga lumang limbagan.

Ang silid na ito ay may mga replika ng kasangkapang ginamit sa paglimbag ng Aklat ni Mormon.





Ang mga case na ito ay naglalaman ng maliliit na letrang tinatawag na type. Ang malalaking letra ay tinatawag na "upper case" dahil inilalagay ito sa itaas na mga case.



Inilalagay ng typesetter nang isa-isa ang letra sa kagamitang tinatawag na composing stick.



Ginagamit ang mga ink ball sa paglagay ng tinta sa type.

Isinasampay ang mga pahina para matuyo ang tinta.



Ang malalaking pahina, na tinatawag na signatures, ay dinadala sa bindery. Dito itinutupi, pinuputol sa maliliit na pahina, at tinatahi ang mga ito.

Ang Aklat ni Mormon ay unang ipinagbili noong Marso 26, 1830. Bawat kopya ay nagkakahalaga ng U.S.\$1.75. (Mga U.S.\$24 ang katumbas nito ngayon.) Karamihan sa mga tao noon ay kailangang magtrabaho nang mga dalawang araw para kitain ang halagang iyan.

Ngayon libu-libong kopya ng Aklat ni Mormon ang inilalathala bawat taon sa 85 iba't ibang wika. May mga bahagi ng aklat na isinasalin din sa 23 pang wika.



Gusto ni Joseph Smith na katad ang gawing pabalat at patatakan ng ginintuang mga letra ang Aklat ni Mormon, na gaya ng Biblia.

HINDI ITO MADALI!

Ang paboritong kuwento ni Luke sa Aklat ni Mormon ay ang pagkuha ni Nephi ng mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 3-4). Gusto niya ang pagiging masigasig ni Nephi na gawin ang iniutos ng Panginoon. May natutuhan si Luke na kahalintulad ng paglalathala ng Aklat ni Mormon. "Nalaman ko na hindi ito madali," sabi niya. "Kailangan nilang ilagay lahat ang mga letra nang pataob at patalikod!"



Ang Bagong Aklat ni Ric

Ni Laura Byrd

Batay sa tunay na buhay

"Tuwing ako'y mabait at matulungin sa iba, masaya akong talaga" (*"A Happy Helper,"* Children's Songbook, 197).

Hinahaplos-haplos ni Ric ang mga ginintuang letra sa pabalat ng kanyang bagong aklat. Lalong nag-umpukan sa kanya ang kanyang mga kaibigan.

"Ang ganda naman niyan!" sabi ni Jake. "Ngayon lang ako nakakita ng pulang Aklat ni Mormon."

"Parang magkakasya sa bulsa ng polo mo," dagdag pa ni Jarom.

"Kasya nga," sabi ni Ric, habang ibinubulsa ito at inilalabas ulit. Maya-maya pa binati na ng Primary president ang lahat para sa oras ng pagbabahagi, kaya huminto na sa pag-uusap ang mga bata. Pero hindi mapigil ni Ric na sulyapan ang kanyang aklat paminsan-minsan.

Nang tapos na ang Primary, dumaan si Ric sa nursery para kunin ang kanyang kapatid. Naroon na si Itay.

"Nakita mo ba si Inay mo?" tanong ni Itay.

"Hindi po, pero sana handa na siyang umuwi," sabi ni Ric. "Gutom na po ako!"

Kumakalam na ang tiyan ni Ric nang mahanap nila si Inay, pero ngumiti siya nang makita niyang kasama siya nina Brother at Sister Bird. Si Brother Bird ay nakatayo. Si Sister Bird ay nakaupo sa kanyang wheelchair, tulad nang dati. Sinabi noon ni Inay na maysakit si Sister Bird na tinatawag na multiple sclerosis, o MS, kaya nahahirapan siyang igalaw ang kanyang mga kalamnan. Kung minsan nasasaktan siya, pero lagi siyang nakangiti sa lahat. Sina Brother at Sister Bird ang ilan sa mga paborito ni Ric sa ward.

"O, kumusta na, iho," sabi ni Brother Bird habang kinakamayan si Ric. "Kumusta ang Primary?"



“Masaya po. Naipakita ko po ito sa lahat.” Inilabas ni Ric ang kanyang maliit at pulang aklat.

“Ano iyan?” tanong ni Sister Bird.

“Ito po ang bago kong Aklat ni Mormon. Ipinadala po ito ng lolo’t lola ko,” sabi ni Ric nang iabot niya ito kay Sister Bird.

“Ngayon lang ako nakakita nito,” sabi ni Sister Bird habang

pinaglilipat-lipat sa kanyang mga kamay ang maliit na aklat. “Ang liit at magaan. Gustung-gusto kong basahin ang Aklat ni Mormon, pero napapagod ang mga kamay ko sa paghawak ng mga banal na kasulatan kaya pahintu-hinto ako pagkatapos lang ng ilang minuto. Pero kaya ko itong hawakan nang matagal.” Isinauli niya ito.

Tiningnan ni Ric ang kanyang magandang aklat. Pagkatapos ay tumingin siya kay Sister Bird.

“Heto po, Sister Bird. Gusto ko pong ibigay ito sa inyo.” Ibinalik ni Ric ang Aklat ni Mormon sa kanyang mga kamay.



“Talaga?” tanong ni Brother Bird.

“Opo,” sabi niya.

“O, Ric, salamat sa iyo.” Napuno ng luha ang mga mata ni Sister Bird. “Kapag nagbabasa ako ng mga banal na kasulatan nakakayanan ko ang sakit. Malaking tulong sa akin ang munting aklat mo.” Ininat niya ang kanyang mga kamay at niyakap si Ric.

Habang papunta sila sa sasakyan, sinabi ni Inay, “Napakatahimik mo. Nalulungkot ka ba na ipinamigay mo ang iyong aklat?”

“Hindi naman po. Maganda nga iyon, pero may isa pa naman akong Aklat ni Mormon sa bahay. At saka, mas mahalaga naman ang nilalaman ng aklat kaysa sa pabalat nito.”

Magiliw na pinisil ni Inay ang kanyang balikat.

“Sana lang hindi malungkot sina Lolo’t Lola na ipinamigay ko ang aking Aklat ni Mormon.”

“Maniwala ka sa akin Ric, hindi sila magagalit.”

Nadama ni Ric na tama ang inay niya. ■

Si Laura Byrd ay nakatira sa Oregon, USA.



“Kung gagawin ninyo ang hindi madaling gawin, sasaya ang pakiramdam ninyo at ang kabaitan ay magiging bahagi na ng inyong buhay.”

Mary N. Cook, unang tagapayo sa Young Women general presidency, “Kaya’t Tandaan: Ang Kabaitan sa “Kin Nagmumula,” Liahona, Mayo 2011, 120.

Mga Tupa ni Megan

Ni Julina K. Mills

Batay sa tunay na buhay

"Paglingkuran ang isa't isa"

(Mosias 2:18).

“**K**ailangang may pakinabang ang mga hayop.” Pabalik-balik sa isip ni Megan ang sinabi ng kanyang tatay. Binabantayan ng mga aso ang mga tupa, at nangingitlog ang mga manok. Ang mga balahibo ng tupa ay naipagbibili. Tumutulong si Megan sa paggupit sa balahibo tuwing tagsibol, at parang natutunaw na niyebe ang hitsura ng makapal nilang balahibo sa luntiing bukid.

Pero naiiba ang mga tupa ni Megan. Mga bansot na tupa sila

PAGLALARAWAN NI GUY FRANCIS

na ipinanganak noong nakaraang taon, at dahil napakaliit, hindi sila makapagbigay ng balahibo na sapat na pantustos sa pagkain nila. Gusto ni Itay na dalhin na ang mga ito sa nagkakatay ng karne, pero napamahal na kay Megan ang mga munting tupa. Nakiusap siyang alagaan na lang ang mga ito, at pumayag naman si Itay. “Pero,” babala niya, “kailangang ikaw lang ang mag-alaga sa mga iyan.”

Noong una, OK lang ang lahat. Ipinambili ni Megan ng dayami ang pera para sa kaarawan niya nang magsimula nang kumain ang mga tupa. Pero ubos na ang perang iyon, at sinabi ni Itay na napakamahal kung hahayaang manginain ang mga tupa sa bukid na inuupahan niya sa labas ng bayan. Isa pa, alam ni Megan na bihira na lang niyang makikita ang mga ito kapag dinala na sila sa bukid. Napabuntung-hininga siya habang minamasdan niyang kinakain ng mga tupa ang natitirang dayami. Mauubos na ito

bukas, at kailangan niyang humanap ng paraan para mapakain ang kanyang mga tupa.

Hinaplos ni Megan ang puting balahibo sa ulo ng mga tupa habang nakasandal siya sa kulungan. Sa dikalayuan nakita niya si Mr. Flowers na nag-aalaga ng kanyang mga rosas. Sa banda pa roon, uugud-ugod na lumakad si Mrs. Wilmot para kumuha ng sulat. Si Mrs. Wilmot ay balo na at mag-isa na lang sa buhay. Kung minsan nangangalaykay ng mga dahon ang kapatid ni Megan para kay Mrs. Wilmot, pero lagi itong nagreklamo dahil hindi siya kayang bayaran ni Mrs. Wilmot.

Napansin ni Megan na matataas na ang damo kina Mrs. Wilmot. “Sasabihin ko sa kanya na maghahawan ako ng damuhan niya nang walang bayad,” pasiya ni Megan. “Pero hindi ngayon. Kailangan ko munang ihanap ng pagkain ang mga tupa ko.”

Biglang may naisip si Megan. May damuhan si Mrs. Wilmot, at may mga tupa si Megan na kailang-manginain—tamang-tamang kombinasyon! Mabilis na tinapik ni Megan sa ulo ang kanyang mga tupa at tumakbo papunta sa bahay


ni Mrs. Wilmot. Nang buksan ni Mrs. Wilmot ang pintuan, nginitian niya si Megan, natutuwa na may bisita siya. Nagkandabulol si Megan sa pagpapaliwanag ng kanyang ideya.

“Mrs. Wilmot, palagay ko po makatutulong ito sa ating dalawa!” ang patapos na sabi ni Megan. Pigil ang hiningang naghintay siya ng sagot.

“Palagay ko nga rin!” sabi ni Mrs. Wilmot. “May makakasama na ako, at mahahawan pa ang damuhan ko. Dalhin mo kaagad dito ang mga tupa bukas ng umaga.” Nginitian nina Megan at Mrs. Wilmot ang isa’t isa, at masayang umuwi ng bahay si Megan.


Ang sumunod na araw ang simula ng matagal at magandang pagkakaibigan. Dinadala ni Megan ang kanyang mga tupa sa bahay ni Mrs. Wilmot tuwing umaga bago siya pumasok sa eskwela, at tuwing hapon nakikipagkuwentuhan muna siya kay Mrs. Wilmot bago niya iuwi ang mga tupa sa gabi. Nahawan nang maayos ang damuhan ni Mrs. Wilmot sa tamang taas, at naging kapaki-pakinabang ang mga tupa ni Megan. ■

Si Juliana K. Mills ay nakatira sa Arizona, USA.



May kapitbahay kami na namasyal sa kagubatan, kung saan nakakuha siya ng mga kabuteng puweng-kainin. Binigyan niya ang pamilya namin, at tinulungan ko si Inay na lalinis ang mga ito. Nang tapos na kami, naisip ko ang kapitbahay ko at ang maraming kabuteng liliisan niyang mag-isa. Kumatok ako sa pintuan niya, at pinapasok niya ako, at tinulungan ko siya. Kung nakatira dito si Jesus, tutulungan din niya ang kapitbahay namin.

Jonatan L., edad 5, Sweden



Bakit napakahalaga ni Jesucristo sa atin?

Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay mga natatanging saksi ni Jesucristo.


Siya ang Lumikha sa atin.



Binigyan Niya ng kapangyarihan ng priesthood ang Kanyang mga Apostol at ang iba.



Tinatanglawan ng Kanyang mga turo ang landas ng ating mortal na buhay at ipinapakita ang daan pabalik sa Ama sa Langit.



Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagbibigay sa atin ng pagkaka-taon na mabiyayaan ng buhay na walang-hanggan.

Sa pamamagitan ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, mabubuhay tayong muli.

Ito ang pinakama-halagang kaalaman sa lupa. Inihayag ito sa akin ng Espiritu Santo, at ihahayag Niya ito sa inyo.

*Mula sa "Mga Turo ni Jesus,"
Liahona, Nob. 2011, 90–91, 93.*

Dahil SIYA ay Buhay

Ni Marivic Pasigay, Negros Occidental, Philippines
at ni Marissa Widdison, Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay

“Tunay na nagbangong muli ang Panginoon” (Lucas 24:34).

Tumigil sandali si Watoy sa ilalim ng makulay na bandila ng Pilipinas sa labas ng kanyang paaralan bago lumakad papasok.

“Magandang umaga, mga bata,” bati ng kanyang guro. “Oras na para magdasal.”

Idinantay ng mga kaibigan ni Watoy ang kanilang mga daliri sa kanilang mga noo, dibdib, at balikang para mag-antanda. Pagkatapos ay inusal na nila ang panalangin na lagi nilang sinasabi sa simula ng klase. Tulad nang dati, hindi nakisali sa kanila si Watoy. Sa halip ay pumikit siya, nagyuko ng ulo at nagdasal nang tahimik. Iba-iba ang ipinagdarasal niya sa bawat pagkakataon, gaya nang pagdarasal na itinuro sa kanya sa tahanan at sa Primary.

Nang matapos na siya at tumingala, nakita niyang nakatingin sa kanya ang guro na tila naguguluhan.

“Maaari ba kitang makausap mamayang uwian?” sabi niya.

Napalunok si Watoy at tumango. Mapapagalitan kaya siya?”

Nang matapos na ang klase sa araw na iyon, lumapit ang titser kay Watoy.

“Nakita ko na hindi ka nag-antanda noong nagdasal tayo kaninang umaga,” sabi niya. “Maaari bang ipaliwanag mo sa akin kung bakit?”

Nakahinga nang maluwas si Watoy. Hindi naman galit ang guro niya, nagtataka lang! Inisip niya kung paano sasagot.

“Kasi po,” simula niya, “sa simbahan namin, kapag nagdarasal kami, nagsasabi kami sa Ama sa Langit ng iba-ibang bagay. At iyon pong krus nagpapaalala sa amin na namatay si Jesus. Pero hindi po patay si Jesus. Buhay po Siya!”

Sandaling pinag-isipan ito ng guro at pagkatapos ay dahan-dahang tumango.

“Salamat at ibinahagi mo iyan sa akin,” sabi niya.

Habang papunta si Watoy sa praktis ng football, masaya at maganda ang pakiramdam niya. Gusto niyang turuan ang iba tungkol kay Jesucristo. ■



Tuwing Pasko ng Pagkabuhay, ipinagdiriwang natin ang buhay ni Jesucristo. Ang countdown para sa Pasko ng Pagkabuhay sa mga pahina 68–69 ay makatutulong sa inyo na maging handa sa espesyal na araw na ito.

Magagamit ninyo ang aralin at aktibidad na ito para matutuhan pa ang iba tungkol sa tema ng Primary sa buwang ito.

Si Jesucristo ang Ating Tagapagligtas

Noong bata pa si Elder LeGrand R. Curtis Jr. ng Pitumpu, sila ng kanyang kapatid na babae ay naglalaro sa maliit na bangka sa ilog. Noong una ay masaya ang paglalaro nila, pero nang lumayo na sa pampang ang bangka, nakita nila na inaanod sila patungo sa mapanganib na bahagi ng ilog.

Humingi ng saklolo ang mga bata. Narinig sila ng kanilang ama at nagmamadaling pinuntahan ang bangka at sila'y sinagip. Iniligtas niya sila, isang bagay na hindi nila kayang gawin para sa kanilang sarili. Ginawa niya ito dahil mahal niya sila.

Kung minsan pumipili tayo ng mali at gumagawa ng mga espirituwal na bagay na naglalayo sa atin sa ating Ama sa Langit. Ipinadala ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Anak, si Jesucristo, upang iligtas tayo. Nagdusa si Jesucristo para sa ating mga kasalanan para makapag-sisi tayo at makabalik nang ligtas sa piling ng Ama sa Langit. Ginawa ng Tagapagligtas ang bagay na hindi natin magagawa para sa ating sarili. Handa Siyang gawin ito dahil mahal Niya tayo. ■

AWIT AT BANAL NA KASULATAN

- "Isinugo, Kanyang Anak"
(*Aklat ng mga Awit Pambata*, 20)
- Juan 3:16



MGA PROPETANG NAGPATOTOO TUNGKOL SA TAGAPAGLIGTAS

Itugma ang bawat patotoo sa ibaba sa larawan ng propeta na nagsabi nito. Isulat sa kahon ang numero ng propeta.

"At nakita natin at sinasaksihan na sinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan" (1 Ni Juan 4:14).

"Samakatwid, ang buong sangkatauhan ay nasa ligaw at nahulog na kalagayan, at maliligtas lamang kung sila ay aasa sa Manunubos na ito" (1 Nephi 10:6).

"Alam kong si Jesucristo ay paparito, oo, ang Anak, ang Bugtong ng Ama, puspos ng biyaya at awa, at katothanan. At masdan, siya itong paparito upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan, oo, ang mga kasalanan ng bawat taong matatag na naniniwala sa kanyang pangalan" (Alma 5:48).

"At ito ay mangyayari na sinuman ang maniwala sa Anak ng Diyos, siya rin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (Helaman 14:8).

"Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17).

Si Jesus ay . . . ang Bugtong na Anak ng Ama sa laman. Siya ang ating Manunubos; Siya ang ating Tagapamagitan sa Ama. Siya yaong namatay sa krus para pagbayaran ang ating mga kasalanan" ("*Buhay ang Aking Manunubos!*" *Liahona*, Mayo 2007, 25).



1. Alma



2. Joseph Smith



3. Samuel ang Lamanita



4. Juan



5. Pangulong Thomas S. Monson




6. Lehi

MAG-USAP TAYO

Kantahin ang "Isinugo, Kanyang Anak" at talakayin ang mga tanong sa awiting ito. Isipin ang magagawa ninyo bilang pamilya upang mamuhay na tulad ni Jesucristo.

Paggunita sa Pasko ng Pagkabuhay



Maaari mong gamitin itong countdown activity upang makapaghandha sa Pasko ng Pagkabuhay, na panahon para gunitain at ipagdiwang ang buhay ni Jesucristo, Kanyang Pagbabayad-sala, at Pagkabuhay na Mag-uli. Gupitin sa bahaging may marka ang larawan sa kaliwa para gawing puzzle. Isang linggo bago ang Pasko ng Pagkabuhay, pumili ng isang puzzle kada araw. Hanapin kung saan ito akma sa ibaba at gawin ang nakasulat sa paglalagyan bago idikit o iteyp dito ang piraso ng puzzle. Kapag nabuo mo na ang larawan, sumapit na ang Pasko ng Pagkabuhay! ■

Kantahin ang isang awitin ng Primary na tungkol kay Jesucristo. Paano mo matutularan ngayon ang Kanyang halimbawa?

Basahin ang isinulat ng mga buhay na Apostol tungkol kay Jesucristo: “Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating” (“Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” Liahona, Abr. 2000, 2–3).

Nakikibahagi tayo ng sakramento bawat linggo para alalahanin si Jesucristo. Ano ang magagawa mo para maging lalong tahimik at mapitagan sa sacrament meeting sa Linggo?

Kantahin ang iyong paboritong awitin sa Pasko. Ano ang naaalala mo sa natutuhan mo tungkol sa pagsilang ni Jesucristo?

Basahin ang Juan 3:16–17 kasama ang iyong magulang at pag-usapan ang ibig sabihin nito. Paano mo malalaman na mahal ka ng Ama sa Langit?

Basahin ang kuwentong “Dahil Siya ay Buhay” sa pahina 65. Paano ka makapagbabahagi ng magandang mensahe tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay sa iyong mga kaibigan?

Magdrowing ng larawan ng paborito mong kuwento sa banal na kasulatan tungkol kay Jesus. Maaari kang magpatulong sa mga magulang mo para mapanood ang The Life of Jesus Christ Bible Videos sa biblevideos.lds.org at makakuha ng ilang ideya.

Isang Regalo mula sa Ama sa Langit

Ni Chad E. Phares

Mga Magasin ng Simbahan

Batay sa tunay na buhay



Masaya si Isabelle na tagsibol na. Gusto niyang pakinggan ang mga ibon. Gusto niyang maglaro sa luntiang damuhan.

Masaya si Isabelle dahil Pasko na ng Pagkabuhay. Alam niyang espesyal na araw ang Paskua. Sa Paskua ay ipinagdiriwang natin ang pagkabuhay na muli ni Jesus.



Sa Primary, binigyan ni Sister Martin ng krayola ang lahat ng bata sa klase. Pinadrowing niya sa kanila ang pinakamagandang regalong ibinigay sa kanila ng Ama sa Langit.

Nagdrowing si Michael ng larawan ng kanyang pamilya.

Larawan naman ng kanyang kaibigan ang idinrowing ni Eliza.

Nagdrowing si Anthony ng larawan ng bahay nila.



Tiningnan ni Isabelle ang mga drawing. Magaganda lahat ito.

Inisip ni Isabelle kung ano ang idodrawing niya. Masaya siya na may pamilya siya. Masaya siya na may mga kaibigan siya. Masaya siya na may bahay siya.



Inisip ni Isabelle ang isa pang regalong ibinigay ng Ama sa Langit sa lahat ng tao. Ibinigay Niya sa lahat ang isang Tagapagligtas. Dinampot ni Isabelle ang kanyang mga krayola. Nagdrowing siya ng larawan ni Jesucristo.

Tinanong ni Sister Martin si Isabelle kung ano ang idinrowing niya.

“Nagdrowing po ako ng larawan ni Jesus,” sabi ni Isabelle. “Siya ang pinakamagandang regalo.” ■



Si Jesucristo ay Buhay

Ni Chad E. Phares

Mga Magasin ng Simbahan



Matapos ipako sa krus si Jesus, Siya ay nabuhay na mag-uli. Ibig sabihin nabuhay na muli ang Kanyang katawan at Siya ay mabubuhay magpakailanman. Dahil sa Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, mabubuhay rin tayo magpakailanman.

Tingnan ang mga larawan na nagpapakita ng ilan sa mga pangyayari sa buhay ni Jesus. Isulat ang 1, 2, 3, o 4 sa mga kahon para maipakita ang pagkakasunud-sunod ng pangyayari.



MGA BALITA SA SIMBAHAN

Bisitahin ang news.lds.org para sa iba pang mga balita at kaganapan sa Simbahan.

Hinikayat ng mga Lider ang mga Miyembro na Pag-ugnayin ang Family History at Templo

Ni Heather Whittle Wrigley

Mga Balita at Kaganapan sa Simbahan

Noong Oktubre 2012 naglabas ng isang liham ang Unang Panguluhan na nananawagan sa mga miyembro na gawan ng ordenansa sa templo ang sarili nilang pamilya at kamag-anak at inilalahad ang limang mahahalagang punto upang matulungan ang mga miyembro na lalo pang masiyahan sa paggawa ng family history at pagpunta sa templo.

Makatutugon ang mga miyembro sa panawagan na hanapin, ihanda, at ibigay ang mga pangalan sa templo sa pamamagitan ng paggamit ng mga tool at resources na iminumungkahi sa LDS.org at FamilySearch.org. Ang mga punto na inilalahad sa liham ng Unang Panguluhan ay:

1. “Kapag nahanap ng mga miyembro ng Simbahan ang mga pangalan ng kanilang mga ninuno at dinala ang mga pangalang iyon sa templo para magawan ng mga ordenansa, lalo pang mapagaganda ang karanasan sa templo.”

Sinabi ni Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Anumang gawain na ginagawa ninyo sa loob ng templo ay hindi pagsasayang ng panahon, bagkus ang pagtanggap ng mga ordenansa para sa isa sa mga yumao ninyong ninuno ay lalong magpapabanal sa oras na ginugol sa templo at mas malalaking pagpapala ang matatanggap. Ipinahayag ng Unang Panguluhan, “Ang pinakamahalagang obligasyon natin ay hanapin at tukuyin ang *sarili nating* mga ninuno” (“Ang Kagalakan ng Pagtubos ng mga Patay,” *Liahona*, Nob. 2012, 93–94).

Sa LDS.org, alamin pa kung bakit iniuutos sa atin na maghanda ng mga pangalan mula sa sarili nating pamilya na dadalhin sa templo sa pagklik sa **Resources, Family History**, at **Bakit kailangang magsagawa tayo ng mga ordenansa sa templo para sa sarili nating mga ninuno?** (ang video ay nasa ilalim ng **Why Do We Do Family History Work?**).

2. “Hinikayat ang mga miyembrong limitado ang kakayahan sa pagsaliksik ng sariling family history na magsagawa ng mga ordenansa para sa mga pangalan na inilaan ng iba pang mga miyembro o ng templo.”

Maraming miyembro ng Simbahan ang malayo sa mga templo. Hinikayat ng mga lider ng Simbahan ang mga miyembrong ito na gawin ang lahat ng kanilang makakaya. Ang mga miyembro na malayo sa templo ay makapagsaliksik ng family history at maipagagawa sa iba ang mga ordenansa sa templo.

Maaaring nag-aatubili nang pumunta sa templo ang ibang mga miyembro dahil lahat ng pagsaliksik at gawain sa family history na dapat gawin para sa kanilang mga ninuno ay nagawa na. Hinikayat ang mga miyembrong ito na patuloy na magpunta sa templo, at mas mainam kung magdadala sila ng mga pangalan ng pamilya ng ibang mga miyembro.

Sa lds.org/temples, **Find a Temple** matutulungan kayo na maghanda sa susunod na pagpunta ninyo sa templo.

3. Ang mga kabataan at young single adult ay lalong hinikayat “na gawan ng ordenansa sa templo ang sarili nilang kaanak o ang mga ninuno ng mga miyembro ng kanilang ward at stake.”

“Kayong mga kabataan, gusto ba ninyo ng isang tiyak na paraan para maalis ang impluwensya ng kaaway sa inyong buhay?” tanong ni Elder Scott. “Lubos na makibahagi sa paghahanap ng inyong mga ninuno, ihanda ang kanilang pangalan para sa mga sagradong ordenansa na maisasagawa sa templo, at magpunta sa templo para magsilbing proxy nila sa pagtanggap ng mga ordenansa ng binyag at kaloob na Espiritu Santo. Sa pagtanda ninyo, magagawa ninyong makibahagi sa pagtanggap ng iba pang mga ordenansa. Wala akong maisip na mas mainam na proteksyon laban sa impluwensya ng kaaway sa inyong buhay” (“Pagtubos sa mga Patay,” 94).

Sa bahaging Family History ng LDS.org, sa ilalim ng **Getting Started**, ay makikita rin ang limang hakbang sa paghahanda ng mga pangalan ng kaanak para sa templo.

4. Dapat tiyakin ng mga lider ng priesthood na lahat ng miyembro ay “natututuhan ang doktrina tungkol sa pagbaling ng kanilang mga puso sa kanilang mga ama at ang mga pagpapala sa pagpunta sa templo.”

Ang *To Turn the Hearts* ay isang gabay na mapagkukunan ng lider na inilaan bilang suplemento sa



Ang Simbahan ay maraming resources na makukuha na nakalathala at nasa Internet upang tulungan ang mga miyembro na maunawaan ang mga dahilan sa paghahanda ng mga pangalan ng kaanak para sa templo at paano ito gawin.

Handbook 2: Administering the Church upang tulungan ang mga lider ng priesthood sa ward at stake sa pagtulon sa mga miyembro sa kanilang mga responsibilidad na saliksikin ang kanilang yumaong kaanak at magsagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa sa templo para sa kanila. Kinapapalooban ito ng mga video na nagdodokumento kung paano ginamit ng ilang stake ang templo at gawain sa family history upang mapalakas ang bawat tao at pamilya.

Galugarin ang leader resources sa LDS.org sa pag-klik sa **Resources, All Callings, Family History, at Leader Resources**.

5. Yaong may “nakareserbang napakaraming pangalan ng mga

kamag-anak [ay hinihikayat] na ibigay kaagad ang mga pangalang ito para maisagawa na ang kailangang mga ordenansa.”

Sa kasalukuyan may 12 milyong pangalan sa FamilySearch.org na inireserba ng mga miyembro ng pamilya na may layong isagawa mismo nila ang mga ordenansa para sa kanilang mga ninuno. Maraming pangalan, gayunpaman, ang ilang taon nang nakareserba.

“Maaaring hindi masyadong masaya ang [mga ninuno] kapag kailangan pang maghintay sila para maisagawa ang mga ordenansa para sa kanila,” sabi ni Elder Scott. “Hinihikayat namin kayong may maraming inireserbang pangalan na ipagawa

ito sa iba para ang mga kamag-anak ninyo o ang mga miyembro ng ward at stake ay makatulong sa inyo sa pagkumpleto ng gawaing ito. Magagawa ninyo ito sa pagbibigay ng mga temple card sa mga miyembro ng ward at stake na handang tumulong o sa paggamit ng FamilySearch computer system upang direktang maisumite ang mga pangalan sa templo” (“Pagtubos sa mga Patay,” 94).

Sa bahaging **Getting Started** na binanggit sa itaas, sa ilalim ng **I Want to Share Names with Others**, magklik sa **Watch Video**, pagkatapos ay panoorin ang video na **Releasing Names for Temple Work** para sa impormasyon tungkol sa pagbabahagi ng mga nakaserbang pangalan. ■

Kailangan ang Tulong ng mga Media Professional sa mga Proyekto ng Simbahan

Ni Ryan Morgeneegg

Mga Balita sa Simbahan

Sa pagsisikap na lalo pang maunawaan ang kuwento tungkol sa Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo, binuo ng Publishing Services Department ang Media Professional Database (mediapro.lds.org), isang direktoryo para sa mga media professional na interesado sa paggawa at pag-produce ng pelikula, video, broadcast, live na mga kaganapan, at digital media

Ang pangunahing layunin ng database ay matukoy ang mahuhusay na mga media professional sa buong mundo, at gusto ng Simbahan na isama hangga't maaari ang maraming “beterano”—o lisensyadong—mga propesyonal, indibiduwal, at kompanya. Sinabi ni Scott Olson, project manager para sa database, “Ang Simbahan ay naghahanap

Sa tulong ng Media Professionals Database, magagamit ng Simbahan ang mga team ng mga media professional sa iba't ibang bansa para mag-shoot ng video sa iba't ibang dako ng mundo nang mas mabilis at matipid.

ng mahuhusay na propesyonal na ilang taon nang nagtatrabaho. Hindi ito database para sa mga naglilibang lamang.”

Noon kapag kailangang matapos ang isang media project, ang mga lokal na kontratista sa Utah ay tatanggapin sa trabaho at pupunta sila sa isang lugar para mag-video shoot o tapusin ang proyekto at pagkatapos babalik sila at kukumpletuhin ito sa headquarters ng Simbahan. Ang Simbahan ay may mga audiovisual professional na gumagawa sa mga proyekto, ngunit napakarami pang mga media project na kailangang tapusin na hindi magagawang lahat ng mga tauhan ng Simbahan. Ang database ng mahuhusay na propesyonal sa buong mundo ay mahalaga sa mga media project ng Simbahan sa hinaharap.

Sinabi ni Brother Olson, “Para lubos at epektibong magamit ng Simbahan ang MediaPro, kailangang mas marami pang propesyonal mula sa iba't ibang dako ng mundo ang idagdag dito. Ang mithiin namin para sa site ay makakuha ng mahuhusay na media professional na nakapasok na sa database ng Simbahan nang sa gayon kapag nagkaroon ng proyekto saanman sa mundo, makokontak namin sila at madaling masisisimulan ito.”

Dapat ipadala ng isang media professional na gustong mapabilang sa mga proyekto ang kanilang pangalan, email address, at maikling talambuhay sa mediapro@ldschurch.org. Pupunan ng mga media professional ang isang bahagi ng impormasyon tungkol sa detalyadong kasaysayan ng kanilang trabaho, pati na ang mga halimbawa ng kanilang mga nagawa, listahan ng mga kasanayan, at kailan sila maaaring magtrabaho. Sinabi ni Brother Olson, “Mahalaga na maging partikular kayo sa inyong mga kasanayan dahil ang ilang mga kasanayan ay karaniwan sa video, film, at sa web.”

Ang pagrehistro sa MediaPro ay hindi garantiya na makakapagtrabaho sa Simbahan, ngunit kung hindi nagrehistro ang mga propesyonal, hindi sila magkakaroon ng pagkakataon. Ang pagrehistro ng kanilang impormasyon at mga kasanayan ay nagtutulong sa Simbahan na makilala sila at malaman kung ano ang magagawa nila. ■



PAGLALARAWAN NI MATTHEW REER

Lalo pang Nakikilala ang Simbahan sa South America, Pag-uulat nina Elder Oaks at Elder Bednar

Ni Jason Swensen

Mga Balita sa Simbahan

Ang pambungad na bahagi ng Doktrina at mga Tipan ay kinapapalooban ng propesiya na ang Simbahan ay lababas “mula sa pagkakatago at mula sa kadiliman” (1:30). Marahil dumating na nga ang araw na iyan sa maraming lugar sa South America.

“Tayo ay lumabas mula sa pagkakatago at kadiliman,” sabi ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol pagkatapos niyang bumalik mula sa South America noong Oktubre. “Ang katotohanang iyan ay nakita sa kung paano kinikilala ng mga opisyal ng gobyerno [ng South America] ang Simbahan at kung paano tinatanggap ang mga kinatawan ng Simbahan kapag sila ay dumarating.”

Si Elder Bednar kasama si Elder Dallin H. Oaks, na miyembro din ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay bumisita noong Oktubre 19–28 sa South America South Area na kinapalooban ng paglilibot sa area, mga missionary at priesthood leadership meeting, at mga debosyonal para sa mga kabataan at young single adult na ibinrodkast sa Chile, Argentina, Uruguay, at Paraguay.

Pinulong ng mga dumalaw na lider ang mahigit 1,800 missionary na naglilingkod sa apat na bansa ng area. “Kinamayan namin ang lahat ng mga misyonerong nakadaupang-palad namin, at mabuti naman sila,” sabi ni Elder Oaks. “Sila ay kahanga-hangang grupo ng mga missionary mula sa North at South America.”

Tinatayang 15,000 tao ang nanood sa dalawang debosyonal para sa mga kabataan at young single adult. Si Elder Oaks ang nangulo sa debosyonal para sa young single adult, na ibinrodkast sa 326



RETRATO SA KAGANDAHANG-LOOB NG SOUTH AMERICA. SOUTH MISSION AT CHURCH/NEWS

na lokasyon sa buong area. Si Elder Bednar ang nangulo sa debosyonal para sa mga kabataan, na napanood ng mga kabataan na edad 12 hanggang 18 at ng kanilang mga magulang na nagtipon sa 439 na lokasyon.

Sa bawat training at debosyonal, nagsalita ang bumisitang mga Kapatid tungkol sa kahalagahan ng pagtamo ng “tunay na pag-unlad” sa pamamagitan ng palaging pagdalo sa sacrament meeting, mga endowment at kasal sa templo, at pagmimisyon ng mga kabataan.

Sa debosyonal para sa mga kabataan, inanyayahan ang mga kabataang lalaki at babae na magtanong. Sinagot ng mga General Authority ang maraming iba’t ibang tanong tungkol sa paghahanda sa pagmimisyon at pananatiling matwid sa mundong lalo pang nagiging masama.

Pinayuhan din ng mga Kapatid ang mga lider ng priesthood sa lugar na ang tunay na pag-unlad ay matatamo lamang ng area kapag lalo pang dumami ang misyonero at napanatiling aktibo ang mga miyembro. Kinakailangan ang isang grupo ng mga aktibong returned missionary upang matiyak ang pagkakaroon sa hinaharap ng mahuhusay na lider, ang sabi ni Elder Oaks.

Inilarawan ni Elder Mervyn B. Arnold ng Pitumpu, Area President ng panahong iyon, ang pagdalaw ng mga General Authority at kanilang asawa bilang isang bagay na “nagbigay-inspirasyon, sigla at kaalaman” sa kanila.

“Hindi malilimutan ang kanilang pagmamahal, kabaitan, at pagtuturo,” ang sabi niya. ■

Nakausap ni Elder Dallin H. Oaks ng Korum ng Labindalawang Apostol ang arsobispo ng Santiago, Chile, na si Monsignor Ricardo Ezzati Andrello.

Muling Inilaan ni Pangulong Monson ang Boise Temple

Ni Sarah Jane Weaver

Mga Balita sa Simbahan

Noong Nobyembre 2012, muling inilaan ni Pangulong Thomas S. Monson ang Boise Idaho Temple—istrukturang orihinal na inilaan noong 1984 at kalaunan ay isinara sa loob ng 15 buwan para sa malawakang renobasyon.

Sa gabi bago ang muling paglalaan, isang grupo ng 9,200 kabataan ang nagsama-sama para sa kultural na pagdiriwang ng kabataan. Maraming kabataan ang sumali kaya napuno ang Taco Bell Arena sa kampus ng Boise State

Ipinahayag ni Pangulong Thomas S.

Monson ang kanyang pagmamahal at pasasalamat sa mga miyembro ng Simbahan sa kultural na pagdiriwang isang gabi bago niya muling ilaan ang Boise Idaho Temple.

University, at ang kanilang pamilya at iba pa ay kailangang magtipon sa malayong lugar para mapanood ang programa, na ibinrodkast sa mga stake center sa buong temple district.

Ang pagtatanghal ay hindi gaanong nakatuon sa pagsasayaw kundi sa paghahanda para sa templo, sabi ni Gary Walker, ang subcommittee chairman sa kultural na pagdiriwang ng mga kabataan.

Sa pagdiriwang, sinabi ni Pangulong Monson sa mga kabataan na ang templo ay “nagliliwanag bilang simbolo ng kabutihan sa lahat na sundan ang liwanag nito. . . . Pinahalagahan natin ang liwanag na iyan, at pinasasalamat natin ang Ama sa Langit sa mga pagpapalang dulot sa ating buhay ng templong ito at ng lahat ng templo.”

Dumalo rin rin si Elder Bednar sa mga sesyon ng paglalaan nang araw ng Linggo, dito ay itinuro niya, “May kasiglahan, liwanag, at ningning na nagmumula sa templo saanman ito naroon sa mundo.”

Ang Boise Idaho Temple ay naglingkod sa tinatayang 100,000 Banal sa mga Huling Araw mula sa 31 stake sa sakop ng area. ■

Naghahanda ang Simbahan ng mga Materyal sa Internet para sa mga Aktibidad ng Kabataan

Sa pagsisikap na palakasin ang mga kabataang lalaki at babaeng Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo, naghahanda ang Simbahan ng mga materyal sa internet para sa mga aktibidad ng kabataan. Ang bagong bahagi sa LDS.org na tungkol sa mga aktibidad ng kabataan ay nililikha upang tulungan ang mga lider ng mga kabataan at ang kanilang mga adult adviser na magplano ng makabuluhang mga aktibidad para sa mga korum ng Aaronic Priesthood at mga klase ng Young Women sa mga stake at ward sa buong Simbahan.

Ang site ay nilayong suportahan ang patuloy na pagbibigay-diin ng Simbahan sa pagpapalakas sa mga kabataan, na nabigyang-diin din sa mga pagbabago kamakailan sa edad na kailangan upang makapaglingkod sa full-time mission, gayon din sa bagong materyal sa pag-aaral ng mga kabataan na *Come, Follow Me*, at sa mga imbitasyon sa mga kabataan na makilahok sa family history.

Para sa mga kabataang lalaki, pinupunan ng site na ito ang espirituwal na programang Tungkulin sa Diyos na may mga materyal para sa pagpapabuti ng pangangatawan, pakikisama, at pag-aaral ng mga kabataan. ■



© IRI



Maraming LDS volunteer mula sa Czech at Slovak Republic ang masayang nagtrabaho kahit mainit ang panahon sa loob nang maraming oras sa matarik na pampang ng Zilina reservoir para mamulot ng mga bote, papel, plastik, karton, Styrofoam, at iba pang mga basura noong araw ng paglilingkod noong Setyembre 2012.

Araw ng Paglilingkod sa Slovak Republic

Mahigit 130 miyembro mula sa Czech at Slovak Republic pati na ang dating mga missionary sa Czech at Slovak ang nagsama-sama sa Zilina, Slovak Republic, noong Setyembre 8, 2012, para maglingkod sa lungsod—nilinis ang 1.5 tonelada (1.3 tonnes) ng basura mula sa pampang ng Zilina reservoir, pinaganda ang gusali ng kindergarten at nursery, at inalisan ng damo ang mga halaman sa lungsod.

“Nakatutuwang makita na masisipag ang mga boluntaryo at sila ay nakangiti at masaya!” ang sabi ng boluntaryong si Hana Snajdarova, na ang pamilya ay isa sa mga unang miyembro sa Simbahan sa Slovakia. “Siguro iyan ang dahilan kaya lubos kaming nasisiyahan sa paglilingkod. Gusto naming tumulong—maglingkod—at gustung-gusto namin ito.”

Makukuha na ang Aklat na Naglalaman Lamang ng Bagong Tipan sa Wikang Espanyol

Inilathala kamakailan ng Simbahan ang aklat na naglalaman lamang ng bersyon ng Bagong Tipan mula

sa Espanyol na *Santa Biblia: Reina Valera 2009*, kaya ang mga banal na kasulatan ay mas mababasa at madali nang makuha ng mga miyembro at hindi miyembro ng Simbahan.

Ang bagong bersyon na ito ay standard size at naglalaman ng teksto ng Bagong Tipan, mga tala-baba, at mga piniling bahagi mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith.

Ang aklat na naglalaman lamang ng Bagong Tipan sa wikang Espanyol ay may malambot na pabalat at makukuha sa mga Church distribution center o store.lds.org (aytem blg. 09215002).

Pagbabago sa South America South Area Presidency

Noong Enero 6, 2013, si Elder Walter F. González ay ini-release bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu at hinalinhan si Elder Mervyn B. Arnold bilang Pangulo ng South America South Area sa Buenos Aires, Argentina. Si Elder Arnold ay tumanggap ng bagong tungkulin sa headquarters ng Simbahan.

Sina Elder Jorge F. Zeballos at Elder Francisco J. Viñas ay patuloy na maglilingkod bilang mga tagapayo sa Area Presidency.

“Pinasasalamatan namin ang tapat na paglilingkod ng mga kapatid na ito at hangad na magampanan nila ang kanilang mga tungkulin,” ayon sa liham ng Unang Panguluhan.

Nagsaya ang mga Banal sa Botswana sa Pagkakaroon ng Unang Stake

Noong Nobyembre 2012 halos 900 miyembro ng Simbahan ang nagtipon sa Botswana, Africa, upang saksihan ang pag-organisa ng bagong Gaborone Botswana Stake—ang unang stake sa bansa.

Nangulo si Africa Southeast Area President Elder Dale G. Renlund at si Elder Colin H. Bricknell, Area Seventy, sa pulong. Si Clement M. Matswagothata ay tinawag bilang stake president, si Geoffrey Tembo bilang unang tagapayo, at Oduetse S. Mokweni bilang pangalawang tagapayo.

“Ang stake ay magiging isang kanlungan, isang lugar ng pag-aaral, kabutihan at kaligtasan, isang lugar ng kaayusan, kabaitan at pagmamahal, at lugar ng Diyos,” ang sabi ni Daniel Hall, pangulo ng Ro-odepoort South Africa Stake.

ANG PAGESAGIP NA NAGANAP SA LUPANG MAY NAKABAON NA MGA BOMBA

Ni Russell Westergard

Noong Gulf War, namuno ako sa grupo ng mga sundalo sa Kuwait. Matapos naming mapasok ang mga depensa ng kalaban, sini-yasat namin ang mga pinagpupwestuhan ng kalaban sa labanan para matiyak ang aming seguridad at tingnan ang anumang mahalagang impormasyon tungkol sa kalaban.

Kapapasok ko pa lang sa nasakop na kampo nang marinig ko ang pagsigaw ng sarhentong British ng, “Tigil! Huwag kang hahakbang!” Nang sumungaw ako sa bunker, nakita kong nasa panganib ang isa sa mga sundalo ko. Lumakad siya sa isang open area para dumampot ng dokumento at nakatayo sa gitna ng malawak na lupang may nakabaon na mga bomba. Nang marinig niya ang sigaw ng sarhento, tumigil siya at natantong nasa panganib siya.

Nang magtipon kami sa gilid ng lugar na iyon, nakikita ng grupo namin na nanginginig sa takot ang batang sundalo. Kailangan naming kumilos nang mabilis pero hindi kami makapagpadala ng mga sundalo para sagipin siya nang hindi inilalagay sa panganib ang buhay nilang lahat. Kaagad at walang pag-aatubiling kinausap namin ang sundalo, pinapanatag siya, pinalakas ang loob, at binilinan siya. Nakikita namin ang pagluha niya at nadarama namin sa kanyang tinig ang takot, ngunit unti-unti siyang napanatag sa ibinigay naming pag-asa.

Ilang sandali pa nagkaroon siya ng lakas ng loob na lingunin ang pinanggalingan niya, at sinabi sa aming nakikita niya nang




Hindi namin makuha ang nabitag na sundalo, pero puwede naming palakasin ang loob niya, hikayatin siyang magpatuloy pa, at ikagalak ang kanyang tagumpay.

bahagya sa buhangin ang mga bakas ng kanyang mga paa. Dahil sa paghikayat namin, kahit atubili ay tinunton niya ang dinaanan niya. Sa dahan-dahang pagtapak sa bawat bakas ng kanyang mga paa, nakaalis siya sa lupang may nakabaon na mga bomba, at humangos na palapit sa amin matapos ang huling paghakbang. Nagsigawan sa galak ang napakaraming sundalo sa gilid nang salubungin namin siya. Ang mga luha ng takot ay napalitan ng mga ngiti at yakap.

May ilan sa atin na nakatayo sa gilid ng totoong lupang may nakabaon na mga bomba. Ngunit alam ng marami sa atin na ang mga taong espirituwal na umalis sa ligtas na lugar ay nabibitag sa mga lupang may nakabaon na mga bomba ng buhay. Tulad ng batang sundalong iyon, maaaring madama rin nila na nag-iisa sila, natatakot, at nag-aatubili. Ngunit ang sundalong iyon ay hindi kailanman nag-isa. Naroon ang kanyang mga kaibigan na nagpapalakas ng loob niya, mga kaibigang nais na makabalik siya at hindi nawalan ng pag-asa. May mga pinuno siya na gumagabay at humihikayat. Siya lang ang puwedeng kumilos para makaalis sa lugar na may nakabaon na mga bomba, ngunit nagtulung-tulong kami para palakasin ang loob niya. Sa huli ikinagalak namin ang kanyang kaligtasan nang may tunay na pagmamahal at kagalakan.

Ang espirituwal na pagsagip ay maaaring ganoon din katindi. Sumasagip man tayo bilang pamilya, kaibigan, o bilang ward o branch, may maitutulong ang mga ginagawa natin. Ang angkop na mga salita ng paghikayat at paggabay ang nakasagip marahil sa buhay ng sundalo. Gayundin, makakatulong tayo sa pagsagip sa iba mula sa panganib ng espirituwal na kadiliman sa pamamagitan ng panghihikayat at paggabay na maaaring magpabalik sa kanila sa bandang huli. Kapag ginawa natin ito, malaki ang ating magiging kagalakan—hindi lang sa buhay na ito kundi pati sa kawalanghanggan (tingnan sa D at T 18:15). ■

Si Russell Westergard ay nakatira sa Virginia, USA.



PAGLALARAWAN NI ROBERT T. BARRETT

JOHN TAYLOR

Si **John Taylor** ay mahilig **kumanta**. Habang nasa Piitan ng Carthage, hiniling ni Joseph Smith kay Elder Taylor na kantahin ang “Isang Taong Manlalakbay” (*Mga Himno*, blg. 22). Napayapa ng awiting ito ang Propeta bago siya namatay. Nasaksihan ni John Taylor ang Martir na Pagkamatay ni Joseph, at kahit nabari siya nang apat na beses, nakaligtas siya. Mayroon siyang **pocket watch** na nabasag nang maganap ang pagpaslang. Habang naglilingkod sa Simbahan, naging patnugot si Pangulong Taylor ng maraming **lathalain ng Simbahan** at inilaan niya ang **Logan Utah Temple**.



*A*ng matatalinong magulang na nagnanais na magtagumpay ang kanilang mga anak ay magtuturo ng mga alituntunin ng katatagan at pag-asa sa sarili. Ang “Pagpapalaki ng Matatatag na Anak,” sa pahina 10 ng isyung ito, ay nagtuturo na nakakayanang mabuti ng matatatag na anak ang mga hamon at pagbabago, at tinatanggap nila na maaaring mabigo muna bago magtagumpay. Ang artikulo sa pahina 20, “Pamumuhay ng mga Alituntunin ng Pag-asa sa Sarili,” ay nagtuturo na pinag-iibayo ng pag-asa sa sarili ang kakayahan natin na maging mabuting impluwensya.

